

agosto

ᠠᠭᠤᠰᠤᠲᠤ

REFEREED JOURNAL

NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN

Tomo III, 2022

ISSN 2815-1232



agosto

ᠠᠭᠣᠰᠤ

REFEREED JOURNAL

NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN

Tomo III, 2022 ISSN 2815-1232



agos
REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN

Tomo III, 2022
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

AGOS
Refereed Journal
ng Malikhaing Akdang
Pampanitikan (ISSN 2815-1232)

Tomo 3, 2022
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Libreng maaakses
at madownload
ang elektronikong
bersiyon ng Agos sa
[www.journals.upd.edu.ph /
index.php/Ag](http://www.journals.upd.edu.ph/index.php/Ag)

Inilalathala ng
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
isang beses kada taon.

JAYSON D. PETRAS
Punong Editor
Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman

WILL P. ORTIZ
ELYRAH L. SALANGA-TORRALBA
Mga Editor ng Isyu

LARRY BOY B. SABANGAN
Tagapamahalang Editor

THOMAS JOHN TENEDERO
Editor Pangwika

JORDAN T. IGNACIO
Tagadisenyo ng Aklat at Pabalat

Hindi maaaring kopyahin o sipiin, sa anumang porma o anyo, elektronikong man o limbag, nang walang opisyal at pormal na pahintulot mula sa Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman.

Ang isinuniteng mga akda para sa posibleng paglalathala sa AGOS ay dumaraan sa istrikto at dobleng proseso ng pagrerebyu.

Para sa mga tanong at/o dagdag na impormasyon, makipag-ugnayan sa:

Patnugutan at Sirkulasyon

Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan
Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas, Diliman
3/Palapag, Linangan ng Maliliit na Industriya (ISSI)
E. Jacinto St., Unibersidad ng Pilipinas,
Diliman, Lungsod Quezon

Email: agos.swf.upd@up.edu.ph
Facebook: Sentro ng Wikang Filipino- UP Diliman
Telepono: 89818500 loc. 4583

TALÂ NG EDITOR

INTRODUKSIYON

Will P. Ortiz at Elyrah L. Salanga-Torralba
Ang Paghahanap ng Tahan ng Bayan XVI

DAGLI

Bikolnon

Ronnie M. Cerico

Muda	3
Mura	6

Waray

Mark Anthony S. Salvador

Kaluluwa	11
Mabaya	13
Baka May Naiwan	15

Hera Alexan Benitez

Kalag	18
Mabaya	20
Tingali May Nahibayaan	22

TULA

Bikolnon

Nethalie Jane E. Rojas

Diane Monic T. Alberto

Grabedad	28
Grabedad	29
Arimpungatan	30
Alimpungatan	31
Kulukurtina	32
Tabing	33

Kitang Duwa, Gaespiho	34
Tayong Dalawa, Sumasalamin	35

Rod Anthony A. Robles

Tambaluslos	37
Tambaluslos	39
Tago-Ngirit	41
Tago-Ngiti	43
Tawong Lipod	45
Tawong Lipod	46

TULA

Cebuano

Delfin H. Mundala Jr.

Sila Camelo ug Miguel	49
Sina Camelo at Miguel	50
Ang Pagsulsol	51
Ang Pang-uudyok	52
Pagdawat sa Hagit	53
Pagtanggap sa Hamon	54
Agulo sa Usa ka Santilmo	55
Panaghoy ng Isang Santilmo	57

Hiligaynon

Eric Abalajon

Nagtalang	61
Ligaw	62
Daan nga Litrato	63
Lumang Litrato	64
Pagsunod sa Mga Trak	65
Pagsunod sa Mga Trak	66
Pasilongan	67
Kanlungan	69
Checkpoint	71
Checkpoint	72

Noel Galon de Leon

Welga Batok sa Demonyo	74
Welga Laban sa Halimaw	75
Ang Gintunaan sang Maragtas	76

Ang Alamat ng Kasaysayan	77
Pagleyenda sang Bata sa iya Kaugalingon	78
Pagsasaalamat ng Bata sa Sarili	79
<i>Glenn Galon</i>	
Sagup	81
Salvage	82
Hulao-Hulao	83
Hulao-Hulao	85
Beks Villanelle	87
Beks Villanelle	88
<i>Roger A. Pautan, Jr.</i>	
Pamangtí	90
Pamangtí	92
Kálong! Kálong!	96
Kálong! Kálong!	98
Lúgsad-Ságka	103
Lúgsad-Ságka	104
<i>Adrian Medina Pregonir</i>	
Mundus Senescit	106
Mundus Senescit	108
Montani Semper Liberi	110
Montani Semper Liberi	112
Miseram Pacem Vel Bello Bene Mutari	114
Miseram Pacem Vel Bello Bene Mutari	115
Pater Noster	116
Pater Noster	117
Deus Ex Machina	118
Deus Ex Machina	119

TULA

Ilokano

<i>Jobert M. Pacnis</i>	
Dila	123
Dila	125
Pana(n)graman	127
Pagtikim	129
Panagkaykaysa	131

Pagkakaisa	133
Kawes	135
Kasuotan	137

Ariel Sotelo Tabág

Rugi	140
Simula	141
Kagimongan	142
Pamayanan	143
Iti Nagan ni Apo Mugna	144
Sa Ngalan ni Apo Mugna	145
Baglan	146
Babaylan	147
Bin-i	148
Binhi	149

Roda Tajon

Balo a Babai	151
Ang Babaeng Nabálo	153
Piglat	155
Marka	156
Bigbigennak	157
Kilalanin Ako	159

TULA

Kinaray-a

Genevieve L. Asenjo

Kon sa Diin Ko Luyag	163
Kung Saan Ko Nais	164
Binalaybay Kadya nga Aga	165
Tula Ngayong Umaga	166
Binalaybay Kadya nga Aga #2	167
Tula Ngayong Umaga #2	169
Binalaybay Kadya nga Aga #3	171
Tula Ngayong Umaga #3	172

MAIKLING KUWENTO

Aklanon

Shur C. Mangilaya

Tag-Ilaya 175

Tag-Ilaya 200

Bikolnon

Ma. Cecilia de la Rosa

Manoy, Manoy 229

Manoy, Manoy 249

Cebuano

Hannah A. Leceña

Bargit-Hurot 271

Bargit-Hurot 284

SANAYSAY

Kinaray-a

Genevieve L. Asenjo

Parehas kang mga Pispis,
Kag ang Ebanghelyo kang Panahon 301

Tulad ng mga Ibon, at ang Ebanghelyo
ng Panahon 313

EKSPERIMENTAL

Marindukanon

Rex Nepomuceno

Tektonik 327

Tektonik 330

Talâ ng Editor

Isang makasaysayang pangyayaring pangwika ang pinasisinayaan sa taóng ito. Sa bisa ng Resolusyon A/74/396, opisyal na idineklara noong 2019 ng Pangkalahatang Asambleya ng mga Nagkakaisang Bansa (United Nations) ang mga taón mulang 2022 hanggang 2032 bilang Pandaigdigang Dekada ng mga Katutubong Wika. Tugon ang proklamasyon sa kritikal na sitwasyon ng mga sinasalitang wika sa daigdig, partikular ang mga katutubong wika, na ayon sa pagtataya ng UN Permanent Forum on Indigenous Issues (UNPFII), 90-95% ng mga ito ay tuluyang mawawala o lubhang manganganib pagsapit ng taóng 2100. Kung gayon, nararapat ang pagbibigay-pansin at agarang pag-aksiyon para sa pagpapanatili at pagpapasigla ng mga katutubong wika sa pamamagitan ng pagkilalang konstitusyonal at legal, ng paglalaan ng pondo para sa mga akademikong institusyong kumakalinga sa mga katutubo, at ng pagkakataong makilahok ng mga katutubo sa iba't ibang usapin at pagbubuo ng patakaran.

Ang pagpapahalaga sa mga katutubong wika ay nakasandig sa ating pagtataguyod sa wikang Filipino. Sa pagsusulong sa wikang pambansa, kasabay ring binibigyang-tuon ang ang mga lokal at rehiyonal na wika na nagpapaunlad dito. Kaya naman, sa bahagi ng Unibersidad ng Pilipinas, na naisasaad sa Patakarang Pangwika nito, naiatang na mandato sa Sentro ng Wikang Filipino ang pagsuporta “sa mga aktibidades ng mga iskolar sa Filipino at ibang wika sa Pilipinas.”

Ang kasalukuyang isyu ng Agos ay pagtugon ng SWF-UPD sa tungkulin nito sa Unibersidad at sa bansa. Sa pamamagitan ng

pagtatampok ng mga akda sa sariling wika, naipahahayag ang lokal na danas, panaginip, at lunggati, na siya namang itinutulay at ikinakawing sa dama at isip ng kapwa Pilipino gamit ang wikang pambansa. Mula rito, higit nating mauunawaan na pundasyon ang mayamang diversidad ng ating matatag na kaisahan.

Kruhay!

Jayson D. Petras, PhD

Introduksiyon

ANG PAGHAHANAP NG TAHAN NG BAYAN

Will P. Ortiz at Elyrah L. Salanga-Torralba

Dalawang libo, dalawampu't dalawa (2022) ang taon ngayon. Katatapos manalanta ng pandemya. Nakakintal pa rin sa ating isipan ang tindi ng dinaanang pighati at dahas na dulot ng virus at kawalan ng sapat na aksiyon ng pamahalaan. Nagluksa ang bayang walang masilungan. At hanggang sa kasalukuyan dama pa rin ang pinsalang dulot nito. Naghahanap pa rin tayo ng susulungan, ng sisilungan, ng nawawalang tahanan. “Tahan” ang salitang-ugat ng tahanan. Hindi ito simpleng pagtigil—ng luha, pighati, o takot, kundi paglukob ng kapayapaan.

Hindi pa tumatahan ang karamihan sa mga akdang naririto magmula sa iba't ibang pook ng Pilipinas. Nakikita sa mga maikling kuwento, sanaysay at mga tula ang pananatili ng salanta bagaman mayroong mababanaag na liwanag sa ilang mga akda. Naglulungati ng pagbabalik ng tahan.

Mga Maikling Kuwento

Narito sa mga akdang prosa ang pagtangis at pagtangi ng mga tauhan ng kani-kanilang hilahil at kawalan habang nagpapatuloy, naghahanap sa kinikilala nilang tahanan.

Sa mga dagling Waray, na may saling “Kalag (Kaluluwa),” “Mabaya,” “Tingali May Nahibayaan (Baka May Naiwan),” na isinulat nina Mark Anthony Salvador at Hera Alexan Benitez, ay pawang

nagpapakita ng pagdurusa ng kaluluwa. Nawawala ang kaluluwang nagpapanatili ng ginhawa ng katawan at isipan, hindi malaman kung saan napunta. Ang pagkawala ng sarili at siya ring nagwawasak sa indibidwal at mga relasyon. Kapansin-pansin ang tono ng pighati o *kabidoan* sa mga dagli na dulot ng pagkakaiba ng mga personalidad at dinamikong relasyon sa loob ng pamilya. Ngunit nakakonteksto ang mga pighating ito na nakabatay rin sa pang-ekonomikong kalagayan na nagpapatindi ng mga tunggalian. Minsan, walang nasusulingan ang kaluluwa, at minsan nama’y nagiging kanlungan na higit pa sa tao ang alagang hayop.

Sa dagling Bikol na “Muda” ni Ronnie M. Cerico, inilarawan ni Cerico ang dati nang imahen ng mga taong tatlong kahig isang tuka at ang gawain ng paghag-ot o pagkuha ng maninipis na hibla ng abaka. Tulad ng karaniwang Filipino, agad silang natutumba ng buhay sa pagkakasakit ng isang tao sa pamilya. Nagsisilbing talinghaga rin ang paralisadong ama ng búhay ng mga tauhang walang magawa sa kahirapang kinasadlakan.

Ang maikling kuwentong Cebuano na “Bargit-Hurot” ni Hannah Lecea ay nagpakita naman ng imahen ng dilim sa kanayunan. Tinalakay sa akda ang paghihiganting ginawa ng isang babaeng kinaliwa ng bana sa pamamagitan ng kulam. Parang imahen ng babae sa idiomang “Hell hath no fury like a woman scorned” mula sa linya ng dula ni William Congreve na *The Mourning Bride* (1697). Kinakatawan ng idiomang ito ang maikling kuwento ni Lecea ukol sa mga babaeng kung maghiganti’y walang pakundangan sa kung sino man ang masadlak sa kamatayan. Hindi nagbigay ng tiyak na katapusan ang kuwento pero sa tinatahak ng tono at banghay, malagim ang kahihinatnan nito.

Kung lagim ang maaaring kauwian ng kuwento ni Lecea dahil sa galit ng isang babae, lagim din ang kahahantungan ng kuwento ni Ma. Cecilia de la Rosa sa Bikolnong maikling kuwentong “Manoy, Manoy” dahil sa pag-iidolo ng isang batang lalaki sa kaniyang Manoy o kuya. Dinadala tayo ng kuwento sa mga karaniwang pagtingin ukol sa pagiging tunay na “lalaki”—dumaan sa ritwal ng pagtutuli, malakas sa inuman, dumaaan sa initiation, tulad ng mga fraternity, at nakapasa sa mga pagsubok o challenge na ibinigay upang matawag na ganap na “lalaki.” Subalit sa estilo ni de La Rosa, mahusay niyang binaliktad ang mga kumbensiyon ng lipunang patriyarkal upang ihayag ang tunay na kalagayan ng batang si Tikoy—nangangailangan ng kalinga at gabay ng ama, ng ina, ng kaniyang Manoy (na di nakasagot sa pangangailang ito bilang kahaliling modelo ng ama) at ng lipunang ginagalawan. Bagaman di natukoy sa akda ang dahilan ng pagpatay ng marahas ng batang karakter, sa huli, makikita pa ang pagbali sa patriyarka, nang di makaya ni Tikoy ang talim ng pagtuli sa kaniya. Kakailanganin ng gabay ng kaniyang Manoy ngunit kuwestiyon pa rin kung kaya itong gawin ng kaniyang kuya.

Tradisyonal ang Aklanong kuwentong “Tag-Ilaya” ni Shur Mangilaya ukol sa isang taga-Maynilang sawimpalad sa pag-ibig ngunit nakatagpo ng pag-ibig sa lalawigan. Bahagi pa rin ito ng tema ng dikotomiya sa pagitan ng lungsod at lalawigan. Babaeng walang katapatan kay Engineer Jules ang dating kasintahang sumama sa isang seaman. Walang pangalan ang babaeng ito. Kapansin-pansin namang Dalisay ang pangalan ng babaeng kapalit ng sawing pag-ibig na ito, siyempre, taga-lalawigan. Si Isay, palayaw ng dalagang ito na ang imahen ay tulad ng Birhen—maganda, mayumi, mapangalaga, ay taliwas na taliwas sa babaeng taga-Maynila. Matingkad ang

paggamit ng imahen ng balsa laban sa barkong sinasakyan ng seaman na karibal ni Jules noon, at walang dudang ang pipiliin ni Jules ay ang balsang kawayang sinasakyan nila ni Isay-simple at tradisyonal ngunit kayang tawirin ang ilog patungo sa pampang. Sa kuwento, makikita ang kultura ng pagkain, baile (pasayaw), at pakikitungo ng mga taong mula sa Aklan. Kapansin-pansin ang pagtatapos ng kuwento sa positibong pagkakatagpo ng tunay na pag-ibig ni Jules. Sa Aklan, nakatagpo ng tahanan ang protagonista.

Sa susunod na akdang sanaysay, mababanaag ang Liwanag sa kabila ng dinaanang bagyo ng persona, literal man o sa metalinghagang pakahulugan.

Sanaysay

Nag-iisa sa kalipunan ng mga akdang ito ang sanaysay sa Kinaray-a na “Parehas kang mga Pispis, Kag ang Ebanghelyo kang Panahon (Tulad ng mga Ibon, at ang Ebanghelyo ng Panahon),” ni Genevieve L. Asenjo. Tahimik na nagmumuni sa simula si Asenjo ukol sa mga ibon, dating karelasyon, pagkasira ng kalikasan hanggang sa karanasan ng karahasan sa bagyong Odette. Ani ng may-akda ukol sa sigwa, “Nanggigigil. Hanggang sa gabi. Parang bulldozer; may ngipin na tumutulak-tiklop.” At pagkatapos danasin ng taong-bayan ang simbuyo ng kalikasan, magbibigay lamang ang pamahalaan ng ayudang noodles at lata ng sardinas. “Maiwan ka guid karia,” sabi ng mga tao ayon sa sanaysay. Wala naman talagang magagawa, na hindi lamang sentimyento ng mga nasalanta ng bagyo kundi ng buong bayan lalo na kung iuugnay sa danas ng nakaraang pandemya. Ngunit sa huli, hindi mananatili sa kalunos-lunos na kalagayan ang pagmumuni kundi ibabalik ang pagmumuni sa imahen ng mga

ibong walang pangalan, mahirap bigyan ng identipikasyon ngunit malayang lumilipad sa nais puntahan.

Mga Tula

Bumabagtas sa halaga ng nakaraan at kasalukuyan ang ilan sa mga tema ng mga tula sa antolohiyang ito. Mayroong pangangailangang bumalik ang mga persona upang mahanap muli ang sarili sa panahon ng ligalig at kawalan ng pag-asa. Binabalot din ang mga tula ng kawalan ng pag-asa, ng mga pag-asang nakakulong, mga indibidwal na nawalan ng kapangyarihan, mga personang di makapagpasya.

Umpisan natin ang pagtingin sa mga tulang ito, sa higit na positibong tono. Sa mga tulang Hiligaynon ni Roger A. Pautan, Jr., taliwas ang mga ito sa kawalan ng lugar ng tao sa mundo kundi nagpapakita ng mga tradisyonal na kabuhayan at pagpapahalaga sa kultura at halagahan ng bayan. Sa “Pamangtí” o pagkuha ng mga lamandagat sa baybayin, “Kálong! Kálong!” o pagsara ng lambat, pawang nagpapakita na ang kasipagan ay magbibigay sa tao ng grasya, sagana ang dagat at lupa at hindi nito ipagkakait ang bunga. Tradisyonal ang mga tula na masusuma ang tema sa sinabi ng makata sa taludtod na nagsasabing magkaugnay ang kultura’t pagpapahalaga. Pinakamatingkad sa mga tula ang “Lúgsad-Ságka” sapagkat naglalaro ang tula sa parikala ng pagkakaiba. Sa lahat ng mga tulang ito, ito ang nagpapakita ng likas-yaman at pagiging mabuti ng kalikasan sa tao, naipakita ito ng musika ng tugmaan ng makata (kung sa pag-akyat ng niyog may hamtik/sa dalampasigan ay may pumipitik). Nagpapaalala ang tulang ito ni Pautan ng tradisyonal na mundo kung saan nanatili ang ginhawa.

Sa mga tulang tuluyan sa wikang Hiligaynon naman ni Adrian Medina Pregonir na may pamagat na “Damnatio Memoriae o Kung Paano Tayo Ipinapahamak ng Gusgos na Gunita,” makikita ang pagtatangka ng tao na kumawala sa mga nagpapabigat sa kaniya, gunita man ito o sa nagaganap sa kaniya sa kasalukuyan. Sa “Mundus Senescit” (tumatanda ang mundo), parikala ang matinkad sa tulang ito na nagpapakita ng kapantasan ng tauhan samantalang tila nasa edad medya ang pamamaraan. Nagpapakita lamang ng pagsusunog ng kilay na di lamang sa aklat ngunit sa pamamaraan ng paglusot at paglipol ng mga kalaban upang makamit ang hinahangad na titulo. Sa “Montani Semper Liberi” (laging malaya ang mamumundok) may pagdadalawang-isip ang persona kung aaakyat ng bundok, kung maniniwala sa kababalaghan o agham. Nagtatalo ang estruktura ng personalidad na hiniram kay Freud, sa huli, di pa rin nakapagpasya ang persona sa tula. Sa “Miseram Pacem Vel Bello Bene Mutari,” (Ang masamang kapayapaan ay mas masahol pa sa digmaan; mula sa *Annales*, III, 44 ni Tacitus, Romanong historyador at politiko), walang kapayapaang nadama sa loob ng sarili ang kausap ng persona na naghiganti at nakidigma ngunit nauwi lamang sa kadiliman ang lahat. Sa “Pater Noster” (Ama Namin), walang bisa ang anumang panalangin. Sa “Deus Ex Machina,” nag-iba ang hugis ng diyos, nasa loob siya ng “makinang walang loob” at kinapos na ng mga milagrong maibibigay sa tao.

“Sagup” o “Salvage” ang unang tula ni Glenn Galon na nasa Hiligaynon. Ipinakita sa tula ang isang misteryosong tauhang dumadalaw sa mga puntod sa gabing madilim. Sinasagup ng tauhang ito ang mga orkidyang inalay sa mga patay. Dadalhin niya ang mga sinagup sa sariling kanlungan. Naglalaro ang tulang ito sa kahulugan

ng “salvage” sa ating bayan na di sumasagup kundi sumisila ng buhay ng walang kapangyarihan. Mapaglaro rin ang ritmo sa tulang “Hulao-Hulao” o solitaryong islang binubuo ng mga patay na korales na matatagpuan sa Negros Occidental. Tulad ng naunang tula, mapaglaro man ang imahen ng araw at dagat, matingkad ang paglalarawan ng lumulubog na araw at nagpapalitaw ng pulong may patay na korales. Naiba sa koleksiyong ito ang “Beks Villanelle” na may nakatutuwang tono ngunit may seryosong mensahe—ang pagiging bakla ay hindi sakit. Hindi ito dapat pag-aralan sa ilalim ng patolohiya upang sagipin sa sakit na nakahahawa ang isang bakla. Matapang ang huling linya—“Hindi n’yo kami mapupuksa.” Ang “n’yo” ay tumutukoy sa panghahamon sa kapangyarihan ng patriarkiya.

Matatapang ang mga bata sa tulang Hiligaynon na “Welga batok sa demonyo/ Welga laban sa halimaw” ni Noel Galon de Leon. Isa itong tulang tuluyang mala-kuwentong ada o fairy tale kung saan ang bata ang bida. Wala silang kasamang mga matatanda, sila ang nagpasyang hamunin ang gusali ng halimaw na nagpapanggap na busilak. Ganito rin ang tinuturo ng tuluyang “Ang Gintunaan sang Maragtas/ Ang Alamat ng Kasaysayan,” bata ang bida sa paghahanap ng libro ng kasaysayan. Siyempre pa, kaugnay pa rin nito ang tulang “Pagleyenda sang Bata sa Iya Kaugalingon/ Pagsasaalamat ng Bata sa Sarili,” sa alamat-tulang ito, nawalan ng kapangyarihan ang mga bata dahil sa pagiging utusan nila upang isakatuparan ang maling patakaran ng naghahari-harian. Dahil sila’y mga tauhan sa alamat, mayroon silang pagpapasyang tila matanda ngunit nananatili ang katangian ng bata dahil sa pagiging *resilient* o may kakayahang bumangon sa kinasadlakang kasamaan o kamatayan. Sa huli, ayon

sa mga maalamat na bata, “wala tayong kamatayan.”

Development Aggression ang tinatalakay ng mga tulang Hiligaynon ni Abalajon. Sa “Ligaw,” simbolo ang kalabaw ng tradisyonal na buhay. Parikala sa tula na ang kalabaw pa ang binibintangang maaaring makasira ng ari-arian. Sa “Lumang Litrato,” tila may nostalgia sa nakaraan na kinubkob naman ng turismo ng kasalukuyan. Sa tulang “Pagsunod sa Mga Trak,” nag-aalala ang persona hindi sa maaaring pagkasagasa sa kaniya ng trak kundi sa kung anumang hinukay at kinuha ng trak mula sa kanilang bayan para sa pag-unlad ng iba. Sa huling tulang “Kanlungan,” ipinakita ang pagbibistay ng mga bahayan upang magbigay-daan sa “kaunlaran” at tahimik na nagmamasid ang persona sa mga batang papunta sa ilog ng mga bakawan. Ngunit ano nga ba ang idinulot ng pag-unlad at teknolohiya, nakabuti kaya o hindi sa mga karaniwang mamamayan?

May impluwensiya ng kuwentong-bayan ang mga tula ni Delfin Mundala. May naratibo sa mga tula na may mga parehong karakter na sina Camelo at Miguel. Sa koleksiyong “Santilmo sa Pantalan” ni Mundala, nagsasanib ang pamahiin at paniniwala at ang banta ng karahasan. Sa “Sina Camelo at Miguel,” mahinahon ang kristal na tubig ngunit sa huli’y “sinaksak ng sagwan ni Camelo ang malinaw na dagat.” Sa “Ang Pag-uudyok,” napilitan si Camelo at pumayag na maghintay sa darating na santelmo. Sa “Pagtanggap sa Hamon,” narinig nila ang tinig na mahiwaga ng santelmo at sa “Panaghoy ng Santilmo,” nawala ang mga bata at lumayo. Sa mga tula, may mga nawawala na di na nakita ngunit di nareresolba ang dahilan ng pagkawala. Nananaig ang takot. Ngunit ayon nga sa persona ng tula, ang katapangan, marahil “ay hindi pa ngayon.”

Kababaihang nakaranas ng karahasan ang tema ng mga tula ni Roda Tajon na orihinal na nasa Ilokano. Sa mga tulang “Ang Babaeng Nabalo,” at “Marka,” makikita ang motif na puno ng mga kasangkapang nililinis ng “mabubuting babae, mabubuting ina”—baso, pinggan, at maging lababo. Hindi lunan ng kapayapaan ang tahanan kundi lunan ng karahasan, dulot man ito ng pambubugbog ng asawa o ng pagturing na lamang sa ina bilang katulong sa bahay (“pangangatulong sa sariling tahanan”). Sa unang tula, nakabangon ang persona sa pagkalugmok ngunit sa ikalawang tula, hindi man nakaranas ng pisikal na karahasan ng asawa, nabaon na sa dahas ng kawalan ng kalinga ng pamilya ang persona. Itinuring niyang nawawala ang kaniyang pagkatao—“pagkatao kong inaagos/Sa nilulumot naming lababo.” Sa huling tulang “Kilalanin Ako,” matapang ang tinig ng persona na nasa unang panauhan. Isang dapo o orkidya ang persona na wari’y dapat lamang hangaan sa kaniyang ganda, di dapat salingin o kitlin dahil may banta sa huli sa sinumang magtatangka—“ang búlo kong nakalalason.”

Pagbabalik sa simula ang mga tulang Ilokano ni “Rugi Ken Dadduma Pay a Daniw” ni Ariel Sotelo Tabág. Mula sa “Rugi” (Simula) hanggang “Bin-i” (Binhi), inilalarawan ng mga taludtod ang búhay bago ang pananakop ng mga dayuhan. Sa “Simula,” kausap ng persona ang manlalakbay tungo sa inmortalidad na nakikiisa tungo sa pagbuo ng tahanan. Sa “Pamayanan,” walang pagbubuklod o paghihiwalay sa pagitan ng kalikasan at tao, sa pagitan ng biyaya ng diyos at ng tao, at idiniriin na wala ring pagitan ang buháy sa namayapa. Ipinakilala ang Manlilikhang si Apo Mugna sa tulang “Sa Ngalan ni Apo Mugna,” magkaroon man ng bambanig o maligno, naroon ang tiwala sa tungkulin ng tao na mangalaga sa kalikasan at

maging sa tungkulin ni Apo na magbigay ng biyaya. Ipinakilala rin ang karunungan, katuwiran at pakikipagkapwa sa tulong “Babaylan.” Sa huling tula, masasagot ang tanong kung bakit ibinabalik ang kahalagahan ng babaylan, ng paniniwala sa lumikha, dahil ayon sa taludtod ng “Binhi,”—“Nagkakasya kami sa sapat Kailangan bang malustay/ Ang panahon sa paglikha ng armas para sa aming espasyo?” Mahalaga ang pagbabalik sa simula upang magkaroon ng halaga ang kultura’t pinagmulan.

Mga daniw o tulang Ilokano ang inakda ni Jobert M. Pacnis, Tila tradisyonal ang tulang “Dila” sa umpisa, na nagpapahalaga sa simpleng lasa ng gulay at di na maghahanap ng iba. Sa huli, babawiin ito ng persona at maghahanap ng “kinaiinggitang lasa” sa “malaking bahay na bato” na siyang nagkakait sa kaniya ng lasang ito. Mula sa “banga ng bayan,” isusulong ng tulang “Pagtikim” ang usapin din ng “development aggression”— ang danas ng mga “niraspang ilog,” mga “nagdidiyasporang” ginto at mga politikong pangako ng dalawampung pisong kada kilo ng bigas na tunay namang napako. Itutuloy ng tulang “Pagkakaisa,” ang diin sa tema ng mga taong nagnakaw sa bigasan ng bayan kaya walang magagawa ang mga ibon, isda, gamugamo naghahanap ng ikabubuhay. Dadalhin ng tulang “Kasuotan” ang mambabasa sa iba’t ibang damit na isinusuot ng iba’t ibang tao na nagtata kang pagtakpan ang mga karahasan at kadiliman ngunit sa huli, ang payo ng tula ay ito: “Kailangan ng pagtanggap sa lumang kasuotan/Kailangan ang pagbabalik sa kahubdan.”

Samantala, may kani-kaniyang sandali ang mga tulang isinulat sa wikang Kinaray-a at Bikol. Papa’no nga ba natin inilalarawan ang sarili sa ating mga sandali? Narito ang iba’t ibang paghuli sa sandali sa pagitan ng bawat salita, pagtigil, at hininga.

Iisa lamang ang makata para sa Kinaray-a sa kalipunang ito. Nagpang-abot ang pangungulila't paglisan ng persona sa tulang "Kon sa Diin ko Luyag" sa koleksiyon ni Genevieve L. Asenjo na "Kon sa Diin Ko Luyag kag mga Binalaybay kang Aga (Kung Saan Ko Nais at mga Tula ng Umaga)." Ang kamatayan ay pinagluluksa sa gunita ng nakaraan at lunan sa iisang saglit. Sapagkat "wara't rulubngan dyang pagtangis (walang hukay itong pagluluksa)," walang pirming pagtanda sa naiwan at sa buhay bago ang pandemya. Naroon lamang ang mga labi ng kasalukuyan: nananahan "sa mga la'yong nga sanga, sa nagadurunot nga mga dahoon" (mga tuyong tangkay, ang mga nalalagas na dahon). Sa kaniyang mga "Binalaybay Kadya nga Aga" (Tula Ngayong Umaga), ang persona'y mayroong mga sariling sandali ng kaniyang pagninilay. Mayroong katahimikan ang tono ng mga tula. Hinihikayat ang mambabasang samahan ang persona sa kaniyang pagmamasid at hanapan ng lugod ang mga simpleng "butang nga rugya pa" (bagay na naririto pa). Mga tula ito ng kairalan. Sa unang basa'y iisipin mga tula ito ng pag-iisa, mga meditasyon lamang tungkol sa kabuluhan ng pandemya. Ngunit mauulinigan rin ang pagpapahalaga sa kapwa, ang pagkamangha sa karaniwan at nariyan tulad ng "tun-og kadya nga aga" (hamog ngayong umaga) at sa "akon kaugalingon" (sariling boses), at matutuhang magpasalamat na buhay ang lahat, ligtas, at payapa. Nagtapos ang koleksiyon sa pagdamay ng persona sa kaniyang mambabasa sa anyo ng pangungumusta. "Kumusta ang imong pagpahimuyong kadyang pandemya?" (Kumusta ang iyong pananatili ngayong pandemya?). Sa huli, naroon ang isang pangako: rugya lang ako para mamati (narito lang ako para makinig). Isang bukas na paanyaya na saluhan ang persona sa hinahon ng kaniyang sandali.

Sa koleksiyon ni Rod Anthony Robles ng mga tulang Bikol, ipinakilala niya sa kaniyang mambabasa ang katutubong paniniwala sa ibang nilalang. Makikita sa kaniyang *Tambaluslos at Iba Pang Mga Tula*, ang tambaluslos, tago-ngirit, at tawong lipod na nakikipamuhay sa mga tao. Ngunit, naroon ang babala sa mga tula na ang tao’y di nag-iisa, na palagiang mayroong nakabantay; nagmamasid sa bawat ikinikilos, nag-aabang lamang ng oportunidad na sila’y maaaring magsamantala. Ginamit ni Robles bilang alusyon sa pang-aabuso sa karapatang pantao ang mga nilalang na ito. Nagpakita ng mga sandaling binabalot ng pag-aalinlangan at pangamba ang mga tao dahil sa mga nilalang. Sa kaniyang tulang “Tambaluslos” halimbawa, inilarawan niya ang tambaluslos bilang isang halimaw na may malaking bibig at lawlaw ang ari. Sa gabi, habang ang tao’y nahihimbing, nananaginip, sasalakay ang tambaluslos at “manghahabon nin natatadang mga hinangos” (magnanakaw ng natitirang mga paghinga). Umaalingangaw sa tula ang desperasyon: ang pagdaing ng mga parahagot (mga magsasaka ng abaka) na naghihingalo na sa gutom at hirap sa kabila ng pagkitil ng tambaluslos at pasanin sa lupa. Makikita sa mga tula ang pagsasalikop ng dalawang naratibo: ang naratibo ng supernatural at ng realidad. Sila ang mga nilalang na hindi nakikita ngunit malay ang tao sa kanilang presensiya. Iniiwasan sapagkat sila’y nagdadala ng panganib at pinsala. Sa kabila ng supernatural na tema, nag-iawan ng palaisipan ang mga tula ni Robles. Sino ang higit na dapat katakutan? Ang mga nilalang sa kanilang likas na katangian o ang mga taong nagpapanggap na mabuti’t may malasakit sa kanilang kapwa? Sa huli, naroon ang pagtatanto ng pagmamalabis na makikita sa kaniyang tulang “Tawong Lipod”:

*Siring sa mga istorya,
an mga tawong lipod nagsusulot palan
nin gubing nin tawo.
(Gaya sa mga kuwento,
ang mga tawong lipod ay nagsusuot pala
ng damit ng tao.)*

Nasa wikang Bikol rin ang koleksiyon nina Nethalie Jane E. Rojas at Diane Monic T Alberto. Nasa sandali ng ligalig ang mga tula nina Rojas at Alberto. Tila naghihintay sa musa ng pagkatha ang persona sa mga tulang “Arimpungatan” (Alimpungatan) at “Kulukurtina” (Tabing). Naipapamalas sa dalawang tulang ito ang bigat ng tungkuling kumatha tungkol sa buhay sa panahong itinuturing na “Semana Santa” ng persona sa “Arimpungatan.” Nabubuhay sa “kalbaryo urualdaw” (kalbaryo araw-araw) ang persona na kung maaari lamang ay pipiliing huwag magising sa mga susunod na buwan at taon. Subalit, nanatiling gising at pipilitin ang sariling manatiling gising, upang maging saksi at tagapagsalaysay sa katiwalian ng mga “minahade-hadean na dae batid mag-ako ning kasal-an” (mga naghahari-harian na hindi marunong umako ng kasalanan). Delikadong magtulog-tulugan sa panahon ngayon ng ligalig. Hinihingi sa persona ang maging mapagmatyag. Hindi karaniwan ang mabuhay sa panahon ngayon. Mayroong kalbaryong kailangang pagdaanan, lampasan. Inaako ng persona ang tungkuling maging mulat habang tangan-tangan niya ang alam niyang mahalaga sa sandali ng kaniyang pagkaligalig: ang kaniyang alaala at katotohanan. Sa kabilang banda, makikita

sa mga tulang “Kulukurtina” at “Kitang Duwa, Gaespiho” (Tayong Dalaw, Sumasalamin) ang paghahanap sa wala at kulang. Gamit ang talinghaga ng pagsipat, hinahanap sa kawalan ang kabuluhan ng hindi karaniwang natatatanaw ng lohika’t pakiramdam sa pagtunton man ito sa lalim at bisa ng tula o sa kaluguran ng pagiging buo at iisa tulad ng pinagdikit-dikit na “magkapirang parte na purusa” (pirapirasong parte ng basag na salamin).

Nag-iisang eksperimental na tula (?) o kuwentong (?) may kasamang guhit na mala-komiks ang “Tektonik.” Sa akdang, tila nawawala ang tao sa lugar. Nawawalan ng lugar ang tao. Pinagmumunian nito ang usapin ng pook o lunan, kasabay ng oras at wika. Pinaglalaruan din nito ang syntax sa mga unang linya pa lamang ng akda: “dahil tayo’y/ tinatrato/ ang wika.” Iniba nito ang karaniwang estruktura ng wika upang maidiin ang “tayo” bilang mahalagang salik o aktor na siyang aktibong gumagamit ng wika at espasyo. Idiniriin ng akda ang halaga maging ng panahong kasalukuyan kaysa sa “sa isang nakakandadong/ yugto,” upang malinaw na makita ang “ngayon.”

Karamihan sa mga maikling kuwento, sanaysay at tulang naririto ay hindi pa tumatahan.

Pawang imahen ng karalitaan, nawawala ang kaluluwa, nawawala ang ginhawa. Naririto ang presensiyang negatibo dahil nawawala ang positibo. Naririto ang pighati dahil nawawala sa kaibuturan ang ligaya. Naisusulat ang mga malikhaing akda ukol sa iba’t ibang pagdurusang dahil naglulunggati tayo ng isang lipunang lukob ng kapayapaan. Nawa’y hindi magsilbing salamin ang panitikan, nawa’y magsilbing mapa ang mga ito upang mahanap natin ang daan tungo sa tahanan ng bayan.



Bikolnon

Dagli

RONNIE M. CERICO

Si Ronnie M. Cerico ay tubong Maygnaway, San Andres, Catanduanes. Kasapi ng Bilog Writers' Circle, samahan ng mga manunulat sa Catanduanes. Naging fellow siya ng 9th Saringsing

Bikol Writers Workshop noong 2019 at Palihang Rogelio Sicat 14 noong 2021. Naitampok na rin ang ilan niyang akda sa *Liwayway Magazine*; *Habi* (Zine 2) ng Titik Poetry; *Katastropiya* (7 Eyes Productions, OPC); *Dulang: Dyornal Ning Pagsurat Catandunganon*; *Ani 41*, the Official Literary Journal of the Cultural Center of the Philippines (CCP); *Agos Journal* ng Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman; *Entrada 7* ng Sentro para sa Malikhaing Pagsulat – PUP; at Institute for Occupational Health and Safety Development (IOHSAD).

MUDA

“Buri ni iting buhay ini!” Pirming napapamuda na sana si Nay Agnes sa lambang makaputan niya ang kabatulan nin naipabakal niyang bandala. Sa sunod-sunod na pagsipa nin kantidad nin mga barakalon por dahil sa pandemya, yasakit siyang pagkasyahon an inipusang kwarta. Na maski magdamlag an saiyang paghag-ot¹, dai talaga ini matapod sa saindang pamilya.

Mahigos na parahag-ot² si Nay Agnes. Pasulnop na an aldaw kun siya umuli. Ngudi, talagang kulang an saiyang inipusan, lalo na kun igwa pang maraot na panahon sa saindang isla. Yasakit siyang makapadugang nin bandala. Sa arog kaining panahon, pirmi siyang napapamuda por dahil sa mamula-mulang bandala. Asin man an halaba nindang listahan sa yabagsakan nin saindang bandala.

Dati, magkatabang sinda kan agom niyang si Pay Ampa sa paghag-ot. Magdamlag an saindang paghag-ot tanganing masuportahan an pag-adal sa kolehiyo nin saindang solong aki sa

¹ paghag-ot – tawag sa hanapbuhay sa pagkuha ng maninipis na hibla ng abaka

² parahag-ot – abaca stripper

banwa. Abot-talinga an saindang ngirit por dahil sa kadinakol na bandala³ an nakasablay sa mga butong na sablayan.

Ugaring, biglang bumingsak an ginhawa ni Pay Ampa por dahil sa magdamlag na paghag-ot. Nabalda. Kaya, solong binug-ong ni Nay Agnes an gabat asin digta nin paghag-ot. Solo niyang hinawanan an saindang abakanhan. Hanggang sa halos mabakante na an saindang mga butong na sablayan.

Nabugkos man si Nay Agnes sa wala-tuong pautangan na garong mga tubo na nagbutwaan sa saindang isla.

Pirming minasagi sa saiyang isip na kun dai nabalda an agom, baad malinas-linas na an kamugtakan nin saindang buhay. Asin man an saindang harong na pinatalibong nin nakaaging bagyo.

Asin ngunyan, bug-ong ni Nay Agnes an mamula-mulang bandala. Halos magtutulong semana bago kaya ini nadugang. Epekto nin pirming uyag na kamada nin panahon. Magabat asin grabeng ingat an saiyang paglakbang. Grabeng ingat na dai siya madarusay, asin dai masabod ang bug-ong na bandala.

Ligtas siyang nakalugdog nin hag-otan. Grabe an saiyang paning-ot asin yahingal. Yasuysoy nin saiyang mga bitis an sarong bagsakan na balitang malinas-linas an presyohan. Kan maipisar asin makua an bayad, diretso siya buminkal nin saindang konsumo. Nagdesisyon naman siyang umuli tulos tanganing makapahingalo.

Kan gapauli, naagihan niya ang harong nin dati nindang yabagsakan nin bandala. Kaya nang makipuntukan nin hiling sa makukusog na bagyo an harong kaini. Igwa naman ining pagsadiring trak na nagdadara nin mga bandala pasiring sa banwa. Bigla niyang

3 bandala – maninipis na hibla o himaymay ng mga abaka na ginagawang sinulid, tela atbp.

nagirumduman an saindang harong na magkapirang beses nang pinatuwad nin mga nag-aging bagyo. Asin an itsura nin saiyang baldadong agom na pirmi niyang pinapakihuron sa mga kataid kun siya asa hag-otan. Asin man an saindang aking nag-aadal sa banwa.

Garo mga sabot nin abakang naputol an saiyang mga isipon kan namangnuhan niya ang magkapirang kolektor sa saindang trangkahan. Bigla an paglanit nin saiyang abaga dara kan magabat niyang pangarga kabag-o. Mapapamusurot si Nay Agnes asin biglang mapapamuda.

MURA

“Buri ni iting buhay ini!” Madalas na napapamura na lang si Nay Agnes sa tuwing napapasakamay niya ang kaniyang napagbentahan ng bandala. Sa sunod-sunod na pagsipa ng presyo ng mga bilihin dahil sa pandemya, hirap siyang pagkasyahin ang kaniyang kita na kahit buong araw ang kaniyang paghag-ot, di talaga sasapat sa kanilang mag-anak.

Masipag na parahag-ot si Nay Agnes. Halos palubog na ang arawkungsiya’yumuwi. Ngunit talagang kulang ang kaniyang kinikita, lalo na kung masama ang panahon sa kanilang isla. Hirap siyang makapagpatuyo ng bandala. Kapag ganitong panahon, madalas ang kaniyang pagmumura dahil sa mamula-mulang bandala. Gayundin ang mahaba nilang listahan sa bagsakan ng kanilang bandala.

Datirati’y magkatuwang sila ng asawang si Pay Ampa sa paghag-ot. Magdamagan ang kanilang paghag-ot para matustusan ang huling taon sa pagkokolehiyo ng kanilang nag-iisang anak sa banwa. Abot-tainga ang kanilang ngiti dahil sa maraming bandalang nakasampay sa mga sampayang kawayan.

Subalit, biglang bumigay ang katawan ni Pay Ampa dahil sa magdamagang paghag-ot. Naparalisa. Kaya’t mag-isang pinasan ni Nay Agnes ang bigat at dagta ng paghag-ot. Mag-isa niyang hinawan

ang kanilang abakahan. Hanggang sa halos nabakante ang kanilang mga sampayang kawayan.

Natali rin si Nay Agnes sa kaliwa't kanang mga pautangang tila mga kabuteng nagsulputan sa kanilang isla.

Madalas na sumagi sa kaniyang isip na kung di lamang naparalisa ang kaniyang asawa, marahil, maayos-ayos na sana ang buhay nila. Maging ang bahay nilang pinagulong nang nagdaang bagyo.

At ngayon, pasan-pasan ni Nay Agnes ang mamula-mulang bandala. Halos magtatatlong linggo kasi bago ito natuyo. Epekto nang madalas na sirang kamada ng panahon. Mabigat at buong ingat ang kaniyang paghakbang. Buong ingat na hindi madulas at matapon ang pangargang bandala.

Ligtas siyang nakababa ng hag-otan.⁴ Tagaktak ang pawis at hingal na hingal. Tinatahak ng kaniyang mga paa ang isang bagsakan na balitang maganda-ganda ang presyohan. Nang maipatimbang at makuha ang bayad, agad siyang bumili ng kanilang konsumo. Nagpasya na ring umuwi agad para makapagpahinga.

Habang pauwi, nadaanan niya ang bahay ng dati nilang binabagsakan ng bandala. Kaya nang makipagtitigan sa malalakas na bagyo ang bahay nito. May sarili na ring *service* na trak na nagdadala ng mga bandala patungong banwa. Bigla niyang naalala ang bahay nilang makailang beses nang pinadapa ng mga bagyo. Maging ang imahen ng paralisadong asawa na madalas niyang ipakisuyo sa mga kapitbahay habang siya'y nasa hag-otan. At ang nag-aaral nilang anak sa banwa.

⁴*hag-otan* – taniman ng mga abaka kung saan ginagawa ang iba't ibang proseso sa pagkuha ng mga hibla ng abaka.

Tila mga hibla ng abakang naputol ang kaniyang alalahanin nang mapansin niya ang ilang kolektor sa kanilang tarangkahan. Kumirot bigla ang kaniyang balikat dala ng mabigat niyang pangarga kanina. Nangiwi si Nay Agnes at biglang napamura.

Waray

Dagli

MARK ANTHONY S. SALVADOR

Nagtapos ng Masterado sa Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, kasalukuyang kumukuha ng Doktorado sa Pilosopiya sa Panitikan ng Pilipinas sa nasabing pamantasan si **Mark Anthony S. Salvador**. Mababasa ang kaniyang mga akda sa *Kawing*, *Rappler*, *Tomas*, *Dx Machina: Philippine Literature in the Time of COVID-19 1*, *Likhaan*, *Entrada*, *Reflective Practitioner*, *Pylon*, *Bookwatch*, *Liwayway*, at *Luntian Journal*. Nagtamo siya ng unang gantimpala sa kategoriyang sanaysay sa Saranggola Blog Awards 2022. Kasalukuyan siyang assistant professorial lecturer 3 sa Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle – Maynila. Kasapi siya ng Alliance of Concerned Teachers – Private Schools. Mahilig siyang magkape, maglakad, manood ng mga anime, at mangarap.

PAGIGING BUO: MGA DAGLI
ni Mark Anthony S. Salvador

KALULUWA

Taong 2010 nang mabasa ni Robi ang *House of Memory* ni Resil Mojares, at pinakatumatak sa kaniya ang mga sinasabi ng aklat hinggil sa kaluluwa. Sa “What Healing Means,” sabi ni Mojares, may paniniwala raw ang mga Pilipino na sa pagtulog ay umaalis ang kaluluwa, at naglalagalag. Kaya banayad lang daw dapat ang paggising sa natutulog, para payapang makabalik ang kaluluwa. Ang taong may mahinang kaluluwa ay magiging mahina laban sa mga sakit. Sa “A Surplus Soul” naman, sinasabing may paniniwala ang mga Bagobo at iba pang pangkat-etnolingguwistiko na dalawa ang kaluluwa ng tao. Ang kaliwang kaluluwa ay umaalis sa katawan, naglalagalag, at ang mga karanasan nito sa paglalagalag ang magiging panaginip ng tao. Ang kanang kaluluwa ang karamay ng katawan. Hindi nito iniwan ang katawan. Ito ang nagiging anino ng tao.

Hindi lang tumatak kay Robi ang mga sinasabi ng aklat hinggil sa kaluluwa, nagbukas pa ito sa kaniya ng ibang mundo. Nahilig siya sa pagbabasa ng mga aklat at panonood ng mga pelikula hinggil sa kaluluwa.

Nakilala niya noong 2012 si Shiela. Nang maging sila noong 2013, ipinabasa niya rito ang aklat ni Mojares. Ngunit ni hindi nito napangalahati ang libro. Taong 2014, napagpasyahan nilang magsama sa apartment na inuupahan niya sa Quezon Avenue.

Call center agent si Shiela, at teller naman ng bangko si Robi. Tuwing aalis si Robi, ginigising niya ang nobya. Banayad na paggising, para payapang makabalik ang kaluluwa nito. Saka siya magpapaalam na papasok na siya sa trabaho, at mag-iiwan ng halik sa pisngi ng nobya.

Tatlong taon na ngayon, pero hindi pa rin malinaw kay Robi kung papaanong tumamlay ang kanilang relasyon, kung papaanong dumalas ang mga pag-alis na hindi na nila ginigising ang natutulog na kapareha para magpaalam, hanggang isang umaga ay ginising na lang siya ni Shiela, at magsabi itong gusto na niyang makipaghiwalay. Nakagayak na ang mga gamit nito.

Kagabi, napanaginipan niya ulit ang dating nobya. Mabigat ang dibdib niya nang bumangon siya. Natanong niya ulit ang sarili—Saan ba siya nangungulila, sa tao o sa relasyon?

Tatlong taon na. Pero parang hindi pa rin nakakauwi ang kaniyang kaluluwa.

MABAYA

Pagkatulak ni Aki sa pinto ng kaniyang kuwarto, naglululukso na si Mabaya, sumasayaw ang buntot. Niyakap niya ang alaga. Muli, para niyang isinusumbong sa aso ang sanhi ng bigat ng kaniyang loob.

Nasa ikalawang taon na sa BS Accountancy sa UST si Aki. Iginagapang niya ang bawat araw sa programang ipinilit lang sa kaniya ng mga magulang niya. Fine Arts ang gusto niyang kunin, pero ayaw naman ng mga magulang niya. Bukod daw sa magastos sa mga materyales—sa brush, pintura, canvas at iba pa—wala rin daw maayos na kapupuntahan.

“Gamitin mo nga ‘yang isip mo,” sabi ng daddy niya habang dinuduro siya sa noo. “May pera ba d’yan?”

Katatapos lang ng unang semestre niya nang mapagpasyahan niyang kausapin ang mga magulang niya matapos ang isang linggo pag-iipon ng lakas ng loob.

“Magsi-shift po sana ako sa Fine Arts,” sabi niya. “Nakakaisang sem pa lang naman po ako. Habang maaga pa. Para di sayang.”

Nanlaki ang mga mata ng daddy at mommy niya.

“Sige, sige,” mataas ang tono ng boses ng daddy niya. “Pero wag ka nang uuwi rito.”

Nakakaisang taon na siya sa BS Accountancy nang regaluhan siya ng pomeranian ng kaniyang tita. Sa pagtataka niya, pumayag ang mga magulang niya nang kausapin ng tita niya na aalagaan niya ang tuta.

Maghapong inisip ni Aki ang ipapangalan niya sa tuta. Babae ito, puting-puting gaya ng mga bulaklak ng sampagita. Hanggang mapagpasyahan niyang pangalanan itong Mabaya, paborito niyang kulay, salitang Ivatan para sa “pula.” Nadaanan lang niya minsan sa Facebook ang salita, at tinandaan niya. *Mabaya*.

Isang taon na ngayon si Mabaya, ang tanging nilalang na nakakakita sa mga guhit ni Aki—guhit ng dapithapon, bukanliwayway, punong kabalyero, santan at laksang iba pa na ang pangunahing kulay ay matingskad na pula.

BAKA MAY NAIWAN

“Kay bilis ng oras. Pagabi na pala,” parinig ng biyenan niyang lalaki.

Isang buwan at kalahati na mula nang umalis si Clara, kasama ang dalawang bata. Bago umalis ang asawa, humigit-kumulang tatlong buwan silang nag-aaway. Sa tantiya ni Mike, walang linggo na hindi sila nagkakasigawan, na hindi sila magkahiwalay ng tinutulugan—sa kama si Clara, siya sa sofa sa sala—na hindi padabog na isinasara ang pinto, at na hindi siya makatulog dahil parang nabibiyak ang kaniyang dibdib.

Nitong nakaraang mga taon, mas naunawaan niya ang malaking papel ng kalagayang panlipunan sa relasyon ng mag-asawa. Regular na empleyado sa pabrika ng papel si Mike. Ngunit dahil kapus na kapos ang kaniyang kinikita, kumukuha siya ng overtime. Kung isang buwang may overtime, isang buwan din siyang mag-overtime. Pero dahil kulang pa rin ang kinikita niya dahil sa baba ng kanilang sahod at sa taas ng presyo ng bilihan, nakakapagbitiw ng masakit na salita si Clara, na nauunawaan naman niyang bunga lang ng pagod nito sa mga trabaho sa bahay, at sa konsumisyon sa pagbabadyet sa kakarampot na pera. At dahil pagod na pagod sa

trabaho, sinasalubong din ni Mike ng init ng ulo ang init ng ulo ng asawa. Apoy sa apoy.

“Tangna, bakit di ikaw ang magtrabaho? Nasa bahay ka lang naman!” Ang linyang iyon ang hangin na nagtulak sa pinto sa pinakamalakas na dabog, at naghatid sa kaniyang mag-iina sa bahay ng kaniyang biyenang.

Mula nang magnobyong pa lang sila, ugali na ni Mike na lingunin ang lugar na kanilang inupuan. “Baka may naiwan,” sasabihin niya. Minsan, makikita niyang nasa upuan sa fastfood ang panyo ni Clara. Minsan, ang dalang laruang kotse ng panganay nila.

Noong nakaraang mga pag-alis ng asawa, sumasama agad ito sa pagsundo niya. Ngayon ang pangatlong pagsundo niya sa asawa. Hindi ito sumama sa unang dalawang sundo.

“Pagabi na,” sabi ni Clara. “Umuwi ka na.”

Nang nasa labas na si Mike, habang karga ang bunso at akay naman ang panganay, nilingon niya ang bahay ng biyenang. Nakatayo ang dalawang matanda, ngunit wala si Clara. Nahiling niyang sana ay naiwan lang niya iyon. Pero hindi niya makita—ang posibilidad na magkaayos pa sila.

HERA ALEXAN BENITEZ

Labinglimang taon nang edukador si Hera Alexan Benitez. Siya ay mountaineer, bibliophile, at may interes sa sining tulad ng musika, biswal, at potograpiya. Itinuturing niya ang kaniyang sarili bilang jack of all trades. Kasalukuyan siyang guro sa University of Santo Tomas–Senior High School. Nagtapos siya ng batsilyer na digri sa pagtuturo ng wika at panitikan sa University of Eastern Philippines at ginawaran ng cum laude at best thesis sa nasabing pamantasan. Kasalukuyan siyang kumukuha ng Doktorado sa Pilosopiya sa Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman. Ang kaniyang mga interes sa pananaliksik ay cultural studies, prekolonyal na panitikan sa Pilipinas, pagsasaling pampanitikan, kulturang popular, araling pangkasarian, at sosyolingguwistika.

PAGIGIN BUG-OS: MANGA DAGLI
ni Mark Anthony S. Salvador
salin sa Ninorte-Samarnon ni Hera Alexan Benitez

KALAG

Tuig 2010 san mabasa ni Robi an *House of Memory* ni Resil Mojares, an nahitanom sa kaniya huna-huna an ginsusugad hiunong san mga kalag. Sa “What Healing Means,” sugad ni Mojares, may pagtuo na an manga Pilipino na sa pagkaturog nabulag an kalag, ngan naglalalag. Sanglit hinay la an pagpukaw sa nakaturog, para mahimtang an pagbalik san kalag. An tawo na may maluya na kalag, magigin maluya kontra san sakit. Sa “A Surplus Soul” man, may ginsusugad nga may pagtuo an manga Bagobo ngan iba pa na grupo-etnolingwistiko na duwa an kalag san tawo. An wa-la na kalag nabulag sa lawas, naglalalag, ngan an manga gin-aagian sa paglalalag an nagigin inop san tawo. An tuo nga kalag mao an kaupod sa lawas. Diri sini ginbabayaan an lawas. Ini an nagigin dagaw san tawo.

Diri la naitanom sa huna-huna ni Robi an ginsusugad sa libro, nag-abre pa ini sa kaniya san panibag-o na kalibutan. Naruyagan niya an pagbibinasa san manga libro ngan pag-inimod san mga sine mahitungod san manga kalag.

San tuig 2012 nakila niya si Shiela. San magin mag-uyab sira san 2013, ginpabasa niya an libro ni Mojares. Pero waray manla niya katunga an libro. Tuig 2014, naglarang sira na magtig-ob nala sa apartment na ginpiplitehan niya sa Quezon Avenue.

Call Center agent si Shiela, ngan teller san bangko si Robi. Pagnalarga si Robi ginpupukaw niya an kaniya uyab. Mahinay na pagpukaw, para makauli an kalag niya. San-o siya lalarga masarit siya sa kaniya uyab, ngan magbibilin sin harok sa bayhon.

Uya na si Bakhawan. Namati na ni Tikoy an gabat kan bitis kan karabaw sa laboy. Dai nag-aaram si Bakhawan, pwerte an tukaw sa likod kan karabaw. Nagposisyon na si Tikoy na semi-luhod sa karaan. Binalahan nin maray na klaseng gapo an saiyang tirador, saka hinunat pasiring sa likod an goma. Nakapiyong na an wala niyang mata. Naghangos siyang hararom. Sa isip niya, segun sa tinuro ni Manoy, saro, duwa... sa bilang na tulo, sinabay niya an paghangos paluwas asin an pagbutas sa goma. Plak. Daphag sa laboy si Bakhawan. Nagkuripas si Tikoy pauli ta kun abuton na nin diklom.

Manoy! Nag-aamak nin pansapna ni Manoy kan nag-abot siya sa harong. Si Mamay, naghihinguro nin kalunggay sa butaka. Manoy! Nagkintid si Tikoy nganing makarani-rani sa talinga ni Manoy. Maski ngani makusog an boses niya sa tindahan pag naghahagad ki Manoy na turion na siya, puon kan tinaga niya si Galet, dai na sinda pwedeng mag-istoryahan nin makusog manungod sa mga kondisyon. Manoy, hinghing niya, gadan na si Bakhawan.

Dismayado man sana. Nakabuhat pa man si Bakhawan pirang oras pagkatapos kan saiyang ambus. Nakahagad pa ining tabang sa mga tawo sa baryo. Maduguon na an pandok ni Bakhawan. Dinara siya kan mga tawo ki May Pudens na kan oras na ito nagpapamanggi nin inasal na malasugi. Nakikikakan man si Porpirio sa iya pirmi, kaya tulos na nakaayuda na madara si Bakhawan sa hospital. Nakasalbar si Bakhawan sa madaling sabi. Alagad kan maulian, dai na nakakahiling an tuo niyang mata. Sierto kang daing nakahiling saimo? Pasigurong hapot ni Manoy ki Tikoy. Dai lamang Manoy. Aram mo na man sanang garo akong si Lito Lapid. Nagbitis ako nganing marikas an dalagan. Saka nakikawat pa ako sa dalan nganing dai ako marisa kan mga tawo. Bako ining totoo, ta naghihidali ngani siyang makauli kaito.

Alagad sa pagtimbang ni Manoy, garo nang sadit na soltero an saiyang tugang. Pano daw ini nangyari na dai lamang niya namangnuhan? Sige na an pakibarkada niya kan nagpuon mag-eskuwela si Tikoy. Sa otso anyos na deperensya kan saindang edad, normal na magrayo na an buot ni Manoy ki Tikoy kan siya nagsosoltero na. Padaba niya pa man an tugang alagad dakul na siyang gustong gibuhon na panggurang na aktibidad. Habo niya na makikawat sa tugang. Kaya si Tikoy an pursigido na maging soltero

na tulos ngani sanang makarani liwat ki Manoy an buot. Makinupo na aki an tugang niya, alagad habuon niya sa arog kaini. Pag banggi, siya na an muyang kadurog ni Tikoy, bako si Mamay. Saro ining disbentahe lalo kun muya niya man magpakurukunswelo sa buhay. Iba man kaya ini sa pakwenswelo pag kairiba an saiyang mga amigo sa sinehan o kaya sa salog. Maski anong hambog niya dai niya kayang gibuhon an siring pag kataid si Tikoy. Sa siring kaini niya naiisip na maski patidudulag siya sa tugang, padaba niyang maray an aking ini.

Ugmahon na si Tikoy sa sadiri niya. Ano baya Manoy? Sugua na ako ta turion mo na ako! Dai na nakatios si May Pudens na subago pang dangog sa pangadyion ni Tikoy. Turia na daw ngani an tugang mong an, maski sadit an pisot turia na ta iyong gusto. Dai May Pudens, simbag ni Tikoy. Muya ko itong suguon naman ako ni Manoy ta gigibuhon ko, saka ako mapaturi. Siniko siya ni Manoy pakatarama niya ini. Narumduman ni Tikoy an sikreto. Dai dapat maaraman dawa ni May Pudens an manungod digdi. Sa totoo na, dai ngani ini aram kan ibang butog. An aram sana ninda, nangyari na nataga ni Tikoy si Galet, buda nabuta kaini si Bakhawan dahil sa pag-utob kan sugo niya. Ini sana an aram kan mga butog. Bako man intensyon ni Tikoy, saka siyempre kan nagsugo, na haros makagadan na nin tawo.

Sa urag-urag ni Manoy, an nasabi na sana, bahala ka na kun ano an muya mong gibuhon. Buda kaini walata si Tikoy na nagngingisi-ngisi, mientras tigsusurop an saiyang Royal True Orange. Sa buot niya, kayang-kaya niyang ipahiling ki Manoy kun ano an kaya niyang gibuhon maski siya sadit na aki. Nom, ano na gibuhon mo? Naghapot pa liwat si May Pudens. Mauli na sana, simbag man ni Tikoy na nagngingisi-ngisi. Siya na sana an nawalat sa tindahan.

Maisog ako, Manoy. Maisog ako, Manoy. Arog niya kaini tigtatangad an ermano. Tigsawisipa-sipa niya an sarong arikurong habang mayo sa buot na naglalakaw, kan namangnuhan niya na nakaabot na palan sa gilid nin dagat. Banggi na asin medyo harayo na an sityong ini sa baryo. Mas o menos alas siete pa man sana, alagad sa aki na arog niya, garong labi na kamatanga kan mga oras na ito. Nakamati siya nin dikit na kulba, bako sa kun ano pa man kundi dahil sa kusog kan paros asin tanog kan hukol nin dagat. Mayo man siyempre nin mga poste sa may baybay kaya talagang madiklumon na maray. Dai nin bulan kan bangging ini asin an mga bituon sa langit dai man kayang magdulot nin liwanag. Tuom niya sana an pagmati kan baybay pag nagsusurok sa pag-ultanan kan saiyang mga muro. Kaito pag iuragan siya hahalion niya an tsinelas buda isusulot ini sa takyag alagad ngunyan, naisip niya na baad may pasa na bote sa baybay, segun sa pirming tugon saiyang ni Manoy. Lalo siyang kinulbaan kan madangog an atungal kan sarong lalaki. Awooooooo! Siring kaini su tanog na ano man daw ta nagsasabay sa paros-paros. Ano ito? Sabi ni Tikoy. Awooooooo, saro pang atungal, dagos pagbwelo nin sarong makusugon na waaaaaaahhhh, huhuhuhuhu. Ano daw ta naghibi an lalaki, sa buot ni Tikoy. Huhuhuhu, tano ta babayaan mo na ako? Sabi kan lalaki. Huhuhu, ano ngaran kaini Prisila. Ano ngaran ta hahabuan mo ako? Para palan dai na nag-utog, habo mo na sako. Pirang bulan pa sanang dai nag-utog, mahali ka na tulos. Masaen ka aber, Prisila? An sabi ko baga matipon ako pantsekap, maghalat ka sana. Iuragan kan man na hayop kang Prisila ka. Garo ka dai tinawan nin aki, huyan baga, nakatulo ka sako!

Huhuhu. Nagluluya na an hibi ni Luis. Huhuhu. Dai naghahali si Tikoy sa natitindugan niya. Ano daw ta dai nag-utog. Siya ngani

na aki, tig-uutugan na. Kaya ngani muya niya na magpaturi na tatao na man siya kan utog na an. Huhuhu... Nagtuninong. Araatyan, may naghuhukragong na. Aram niya na sa edad na ini an osipon na si Manay Prisila igua nin sambay. Sa Kabakab, bako man panggurang na impormasyon an mga sarambayan. Aram kan mga aki an gustong sabihon kan sambay. Dakul na mga harong an igua kaini. Dai man gabos nagsusuruhay an mag-agom na may sinambay. Minsan nagkakarilingawan na sana, arog kan ama saka kan ina niya. Kaya kan mga oras na ini nakamati si Tikoy nin grabeng hirak ki Manoy Luis. Ano daw ta dai niya aram na may sambay si Manay Prisila? Aram na ini kan gabos. Nahirak siya na grabe an hibi ni Manoy Luis, uya pang gayo sa diklom. Harayuon sa kaharungan. Kun daing maagi na Kabakabanon, daing makakaaram kan saiyang agrangay. Ano daw ta siya pa na aki an nakahiling, dai, nakadangog palan kan siring na drama. Nahirak pa lugod siya.

Naglalakaw siya parani sa naghuhukragong. Yaon sa sarong payag-payag si Luis. Aram niya ini. Iyo ini su payag na haros wara na man atop. May lamesa ining taragilid na. An tukawan baraak na. Malayugan sana nin baga nin sigarilyo, siguradong abo an luwas kaini. Bako man makangalas na digdi napili ni Luis na magsurusintir.

Luway-luway siyang nagrani, tigmamati sana kan bitis kun saen nagtutungtong. An saiyang mga palad naghahapipap sa kun ano man na makakaptan. Poste, tukawan, mga nakauldot na pako sa butong, kanto kan lamesa, bote nin kwatro kantos, kaluban nin tabak. Nahihiling niya, maski kadikit an lawas ni Manoy Luis, nakatikaya sa tukawan na butong, laylay an sarong takyag asin an sarong bitis. Nagtukaw man siya sa kahampang kaini. Kinakapkap niya

giraray an lamesa, tuyong tighahanap an bote nin arak. Nakapkap niya an kwatro kantos. May laog pang dikit. Binuhat niya ini buda pinarong. Pinatuwad niya sa nguso asin nag-aabo-abo niyang hinalon an likido na nakalaog sa ngimot. Burat kita kaini, sabi pa niya sa sadiri, nagngingisi-ngisi. Napundo nin dikit an hukragong ni Manoy Luis. Nagkamata garo. Alagad madali sana, duwang hangos, naghuhukragong na giraray siya. Narumduman ni Tikoy su atungal ni Manoy Luis surusubago sana, makulugon pagdangugon. Makulugon sa talinga, makulugon sa daghan. Hirak man saimo Manoy Luis. Maray pang tigbakon ta ika.

Sa momentong ini garong nagliwanag saiya an gabos. Iyo na ini ang huring kondisyon ni Manoy. Sarong bagay na mapahiling kan saiyang isog bilang soltero. Ultimong beses na mapahiling na siya soltero na, makakagibo pa siyang karahayan sa kapwa. Aram niya ang hibi na ito. Nadangog niya na ito dati ki Mamay. Awooooooooooooo. Maray pang gadanon mo na sana ako! Ngari-ngari talagang tagaon ni Papay niya si Mamay kan magparataram ini sa atubangan kan mga parainom na amigo habang naghaharampangan man sa kwatro kantos. Umuli ka nang hayupan ka, umuli ka na sa sambay mo ta malipot na buray kaito nin halat! Nasupog garo si ama niya, bumihuhat buda biniyaw an kaluban ki Mamay. Halion mo sa kaluban an tabak na hayupan ka! Buminiyaw utro si Papay, kaluban man giraray.

Maski maisugon si Mamay, burubanggi kaini an hibi. Singko anyos pa sana siya kaito, dai pa nag-eekswela. Pirmi pa ngani siyang tig-iiba ni Mamay niya dawa magsain ta malang nguhod na aki. Bibi. Tikoy-tikoy pa. Pero narurumduman niya na gabos ini, lalo na ang hibi ni Mamay sa banggi. An muto-muto kaini na gabos man tigtatao.

Tiglulutuan, tiglalabhan an bado, tiglilinigan an harong. Kun marupo mais, marupo man si Mamay. Kun ma-ani paroy, uto man si Mamay. Kun maregaton si Papay, masabat man si Mamay sa baybayon. Maski sa arog kaining maagahon, guyod-guyod niya si Tikoy, tigpapatos sanang maray nin suruon na jacket nganing dai sipunon, kun siring, saksi na siya, dawa sadit pa, na tiggigibo mananggad ni Mamay an gabos para ki Papay. Kun tutuuson, marurumduman na aki nin asyendera si Mamay kaya dai niya kaipuhan magtios. Alagad nagtios si Mamay hasta nagadan si Papay, salamat sa Dios, sa helang. Kaya salamat sa Dios ta kan nagadan si Papay, saka tinao ni Lola Veronica an kaherasan sa daga ni Mamay. Puon kaito nagtukaw-tukaw na sana si Mamay sa butaka.

Kinakapkap giraray ni Tikoy an lamesa, tuyo niya na makaptan giraray an kaluban kan tabak ni Manoy Luis. Kan tinaga niya si Galet, dai niya ini napuruhan maski ngani makusog man su tama niya sa likod. Umal man kaya ito, sa buot niya. Ini tabak talaga. Maski na. Dai sigurado. Kaya kan binunot niya su tabak sa kaluban, nagluway-luway siya pagposisyon sa taligidan ni Manoy Luis. Nahihiling niya an puti na tshirt kaini. Aram niya kun hain an kawkawan. Uhm, dai na siya nag-isip kan dinudo niya sa kawkawan an tabak. Sa baba na gayo kan huring tulang tuminama. Dinudo pa niya nin tudo. Halaba an tabak ni Manoy Luis. Uhm. Napundo su hukragong. Mapanas an tabak. Uhm. argh, sabi ni Manoy Luis. Dai niya na hiniro an tabak sa lawas ni Manoy Luis. Nadangog niya ini na nagtitingatinga. Namatean niya pang may nagturong mapulot, maimbong na likido sa saiyang bitis.

Kuminilat! Grabe an kulba niya kan maliwanagan an pandok ni Manoy Luis, nakanganga, muklat, alagad garo nakangirit saiya.

Nagdaguldol. Lintian na dalagan ni Tikoy pauli. Tuom niya an dalan maski na ngani madiklumon. Nagtagithi nin dikit na minuto, dagos pag-uran na nin tudo-tudo na garong tigbubulos na kan langit su gabos na hinanakit ni Manoy Luis subago.

Kaya palan mainiton subago, sabi kan mga tawo sa saindang mga harong. Su may mga TV mayo nang nahihiling ta nagrilibog na su signal. Su mayong mga kuryente, sige an palsok kan tintiruhan ta maski sadit na labot kan harong, tiglalaog nin abang kusog na paros. Sige an kilat. Sige an daguldol. Sige man an dalagan ni Tikoy. Tig-aagihan niya an tuninong na kaharungan sa gilid kan tinampo. Sarado na ngunyan an May Pudens Store, maray na sana. Sa ordinaryong banggi, alas nwebe an sarahan kaini. Turog na garo an kurang.

Haloy na siya nin tindog sa luwas kan saindang harong kan madangog an kurahaw ni Mamay. Hanapon mo na baya an deputang tugang mo! Atyan na ngani paghuraw! Deputang matigbak ito sa dalan! Nagbukas an pinto, garo binalinghawan. An demonyadong aki na ini, nag-aano ka diyan? Angguton na si Manoy niya. Hala laog digdi! Demonyadong pasipay ka talaga. Pinahuba siya buda pinatos nin tuwalya. Saen ka na naman nagparalatulat, sabi man kan ina na nagtutukaw-tukaw man sana sa butaka. Pagsangli na, sabi kaini. Mayong girong na nagsasangli si Tikoy. Sa buot niya, ngunyan ka sana maaanggot sako Manoy. Atyan kayan, ugmahon ka na naman sako. Marna, sabi ni Manoy sa lamesa. Tinolang manok an isira ninda.

Amay na aga na kan naglakop an bareta na ginadan si Manoy Luis. Marasapa, buot-buot na, sabi kan mga Kabakabanon. Garong salampati sa buot, sabi naggad ninda. Paimbistigaran daa ni Kapitan an krimen. Alagad an mga tawo, ki kapitan nakaturo an mga

guramoy. Aram ngani baga kan gabos na sambay ni Prisila si Kap. Si Manoy Luis sana an dai nakamangno. Sa sarong banda, maray na nagadan siyang dai nag-aaram na arog kaini an gibo-gibo kan agom. Haloy na, enot pang maray sa dai niya pag-utog. Minsan ngani, sa mismong payag na kinagadan niya, duman nangyayari an mga kangangalasan ni Prisila saka ni Kapitan. Sabihon tang na mga bari na butong, sinda an kaggibo. Kun ano man an dahilan ta dai nag-aaram si Manoy Luis, iyo na ini an tigsasabi kan bilog na baryo, na mabuuton siyang tawo, garong salampati.

Biyernes na gayo, sarong semana pakalubong ki Manoy Luis, nasa pangpang kan salog si Tikoy asin an pitong butog. Kapot kan sarong butog an baynte nwebe na tinais nin maray subago. Kapot kan saro pa an mga ugbo nin bayawas na ipapasabsab ki Tikoy. Biyernes man kan sinaksak ni Tikoy si Manoy Luis sa baybayon. Dai ini aram kan mga butog.

Ano ta nagtugot ka nang turion an, hapot kan sarong butog kan sarong aldaw. Patikikito na padi. Buda ngirisi kaini. Sa pag-ultanan sana nindang magtugang an katotohanan manungod ki Manoy Luis. Maray nang nagsubaskong biyo kan banggi na ito, halawigon na subasko na nagbura sa ginibo kan saiyang nguhod na tugang. Tulo sana sindang nakakaaram: si Tikoy, si Manoy, posibleng si Luis. Kundi gadan na ini.

Parungon ko hangaw mo? Sige an pangisog ni Manoy mientras guyod-guyod siya sa kwarto. Nagluwas ki tuwalya, nagluwas ki sanglian, sige pangisog. Lintian ka talagang aki ka saen ka nakiinuman? Inubos ko sana su tada ni Manoy Luis, Manoy. Akion ka pa burat ka nang hamagan ka, nakiinuman ka na? Inubos ko sana ngani! Alagad dai man nagdadangog si Manoy. Pagsangli! Deputang

aki ini, sabay luwas nin kwarto. Nagpiling-piling na sana ini kan maagihan si Mamay na tinurugan na an pagrosaryo sa butaka. Sa buot ni Manoy, maray man na dai kaini naaraman na nakiinuman si Tikoy ki Manoy Luis. Mare na digdi sa lamesa baya, Tikoy! Higupa an demonyong sabaw na an nganing dai magkulog an payo mong deputa ka.

Manoy, sabi ni Tikoy mantang tigrarapsing an pakpak kan manok, nakatulo na ako. Anong nakatulo, duwa sana man an pakpak kaan. Aram ni Manoy na paborito ni Tikoy an pakpak kaya tinada niya pareho. Tulo na baga an tinira ko, Manoy. Shhhh. Nasibot si Manoy alagad siring subago, tuspak man giraray si Mamay sa butaka. Turia na ako. Iyo turion ka nang luko ka. Ubusa an sabaw nganing dai ka kalinturahon. Sa buot ni Manoy, pag nawara an epekto kan arak sa tugang niya, pwede na niyang kaulayon na dai pa panahon magpaturi an otso anyos na aki. Dai man interesado si Manoy na aramon kun ano pa an tinira kan tugang niya. Huna niya, su gin. Huna niya, iyo sana ito.

Patikikito na man. May ilusyon ka na baya 'Koy? Igua na, hadaw? Sisay man an? Dai ko ipabisto ta baad agawon mo. Aki man garo an, habo ko man sa aki, sabi kan butog. Dai lamang, daraga na. May suso na ngani. Haraha na naman an mga butog, pati si Manoy napangising gayo. Grabeng hambog mo 'Koy. Sisay man an? Sikret. Habo niyang sabihon an tig-iimahinar niyang ilusyon. Su daragang nahiling niyang nagkakarigos sa bumbahan. Dayo man sana ini, makuapo ni Manay Tisay na nagdakula sa Manila. Maputi-puti, pango-pango sana, alagad malinigon an kutis. May arong ini sa dungo na garo sadit na langaw. Muyahon niya ining hilingon.

Kan nagbubo na nin tubig, nakabalyo su hiling niya sa bangaw na nasisilag sa mahimpison na blusa.

Sa salog, sige an ngirisi kan mga butog sa rason na tinao ni Manoy. Mientrastanto, naglangoy-langoy nguna si Tikoy sa salog. Ara-atian nagralangoy na man su mga soltero.

Sa pampang, mientras nagpapahingalo, ginawgawan nin sigarilyo ni Manoy si Tikoy. O ta masoltero ka na, pwede ka na maghithit. An totoo pirmi na man siyang pinapahithit ni Manoy pag nagsisigarilyo ini sa harong. Matibay na siya kaan. Tatao na siyang mag-inom. Tatao na siyang magkuspa nin harayo. Tatao na siyang magtaghoy. Kaya talagang turi na sana an kulang na maging opisyal na soltero na siya. 'Koy, 'Koy, pakaturi saimo dai ka nguna maghiling bold, saka dai ka mag-isip nin bagla. Hadaw man? Totoong interesado si Tikoy. Hilinga na baya an na hambog mo, sabi ni ermano mo patikikito ka na! Nagngirisi na naman an mga soltero.

Ma-alas-tres na kan nagdesisyon si Manoy na tapuson na an pagturi nganing dai sinda abuton nin banggi. Subago pang udto huba si Tikoy. Sige na lamang an kawat sa salog. Marna digdi ta tapuson ta na. Nagturukaw na an mga soltero sa palibot ni Tikoy. Tigsararo sindang gapo na tukawan. Steady an kamot kan butog na may baynte nwebe. Ini itong aki kan orihinal na paraturi, saiya tigtitiwala ni Manoy si Tikoy. Pinatindog sana si Tikoy sa salog. Diretso an hiling niya ki Manoy, maisog. Naghiyom si Manoy, saka nagkihat. Handa na si Tikoy. Handa na si Tikoy. Kapot-kapot na kan butog an pisot ni Tikoy kan ini magkairihi. Bakong paturayog kundi turo na garo sadit na salog. Nabutsanan tulos ini kan butog, sabay sabing lusi! Nagkakamang sa lapi, pasiring sa tabay, pasiring sa bitis, pasabay na sa salog an maimbong na ihi ni Tikoy. Nagtatarakig na si Tikoy. An

saiyang abaga dai mapugulan sa pagtakig. An kamot niya matatagas na sa tagilidan. Dai naghihibi si Tikoy. Alagad an saiyang mata bralangko na. Darakula na an labot kan dungo asin garo kurulang na an duros na tighahangos niya. Dai mamamangnuhan ni Tikoy na sinalo siya ni Manoy kan magrulumoy an tuhod niya asin matumba, dikit an sinabit na makadabal sa gapo an payo. Dai man siya nadismayo, pinanruluya sana. Kan mamangnuhan na karakaraga na siya ni Manoy, saka na nagparahibi si Tikoy.

Buhat-buhat ni Manoy an malulumoy na lawas ni Tikoy. Nagporbar mag-ngisi an mga soltero alagad natakot sinda kan hiniling sinda saro-saro nin maraot ni Manoy. Nagkasiribot sinda na sulutan nin bado si Tikoy. Luway-luway siyang naglakaw parayo sa mga amigo. Nagpawalat na an anom na butog sa pangpang kan salog.

Nagdidiklom na man kan nakaabot sa Manoy sa dalan pauli. Nakasablay sa abaga niya an payo ni Tikoy. Normal na an hangos. Mabakal kita Royal saka Bangus sa aga. Maduman kita ki Lola, hahagadan ta ika sentimos, iyo? Higit nang maray an saiyang kugos. Mapaluto kita ki Mamay linukay, muya mo kaan? Hinigot pa ni Manoy na tudo an pakakupo ki Tikoy. Sige man an tunga-tunga kan aki. Namamatean ini ni Manoy sa saiyang abaga. Halabaon na an kalamias ni Manoy para makaikot sa lawas kan tugang. Tighigot niya pa ngani, alagad garo haluag man giraray. Garo mahuros man giraray si Tikoy. Kinupo-kupo ni Manoy nin tudo an tugang mantang naglalakaw nin luway. Nagdidiklom na. Haloy-haloy na palan siyang dai naghihibi.

MANOY, MANOY

Otso anyos pa lamang gusto na ni Tikoy na maging tulad ng Manoy niya, tunay na binata. Turion mo na baya ako, Manoy! Huy, turion mo na ako, parang awa mo na. Mabaliw-baliw sa kakatawa ang mga binata sa tapat ng May Pudens Store nang marinig ito. Ang mga binatang ito ay binubuo nina Manoy, at anim niyang kaibigan. Ang tawag sa kanila ay pitong butog. Halos magkaka-edad ang pitong butog dahil sabay-sabay silang nag-aral. Sabay-sabay rin silang tumigil noong nasa grade 6 na.

Mga sobrang hambog talaga nitong mga binatang ito. Maghapon silang magtitipon sa tindahan para lang maghapon ding magharambugan. Iba't iba ang pinag-uusapan nila, nobenta porsiyento, imbento lang: mga babaeng naghahabol sa kanila, mga binatang nangungursunada, ang guro na nagpakita raw ng dibdib isang hapon na sweepers sila noong grade 4. Kesyo nakita nila ang kulay ng kalson ng kung sinong dalaga, iba pa sa kalson din nga ni Ma'am na nasilip nung umupo sa mesa, habang tinuturo ang push and pull na action sa reproduction ng male at female. Lahat ng kuwentong ito alam ni May Pudens kasi nga siya ang bantay sa kaniyang tindahan. Di basta-basta mapaalis ni May Pudens ang pitong butog dahil nga mga customer sila, na regular bumibili ng

malamig na Royal Tru Orange kada alas-diyes ng umaga at kada alas-kuwatro ng hapon. Pitong 8 oz agad pag umaga, pito muli pag hapon. Kita mo 'yan. Iba pa rito 'yong tinapay at kung ano pang makukukot. Marami pa rin namang bumibili kay May Pudens kasi naman siya ang may pinakamalaking tindahan sa Kabakab, pero sa kung anong dahilan, hinahanap-hanap niya na rin ang harambugan ng kabataang ito. Noong una tinataboy niya pa pauwi ang mga ito, pero dapat nating alalahanin na ang grupong ito ay ang pinakamatitigas ang ulo sa mga anak ng Kabakab. Itong ang mga batang talagang tatambay sa tindahan para lang hindi mautusan ng magulang na bumili ng toyo, na sa tindahan din naman mabibili.

Kusa namang tumatabi ang mga binata kapag may ibang bibili. Mababait naman sila at magagalang. Kaya nga sa katagalan, na-apresyar na lang din ni May Pudens ang mga binatang ito, kasi mahilig magpatawa sa mga mamimili. Maliban pa, may mga dalaga rin—sabihin pang imbento lang ng mga binata ang tungkol sa mga dalagang humahabol daw sa kanila—ay mga tunay na nag-iinteres sa isa o dalawa sa pitong butog. Kaya tuwing pagkapananghalian, oras na makaligo na ang mga dalaga, inaasahan na ni May Pudens na bibili na rin ng kung ano na lang ang mga dalaga. Mababango, hipid ang buhok na nagtutulo pa sa likod, at namumuti-muti ang pisngi sa pulbo. Sa loob ni May Pudens, mga amoy-araw pa ang mga batang ito noon, silang lahat, itong mga dalagang paisa-isa kung bumili at itong mga binata na laging magkakasama. Sa araw-araw na pagmamasid ni May Pudens, tiyak na tiyak siyang walang magkakatuluyan sa kabataang ito. Mga iresponsable itong mga lalaking ito, hindi sila mag-aasawa ng babae galing Kabakab, kasi paano tatakasan kung ayaw na! Iba na ang panahon ngayon,

sabi pa ng matanda, na saksi sa maraming araguman sa Kabakab, dahil sa tagal niyang nabubuhay rito, dahil ang tindahan niya ang sentruhan ng mga kuwento, at dahil medyo nakakaangat, siya ang laging kinukuhang ninang sa mga kasalan, kahit na nga siya mismo ay tumandang dalaga. Maliban dito, ang kaniyang jeep na minsan pinapasaherohan, minsan pinaparada lang sa bakuran, ang laging hinihiram na sakayan pag may kasal. Kung gaano katanda ang jeep na ito, ganoon din katagal na driver nito si Porpirio, kapatid niya sa labas. Si Porpirio rin ang tagapamalengke ni May Pudens. Ang bahay nito ay nasa likod ng malaking bahay niya, katabi ng lumang tangkal ng baboy. Tumatanda ring binata si Porpirio.

Kahit na nga mga butugon, totoong marunong magturi ang pitong butog. Ang isa kasi sa kanila ay anak ng albularyo na nagturi sa karamihan ng lalaki sa Kabakab. Nang mag-edad disi-sais, master na rin niya ang kakayahan ng ama sa pagturi. Ang kabatiran na ito madali lang namang ipasa, kaya hindi niya pinagdamot sa kaniyang mga kaibigan. Mabibilang pa lang naman sa daliri ang mga binatilyong nagpaturi sa kanila. Marami pa rin ang mas may tiwala sa orihinal na paraturi. Pero tumatanggi na ang orihinal na paraturi, kung kaya lahat-lahat, sa nagdaang tatlong tag-init, nakapagturi na rin ang pitong butog ng siguro’y pito na rin. Laging magkakasama ang pitong butog kapag may tutuliin. Kung ano man ang ibayad, paghahatian nila iyon.

Manoy nga! Naiinis na si Manoy kay Tikoy sa araw-araw na lang na hinihingi nito. Ayaw ng Royal, ayaw ng tinapay, ayaw ng Bangus. Ang gusto talaga turi. Noong isang araw nagsumbong na ang maestra sa ina, na hindi na nga raw ito pumapasok sa klase. Paanong papasok e laging nandito kay May Pudens, nakikitambay sa mga

binata, laging nagmamakaawa na tuliin na nga raw siya, kasi gusto na niyang maging binata, tulad ng kaniyang ermano. Tawa lang nang tawa nito si May Pudens. Magsipag-aral kasi kayo para tularan kayo ng batang 'yan! Biro lang naman ito, kasi nga alam niyang wala nang interes ang mga binatang ito. Ang totoo, matagal na ring ganito ang sitwasyon ng mga Kabakabanon. Suwerte nang may makatapos ng high school galing sa baryong ito.

Si Manoy, ang panganay nga na kapatid ni Tikoy ang pinakaguwapo sa pitong butog. Simula noong di na siya sumusunod sa utos ng ina na dalhin sa molino ang mga palay, na tumulong sa uma, na bumili ng kung ano sa banwa, simula noong di na siya pumasok sa eskuwela, kung gayon nakaligtas na sa CAT kung kailan todo bilad ang mga kadete pag malapit na ang Peñafrancia, lumabas na ang tunay niyang kulay, na tunay na kulay rin ng kaniyang Mamay—ang kulay ng kaniyang lolang si Veronica, ang Kastilaloy na nagmamay-ari ng kalakhang lupain sa Kabakab. Di lang basta maputi si Manoy, nagrorosa-rosa ang pisngi niya. 'Yong lakas ng loob niya na tumambay na lang sa araw-araw na ginawa ng Diyos ay galing sa katotohanang si Lola Veronica, kahit bulag na, ay laging makuwarta. Laging magpapakuyom ng sentimos ang matanda ano mang oras siya dumalaw.

Sabihin pa rin natin, kahit nga naestablisa naman na, na si Manoy ang paboritong apo ni Lola Veronica. Sa katunayan, siya lang ang apo na anak ng Mamay niya, na kinikilala ni Veronica. May mga kapatid din ang kaniyang ina, pero sa kung saan-saang bayan sila nagsipagpamilya. Ang kasama lang ni Veronica ay mga katulong sa bahay at sa napakalawak niyang palayan at niyugan. Kaya sila nga lang talaga ni Tikoy ang mga apo ni Veronica sa Kabakab. 'Yong

pangalawa niyang kapatid, na namatay sa meningitis noong maliit pa, ay nakapagmano naman siguro ng isa o dalawang beses sa matanda. Si Tikoy, nakapagpamano naman ng mas marami-rami pero noong marunong na siyang magmano, hindi na nakakakita si Veronica. Ito ang dahilan kung bakit isa lang sa kanilang magkakapatid ang kinikilalang apo ng matanda. Wala namang pakialam dito si Tikoy kaya wala tayong problema rito. Ang may problema ay ang kanilang Mamay na di nga mautusan ang mga anak, kaya nagbabayad na lang sa kung sinong binatilyo sa Kabakab.

Isa pang problema, simula nang magdesisyon ang kaniyang Mamay at Papay na bumukod ng bahay, di na sila pinapatuntong ng Veronica sa malaking bahay. Ang totoong dahilan ng pag-alis nila ay ang pagkakahuli sa akto ni Veronica sa kaniyang manugang na hinahalikan ang kaniyang katulong. Ayaw maniwala ng anak niya noon. Noon. Maliit pa naman noon si Manoy pero naiintindihan niya na ang sinabi ni Lola Veronica na apo ko lang ang puwedeng tumuntong sa sahig ng bahay na ito. Kaya noon pa man, marunong nang maglihim si Manoy pag bibisita sa Lola. Sa mga susunod na panahon, isasama na niya sa pagdalaw si Tikoy. Kahit ganito, si Manoy lang lagi ang may pakuyom na sentimos pag uwian na. Bibigyan na lang din niya ng pambili ng kendi ang kapatid. Mahal din ni Manoy ang kaniyang lola, kaya maling sabihin na inaabuso niya ito. Ang totoo, siya naman ang nakakasama nito kung magpapadoktor o magpapakulot. Kung may padala sa matanda ang anak niya sa Maynila, si Manoy rin ang tagakuha sa estasyon ng bus sa banwa. Sa madaling sabi, di siya mautusan ng sariling ina pero pag ang lola ang nag-utos, sinusunod niya.

Huy, baya Manoy!

Oo na. Turion ka na namin sa tatlong kondisyon. Ano 'yan Manoy? Sabihin mo na at gagawin ko agad, sabi ni Tikoy. Pumasok ka sa eskuwela at gumawa ka ng asayment. Sabi ng maestra mo magagarden na raw ang mga kaklase mo. Magtanim ka rin sa eskuwelahan ng mustasa. Pag nakaani ka, ibibigay ko sa'yo ang sunod na kondisyon. Sabihin mo na lahat Manoy para gawin ko na lahat! Gagawing pa'no na wala ka pang napapatubong buto! Humingi ka kay Mamay ng buto ng mustasa tapos pumasok ka bukas! 'Yan ang kondisyon ko. Tawa nang tawa ang pitong butugon na binata.

Napakalaki ng binayaran ni Mamay sa pamilya ni Galet. Ilang linggo ang bata sa ospital gawa ng taga sa likod. Ganito ang nangyari: malago na ang mga mustasa ni Tikoy sa likod ng gabaldon ng Kabakab Elementary School. Mga berdeng-berde at malalaking mga dahon. Ang di alam ng mga kaklase niya, American mustasa raw yong dala niyang buto. Marami ang mabubunot na mustasa na tumubo sa plot niya, samantalang sa mga kaklase, normal lang, kundi man mga bansot na mustasa lang ang mayroon. Lalo silang naaasar kasi nga di naman pumapasok si Tikoy, pumasok lang para maggarden. Di naman sa pagmamaliit, pero medyo bobo si Tikoy pagdating sa klase, kaya grabe talaga asar ng mga bata na parang suwerte pa tuloy na makakakuha siya ng mataas na marka sa gardening.

Sa lahat ng asar, si Galet ang pinakaasar sa kay Tikoy. Matagal na siyang may galit kay Tikoy dahil kahit na medyo may kaitimang bata si Tikoy, ay higit na guwapo sa kaniya. Kahit na nga kakulay siya ng kaniyang Papay, nakuha niya naman ang ilong ng kaniyang Lola Veronica, at ng kaniyang Mamay. Tuloy 'yong kursunada ni Galet sa kabilang section, si Tikoy ang gusto. Okay na sana noong di na pumapasok si Tikoy. Kaso, nang pumasok na agad namang

nagpasikat sa titser. Patay na naman. Bilib na naman kay Tikoy 'yong magayon-gayon na kursunada niyang nasa kabilang section.

Isang hapon, uwian na noon, nang makita ni Galet na inaalok ng baduya ng kursunada niya si Tikoy. Ang mas kinaasar ni Galet ay 'yong kinuha naman ni Tikoy 'yong baduya! Alam ng lahat sa Kabakab Elementary School na paboritong-paborito ni Galet ang baduya. Bakit naman tinanggap pa ni Tikoy ang inalok ng kaniyang kursunada? Sa galit niya, pinuntahan niya ang nagtatabaang mustasa ni Tikoy. Isa-isa niyang binunot ang mga tangkay. Ang dami nga noong dahon, pero uubusin niya talaga, 'yan ang gagawin niya. Binuksan niya ang kaniyang bag para isuksok ang mga binunot na mustasa. Pinagsisiksik niya nang todo ang mga mustasa sa bag, kasama na 'yong mga lupa. Bunot pa siya nang bunot. Sinisiksik niya ang mga huling mustasa nang biglang parang may sumipa sa kaniyang likod. Aguy, sabi pa niya. Maya-maya, umaagos na ang dugo sa kaniyang likod. Nagsisigawan na ang mga bata sa eskuwelahan. Tumakbo papunta sa kaniya ang mga guro. Nakita niyang inilayo sa kaniya si Tikoy, kinuha sa kamay nito ang mapurol na bolo. Mabuti na lang mapurol na bolo. Kung hindi, patay na si Galet. Gumaling naman itong si Galet. Nakapasok pang muli. Nakabili pa ng dalawang biik ang magulang niya sa sobrang binayad ni Mamay. Inaalok na siya ngayon ng baduya ng kursunada niya. Tapos si Tikoy, di na bumalik sa eskuwelahan. Di mapagalitan ni Mamay si Tikoy dahil baka siya naman daw ang tagain, kaya pinabayaan na lang kung ano ang gustong gawin. Kung buhay sana ang ama mo, baka lang.

Isang buwan nang pinipilit ni Tikoy si Manoy sa pangalawang kondisyon. Matagal nang napatubo 'yong mustasa, maganda na nga ang buhay ni Galet. Panahon na para iutos sa kaniya ang ikalawang

gustong mangyari ni Manoy. Oo, mamaya na sa bahay, bago tayo matulog.

Pagkatapos magdasal ng Ama Namin, dahil kahit pasaway silang mga anak hindi sila nakakalimot magdasal, kinulit ni Tikoy si Manoy kung ano na ang sunod na kondisyon. Antok na nito si Manoy kaya sabi na lang, ihulog mo na lang sa karabaw si Bakhawan! Sabay tagilid, sabay hilik.

Kaaway ng pitong butog si Bakhawan. Masipag na magsasaka si Bakhawan pero ito lang ang bukod-tanging malakas ang loob na tawaging butog ang pitong butog! Sa katunayan, siya ang nagbigay ng bansag sa pitong binatang ito. Magkakalaro sila noong mga bata pa. Pero unang tumigil mag-aral si Bakhawan para maki-pakyawan. Galit sa kanila si Bakhawan, dala siguro ng inggit kasi sila paturutambay na lang. Palagay lang naman nila ito. Kasi naman tuwing nakikita sila ni Bakhawan, wala na itong ibang masabi kundi, ano, harambugan na naman, sarap ng buhay ano? Sasagutin ito ni Manoy ng, halika, tambay ka rin dito. Na sasagutin pa rin ni Bakhawan, huwag na, kasi kailangan maging responsable. Galit nito ang pitong butog. Bakit di kilalanin ni Bakhawan ang kakayahan nilang magturi? Di ba ito pagiging responsable rin? E pano kasi supot naman 'yan si Bakhawan, sabi pa ng isa. Wala naman nitong makakapagpatunay pero sabi ng ama ng isang butog, hindi niya nga raw maalala kung nagpaturi sa kaniya si Bakhawan.

Lumampas na sa langit ang galit ni Manoy kay Bakhawan nung agawin nito ang babaeng isasayaw niya sana sa sayawan. Ang hayop na Bakhawan na di naman guwapo, nauna pang magyaya ng sayaw. Pasakalye pa lang ng Crazy For You tumayo na siya, kung bakit ba naman ayun na agad si Bakhawan sa mesa ng target niya. Noong

sumasayaw na sa gitna ng Social Hall, hinanap pa ni Bakhawan ang mesa nila at saka ngumisi. Nang gabing iyon, plano na sana ni Manoy na abangan si Bakhawan pero may nakita siyang babae na kapalit noong kursunada niyang isayaw. Mas maganda, mas sexy pa. Nawala 'yong gigil niya kay Bakhawan, nalipat doon sa babae na naging kailusyon niya noong gabing iyon.

Ihulog lang pala sa karabaw, ang dali, sa isip ni Tikoy bago matulog.

Alas-singko ng hapon, nakasiksik sa kadawagan si Tikoy, hindi iniinda ang niknik. Alam niyang pauwi na nito si Bakhawan galing sa uma. Ang taktika niya ay napanood niya sa mga pelikula, ambul. Wala naman siyang baril pero may tirador, at asintado siya rito, tulad na tulad ni Manoy. Ang liit-liit pa niya noon, sinasanay na siya ni Manoy na manirador ng ibon. Minsan nga, kapag lasing si Papay, tinitirador din nila ni Manoy, sa paa lang ang asinta. Di kailanman nadiskubre ni Papay na sila pala ang tatlong beses ba namang sumugat sa kaniyang binti.

Heto na si Bakhawan. Naramdaman na ni Tikoy ang bigat ng paa ng kalabaw sa putikan. Walang kaalam-alam si Bakhawan, ang sarap ng upo sa likod ng kalabaw. Pumusisyon si Tikoy na semi-luhod sa dawag. Binalahan ng magandang klaseng bato ang kaniyang tirador, saka inunat palikod ang goma. Nakapikit na ang kaliwa niyang mata. Huminga siya nang malalim. Sa isip niya, ayon sa turo ni Manoy, isa, dalawa... sa bilang na tatlo, sinabay niya sa pagbuga ng hangin ang pagbitaw sa goma. Plak. Dapa sa putik si Bakhawan. Kumaripas ng takbo si Tikoy bago pa abutan ng dilim.

Manoy! Nagpaparikit ng pansaing si Manoy nang dumating siya sa bahay. Si Mamay ay naghihimay ng malunggay sa butaka.

Manoy! Tumingkayad si Tikoy para makalapit sa tainga ni Manoy. Kahit na ba malakas ang boses niya sa tindahan tuwing hinihingi kay Manoy na tuliin na siya, simula noong tinaga niya si Galet, di na sila puwede magkuwentuhan nang malakas tungkol sa mga kondisyon. Manoy, bulong niya, patay na si Bakhawan.

Hinimatay lang naman. Nakabangon pa naman si Bakhawan ilang oras matapos ang kaniyang ambus. Nakahingi pa ng tulong sa mga tao sa baryo. Madugong-madugo na 'yong mukha ni Bakhawan. Dinala siya ng mga tao kay May Pudens na nang mga oras na iyon ay naghahapunan ng inihaw na malasugi. Nakikikain naman si Porpirio sa kaniya lagi, kaya agad nakaayuda na madala si Bakhawan sa ospital. Nakaligtas si Bakhawan, sa madaling sabi. Pero nang gumaling, hindi na nakakakita ang kanan niyang mata. Sigurado kang walang nakakita sa 'yon? Panigurong tanong ni Manoy kay Tikoy. Wala man lang Manoy. Alam mo namang para akong si Lito Lapid. Nagpaa pa nga ako para mabilis ang takbo. Saka nakipaglaro pa ako sa daan para di mahalata ng mga tao. Hindi ito totoo, kasi nga nagmamadali siyang makauwi noon.

Pero sa pagtitimbang ni Manoy, para nang maliit na binata ang kaniyang kapatid. Paano kaya ito nangyari nang di niya namamalayan? Namamarkada na siya noong magsimulang mag-aral si Tikoy. Sa walong taong deperensiya ng kanilang edad, normal na lumayo ang loob ni Manoy kay Tikoy noong nagbibinata na siya. Mahal naman niya ang kapatid pero marami na siyang gustong gawin na mga pangmatandang aktibidad. Ayaw na niyang makipaglaro sa kapatid. Kaya tuloy si Tikoy ang pursigidong maging binata na agad para lang makalapit muli sa loob ni Manoy. Mahilig yumapos ang batang ito, na ayaw na ayaw naman niya. Pag gabi, siya na ang

gustong katabi ni Tikoy, hindi na si Mamay. Isa itong disbentahe lalo kung gusto niyang maglibang-libang sa buhay. Iba naman kasi ito sa paglilibang kapag kasama ang kaniyang mga kaibigan sa sinehan o kaya sa ilog. Kahit na anong butog niya, di niya kayang gawin ang ganitong bagay kapag katabi si Tikoy. Sa ganito niya naiisip na kahit iniiwasan ang kapatid, mahal na mahal niya ang batang ito.

Tuwang-tuwa si Tikoy sa sarili niya. Ano ba Manoy? Utusan mo na ako, tapos turion mo na ako! Di na nakatiis si May Pudens na kanina pa nakikinig sa pamimilit ni Tikoy. Turion mo na nga 'yang kapatid mong 'yan kahit maliit pa ang titi at yun ang gusto. Hindi May Pudens, sagot ni Tikoy. Gusto ko 'yong uutusan muna ako ni Manoy, tapos gagawin ko yun. Saka lang ako magpapat-uri. Siniko siya ni Manoy pagkasabi niya nito. Naalala ni Tikoy ang sekreto. Di dapat malaman kahit ni May Pudens ang tungkol dito. Sa totoo na, di rin ito alam ng ibang butog. Ang alam lang nila, nangyari na nataga ni Tikoy si Galet, tapos nabulag nito si Bakhawan dahil sa pagsunod ng utos niya. Ito lang ang alam ng mga butog. Hindi naman intensiyon ni Tikoy, saka siyempre ng nag-utos, na halos makapatay na ng tao.

Sa inis ni Manoy, ang nasabi na lang, bahala ka na kung ano ang gusto mong gawin. Saka niya iniwan si Tikoy na ngumingit-ngiti, habang sinisipsip ang kaniyang Royal Tru Orange. Sa loob niya, kayang-kaya niyang ipakita kay Manoy kung ano ang kaya niyang gawin kahit maliit siyang bata. O, ano na gagawin mo? Nagtanong uli si May Pudens. Uuwi na lang, sagot naman ni Tikoy na tumatawatawa. Siya na lang ang naiwan sa tindahan.

Matapang ako, Manoy. Matapang ako, Manoy. Ganito niya tinitingala ang kapatid. Sinisipa-sipa niya ang isang kabibe habang naglalakad nang wala sa sarili, nang mapansin niyang nakarating na

pala siya sa tabing-dagat. Gabi na at medyo malayo na ang sityong ito sa baryo. Mas o menos alas-siyete pa lang naman pero para sa batang tulad niya, parang hatinggabi na ang oras na iyon. Nakaramdam siya ng kaunting kaba, hindi sa kung ano pa man kundi dahil sa lakas ng hangin at tunog ng alon ng dagat. Wala naman siyempreng poste sa may baybayin kaya talagang napakadilim. Walang buwan nang gabing iyon at ang mga bituin sa langit ay di makapagbigay liwanag. Saulado niya lang ang pakiramdam ng buhangin pag nasisiksik sa pagitan ng mga daliri. Dati kapag naiinis siya, hinihubad niya ang tsinelas saka isusuot sa braso pero ngayon, naisip niyang baka may mga basag na bote sa buhangin, tulad sa laging bilin ni Manoy sa kaniya. Lalo siyang kinabahan nang marinig ang atungal ng isang lalaki. Awoooooooo! Ganito 'yong tunog na ano ba naman at sumasabay pa sa hangin. Ano 'yon? Sabi ni Tikoy. Awoooooooo, isa pang atungal, tapos bumwelo ng isang malakas na waaaaaaaaahhhh, huhuhuhuhu. Ano kaya itong iniyak ng lalaki, sa loob ni Tikoy. Huhuhuhu, bakit mo ako iiwan? Sabi ng lalaki. Huhuhu, ano ito, Prisila. Ano ito at aayawan mo na ako? Dahil lang di na tumitigas, ayaw mo na sa akin? Ilang buwan pa lang namang di tumitigas, aalis ka na agad. Saan ka pupunta, aber, Prisila? Ang sabi ko naman mag-iipon ako pantsekap, maghintay ka lang. Nangangati ka nang hayop kang Prisila ka. Para namang di ka binigyan ng anak, ayan o nakatatlo ka sa akin!

Huhuhu. Humihina na ang iyak ni Luis. Huhuhu. Hindi umaalis si Tikoy sa kinatatayuan. Bakit kaya di na tumitigas? Siya ngang bata tinitigasan na e. Kaya nga gusto na niyang magpaturi kasi marunong na siya ng mga tigas-tigas na 'yan. Huhuhu... Tumahimik. Maya-maya, may naghihilik na. Alam niya na sa edad na ito ang usap-usapan na si Manay Prisila ay may sambay. Sa Kabakab, di

naman pangmatandang impormasyon ang sarambayan. Alam ng mga bata ang ibig sabihin ng sambay. Maraming mga bahay ang mayroon nito. Di naman lahat ng mag-asawang may sinambay ay naghihiwalay. Minsan nagkakalimutan na lang, tulad ng ama at ina niya. Kaya nang mga oras na ito, nakaramdam si Tikoy ng sobrang awa kay Manoy Luis. Bakit naman di niya alam na may sambay si Manay Prisila? Alam ito ng lahat. Naawa siya na iyak nang iyak si Manoy Luis, dito pa mandin sa dilim. Napakalayo sa kabahayan. Kung walang mapapadaan na Kabakabanon, walang makakaalam ng kaniyang hinanakit. Bakit naman siya pa na bata ang nakakita, mali, nakarinig pala ng ganitong drama. Naawa pa tuloy siya.

Naglalakad siya palapit sa naghihilik. Nasa isang kubo si Luis. Alam niya ito. Ito 'yong kubo na halos wala nang bubong. May mesa itong tagilid na. 'Yong upuan, biyak-biyak na. Maliparan lang ng alipato ng sigarilyo, siguradong abo ang labas nito. Di naman nakakapagtaka na rito napili ni Luis magsentimyento.

Dahan-dahan siyang lumapit, pinapakiramdaman lang kung saan umaapak ang mga paa. Ang mga palad niya inaapuhap ang kung ano mang mahahawakan. Poste, upuan, mga nakausling pako sa kawayan, kanto ng mesa, bote ng kuwatro kantos, kaluban ng sundang. Naaaninag niya kahit paano ang katawan ni Manoy Luis, nakatihaya sa upuang kawayan, laylay ang isang bisig at isang paa. Umupo siya sa tapat nito. Kinapa niyang muli ang mesa, hinahanap ang bote ng alak. Nakapa niya ang kuwatro kantos. May konti pang laman. Binuhat niya ito at inamoy. Pinatuwad niya sa bibig at maubong nilagok ang likidong nakapasok sa bibig. Lasing tayo nito, sabi pa niya sa sarili, tatawa-tawa. Natigil saglit ang hilik ni Manoy Luis. Nagising siguro. Pero mabilis lang, dalawang hinga, humihilik

na uli. Naalala ni Tikoy 'yong atungal ni Manoy Luis kani-kanina lang, napakasakit pakinggan. Napakasakit sa tainga, napakasakit sa dibdib. Kawawa ka naman, Manoy Luis. Buti pang patayin na lang kita.

Sa pagkakataong ito parang nagliwanag sa kaniya ang lahat. Ito na ang huling kondisyon ni Manoy. Isang bagay na magpapakita ng kaniyang tapang bilang binata. Ultimong beses na magpapakitang binata na siya, makakagawa pa siya ng kabutihan sa kapwa. Alam niya ang iyak na iyon. Narinig niya na iyon dati kay Mamay. Awooooooooooooo. Mabuti pang patayin mo na lang ako! Muntikan na talagang tagain ni Papay si Mamay noong magsalita ito nang magsalita sa harap ng mga manginginom niyang kaibigan habang magkakaharap sa kwatro kantos. Umuwi ka nang hayop ka, umuwi ka na sa sambay mo, malamig na ang buray noon kakahintay! Siguro nahiya ang ama niya, tumayo at inasta ang kaluban kay Mamay. Tanggalin mo sa kaluban ang sundang hayop ka! Umasta uli si Papay, kaluban pa rin.

Kahit sobrang tapang ni Mamay, gabi-gabi ito umiiyak. Limang taon pa lang siya noon, hindi pa nag-aaral. Lagi pa nga siyang sinasama ni Mamay kahit saan magpunta, kasi nga naman bunsong anak. Bibi. Tikoy-tikoy pa lamang. Pero naaalala niya na itong lahat, lalo na ang iyak ni Mamay sa gabi. Ang hinanakit nito na lahat naman binibigay. Ipinagluluto, ipinaglalaba, ipinaglilinis ng bahay. Kung magbubutil ng mais, magbubutil din si Mamay. Kung aani ng palay, ando'n din si Mamay. Kung mamamalakaya si Papay, sasalubong si Mamay sa baybayin. Kahit sa ganitong madaling-araw, hila-hila niya si Tikoy, binabalot lang ng patong-patong na jacket para hindi sipunin, kung kaya, saksi na siya, kahit maliit pa, na ginagawa nga

talaga ni Mamay ang lahat para kay Papay. Kung tutuusin, maaalala na anak ng asyendera si Mamay kaya di niya kailangang magtiis. Pero nagtiis si Mamay hanggang namatay si Papay, salamat sa Diyos, sa sakit. Kaya salamat sa Diyos kasi noong namatay si Papay, saka binigay ni Lola Veronica ang bahagi ng lupa ni Mamay. Simula noon, paupo-upo na lang si Mamay sa butaka.

Kinakapa uli ni Tikoy ang mesa, sadya niyang mahawakan uli 'yong kaluban ng sundang ni Manoy Luis. Noong tinaga niya si Galet, di niya napuruhan kahit malakas naman 'yong tama niya sa likod. Umal kasi iyon, bolong mapurol, sa loob niya. Ito, talagang sundang. Maski na. Hindi sigurado. Kaya nang binunot niya 'yong sundang sa kaluban, dahan-dahan siyang pumusisyon sa tagiliran ni Manoy Luis. Naaaninag niya ang puting tshirt nito. Alam niya kung nasaan ang tadyang. Uhm, di na siya nag-isip nang idiin niya sa tadyang ang sundang. Mismong sa baba ng huling buto tumama. Lalo pa niyang diniin. Mahaba ang sundang ni Manoy Luis. Uhm. Natigil ang hilik. Matulis ang sundang. "Uhm. Argh," sabi ni Manoy Luis. Di na niya ginalaw ang sundang sa katawan ni Manoy Luis. Narinig niya itong naghihingalo. Naramdaman pa niyang may tumulo na malagkit, maligamgam na likido sa kaniyang paa.

Kumidlat! Kinabahan siya nang husto nang maliwanagan ang mukha ni Manoy Luis, nakanganga, dilat, pero parang nakangiti sa kaniya. Kumulog. Lintik na takbo ni Tikoy pauwi. Saulado niya ang daan kahit napakadilim. Umambon nang ilang minuto, tapos umulan na nang todo-todo na parang binubuhos na ng langit lahat ng hinanakit ni Manoy Luis kanina.

Kaya pala ang init kanina, sabi ng mga tao sa kanilang mga bahay. 'Yong may mga TV, wala nang makita kasi lumabo na 'yong

signal. 'Yong mga walang kuryente, namamatay lagi ang mga gasera kasi pumapasok kahit sa pinakamaliit na siwang ng bahay ang napakalakas na hangin. Kidlat nang kidlat. Kulog nang kulog. Takbo nang takbo si Tikoy. Dinadaan niya ang tahimik na kabahayan sa tabi ng kalsada. Sarado na ngayon ang May Pudens Store, mabuti na lang. Sa ordinaryong gabi, alas-nuwebe ito nagsasara. Tulog na siguro ang matanda.

Matagal na siyang nakatayo sa labas ng bahay nila nang marinig ang sigaw ni Mamay. Hanapin mo na nga ang deputang kapatid mo! Mamaya na paghuraw! Deputa, mamamatay 'yon sa daan! Nagbukas ang pinto, parang pinagdabugan. Demonyadong bata ka, anong ginagawa mo riyan? Galit na galit si Manoy. Hala, pasok dito! Demonyadong pasaway ka talaga. Pinaghubad siya at saka binalot ng tuwalya. Saan ka na naman naglakwatsa, sabi naman ng ina na nakaupo lang naman sa butaka. Magbihis ka na, sabi nito. Walang-imik na nagbibihis si Tikoy. Sa loob niya, ngayon ka lang magagalit sa akin Manoy. Mamaya niyan, tuwang-tuwa ka na naman sa akin. Halika na, sabi ni Manoy sa mesa. Tinolang manok ang ulam nila.

Maagang-maaga nang kumalat ang balita na pinatay si Manoy Luis. Naku, napakabait, sabi ng mga Kabakabananon. Parang kalapati sa bait, sabi talaga nila. Paiimbistigahan daw ni Kapitan ang krimen. Pero ang mga tao, kay Kapitan nakaturo ang daliri. Alam nga ng lahat na sambay ni Prisila si Kap. Si Manoy Luis lang ang di nagmalay. Sa isang banda, mabuti na ring namatay siyang walang alam na ganito ang gawa ng asawa. Matagal na, nauna pang maigi sa hindi niya pagtigas. Minsan nga, sa mismong kubo na kinamatayan niya, doon nangyayari ang kababalaghan ni Prisila at ni Kapitan.

Sabihin nating 'yong mga baling kawayan, sila ang maygawa noon. Kung ano man ang dahilan at walang alam si Manoy Luis, ito na nga siguro ang sinasabi ng buong baryo, na napakabait niyang tao, parang kalapati.

Biyernes na Biyernes, isang linggo pagkalibing kay Manoy Luis, nasa pampang ng ilog si Tikoy at ang pitong butog. Hawak ng isang butog ang bente nuwebe na hinasang mabuti kanina. Hawak ng isa pa ang mga talbos ng bayabas na ipapangata kay Tikoy. Biyernes din nang sinaksak ni Tikoy si Manoy Luis sa dalampasigan. Di ito alam ng mga butog.

Bakit pumayag kang turion na 'yan, tanong ng isang butog noong isang araw. Gusto nang umiyot. Tawanan. Sa pagitan lang nilang magkapatid ang katotohanan tungkol kay Manoy Luis. Mabuti ngang nagdaluyong at umulang malakas nang gabing iyon, napakatagal na ulan na bumura sa ginawa ng kapatid niyang bunso. Tatlo lang silang nakakaalam: si Tikoy, si Manoy, posibleng si Luis. Kaso patay na.

Amuyin ko bibig mo? Panay ang sermon ni Manoy habang hila-hila siya sa kuwarto. Naglabas ng tuwalya, naglabas ng bihisan, panay ang sermon. Lintik ka talagang bata ka, saan ka nakiiinuman? Inubos ko lang naman 'yong tira ni Manoy Luis, Manoy. Ambata mo pa, lasing ka nang hamagan ka, nakikiinuman ka na? Inubos ko lang nga! Pero di naman nakikinig si Manoy. Magbihis na! Deputang bata ito, sabay labas ng kuwarto. Napailing na lang siya nang madaanan si Mamay na tinulugan na ang pagrorosaryo sa butaka. Sa loob ni Manoy, mabuti nang di nito malaman na nakikiinuman si Tikoy kay Manoy Luis. Halika na rito sa mesa, Tikoy! Higupin mo na ang demonyong sabaw na ito para di sumakit ang ulo mong deputa ka.

Manoy, sabi ni Tikoy habang pinapapak ang pakpak ng manok, nakatatlo na ako. Anong nakatatlo, dalawa lang naman ang pakpak niyan. Alam ni Manoy na paborito ni Tikoy ang pakpak kaya tinira niya pareho. Tatlo na ang tinira ko, Manoy. Shhhhh. Nataranta si Manoy pero tulad kanina, tulog pa rin naman si Mamay sa butaka. Turion mo na ako. Oo na, turion taka nang loko ka. Ubusin mo 'yang sabaw para di ka lagnatin. Sa loob ni Manoy, kapag nawala ang epekto ng alak sa kapatid, kakausapin niya ito na hindi pa panahon para magpaturi ang walong-taong-gulang na bata. Di naman interesado si Manoy na alamin kung ano pa ang tinira ng kaniyang kapatid. Akala niya 'yong gin. Akala niya 'yon lang.

Gusto nang mag-iyot. May syota ka na ba, 'Koy? Mayroon na bakit? Sino naman 'yan? Di ko ipapakilala baka agawin mo. Bata naman siguro 'yan, ayoko sa bata 'no, sabi ng butog. Di no, dalaga na, may suso na nga. Tawanan na naman ang mga butog, pati si Manoy, natawang maigi. Grabeng yabang mo 'Koy. Sino naman 'yan? Sikret. Ayaw niyang sabihin ang iniimadyin niyang kailusyon. 'Yong dalagang nakita niyang naliligo sa poso. Dayo lang naman 'yon, apo ni Manay Tisay na lumaki sa Maynila. Maputi, medyo pango lang, pero makinis ang balat. May nunal ito sa ilong na parang maliit na langaw. Gustong-gusto niya itong tingnan. Nang magbuhos ng tubig, nalipat ang tingin niya sa bangaw na tumatagos sa manipis na blusa.

Sa ilog, tawa nang tawa ang mga butog sa rason na binigay ni Manoy. Samantala, naglalangoy-langoy muna si Tikoy sa ilog. Mayamaya, lumangoy na rin ang mga binata.

Sa pampang, habang nagpapahinga, inabutan ng sigarilyo ni Manoy si Tikoy. O at mamaya binata ka na, puwede ka nang humithit. Ang totoo lagi naman na siyang pinapahithit ni Manoy pag

nagsisigarilyo sa bahay. Magaling na siya diyan. Marunong na siyang uminom. Marunong na siyang dumura nang malayo. Marunong na siyang sumipol. Kaya talagang tuli na lang ang kulang sa kaniya. 'Koy, 'Koy, pagkatuli sa'yo wag ka manonood ng bold, saka wag ka mag-isip ng bastos. Bakit naman? Totoong interesado si Tikoy. Tingnan mo 'to, ang yabang, sabi ng kuya mo, gusto mo na umiyot ah! Tawanan na naman ang mga binata.

Mag-aalas-tres na nang magdesisyon si Manoy na tapusin na ang pagtuli para di sila gabihin. Kanina pang tanghali hubo't hubad si Tikoy. Laro lang nang laro sa ilog. Halika na, tapusin na natin. Umupo na ang mga binata sa palibot ni Tikoy. Tig-iisa silang upuang bato. Steady ang kamay ng butog na may bente nuwebe. Ito 'yong anak ng orihinal na paraturi, sa kaniya tiniwala ni Manoy si Tikoy. Pinatayo lang si Tikoy sa ilog. Deretso ang tingin niya kay Manoy, matapang. Ngumiti si Manoy, saka kumindat. Handa na si Tikoy. Hawak-hawak na ng butog ang titi ni Tikoy nang maihi ito. Hindi paturayos kundi tulo na parang maliit na ilog. Nabitawan agad siya ng butog, sabay sabing, lusi! Gumagapang sa hita, papunta sa binti, patungo sa paa, pasabay sa ilog ang maligamgam na ihi ni Tikoy. Nanginginig na si Tikoy. Di mapigilan ang kaniyang balikat. Naninigas ang kaniyang mga kamay sa tagiliran. Di umiiyak si Tikoy. Pero tila nagblangko ang kaniyang mata. Nanlalaki ang mga butas ng ilong at kinakapos na sa hangin. Di niya mamamalayang sinalo siya ni Manoy nang manlambot ang tuhod at matumba, muntik pang tumama ang ulo sa bato. Di naman siya hinimatay, nanghina lang. Nang mapansing karga-karga na siya ni Manoy, saka umiyak nang umiyak si Tikoy.

Buhat-buhat ni Manoy ang nanlalabot na katawan ni Tikoy. Kanina sinubukan pang tumawa ng mga binata pero natakot sila

nang isa-isang tinitigan nang masama ni Manoy. Natataranta silang binihisan si Tikoy. Dahan-dahan siyang naglakad palayo sa mga kaibigan. Nagpaiwan ang anim na butog sa pampang ng ilog.

Padilim na nang makarating si Manoy sa daan pauwi. Nakasampay sa balikat niya ang ulo ni Tikoy. Normal na ang hinga. Bibili tayo ng Royal saka Bangus bukas. Pupunta tayo kay Lola, hihingi tayo sentimos, ha? Mahigpit na ang yakap niya. Magpapaluto tayo ng linukay kay Mamay, gusto mo? Hinigpitan pa niya ang yapos kay Tikoy. Tumatango-tango naman ang bata. Naramdaman ito ni Manoy sa kaniyang balikat. Mahaba na masyado ang biyas ni Manoy para maiikot sa katawan ng kapatid. Hinigpitan niya pa rin, pero maluwig talaga. Parang dudulas pa rin si Tikoy. Niyakap niyang todo ang kapatid habang naglalakad nang marahan. Padilim na. Napakatagal na pala niyang hindi umiiyak.

Cebuano

*Maikling
Kuwento*

HANNAH A. LECEÑA

Si **Hannah A. Leceña** ay isang guro. Siya ay kasalukuyang nag-aaral ng PhD in Malikhaing Pagsulat sa UP-Diliman. Isang spoken word performer mula sa Kiamba Sarangani, Rehiyon 12. Nakapagperform siya sa Performatura 2020 at 2023 ng Cultural Center of the Philippines. Fellow siya sa Davao Writers Workshop 2018, Iligan National Writing Workshop, IYAS National Writing Workshop, Silliman National Writing Workshop, Gemino Abad Seminar-Workshop for Teachers in Creative Writing, 5th Amelia Lapena Bonifacio Writing Workshop for Spoken Word, 16th Palihang Rogelio Sicat at 11th Kritika La Salle. Ang kaniyang mga Sugilanon at Nobela ay nakatanggap ng Jimmy Balacuit Literary Awards for Fiction, Satur Apoyon Prize First Place taong 2019 at 2023, 2nd Place PNU sa Normal Awards Nobelang Pangkabataan at Grand Prize Winner sa Lampara Prize, Middle Grade Category. Mababasa ang kaniyang mga katha at tula sa *Diliman Review*, *Dx Machina Volume 5*, *Luntian Online Journal*, *TLDTD*, *Katitikan*, *Kawing Refeered Journal*, *atibapa*. Ang *Jonas: Nobela sa Wikang Sebwan* ng Komisyon sa Wikang Filipino o KWF Publikasyon ang kauna-unahan niyang aklat. Kasapi siya ng Sarangani Writers League at SUSI. Recipient ng Publication Grant 2022 ng National Book Development Board.

BARGIT-HUROT

“Babaye. Gamayg buhok. Payat,” segun sa manambalan nga nagkupot sa kandila atubangan sa usa ka palanggana nga adunay tubig.

Miduol si Delya sa tambalan arun susihon pag-ayo ang sulod sa palanggana. Wala makalihok si Delya sa dihang naklaro niya ang tulo sa kandila nga naglutaw ibabaw sa tubig. Nagporma kini og babaye. Mora siya og gibubuoan og bugnawng tubig.

“K-kinsa?” pangutana ni Delya sa manambalan.

“Kaila ka kon kinsa. Naa lang sa imohang palibot,” dugang sulti sa iyahang kaatubang.

Paghuman sa pipila ka segundo, nakaigo na sa paglihok si Delya. Milingkod siya og balik sa iyahang puwesto. Gitan-aw niya ang tambalan. Kon kaganiha mora siya og naglutaw, karun mora siya og naunlod. Mora siyag nadat-ugan. Mora og nahugno iyahang kalibutan.

“Isumbalik nato o dili?” pangutana sa iyaha sa tiguwang nga manambalan.

Nilingi ni Delya ang bana nga si Bruno. Wala siya kabalo kon unsa ang angay bation. Malagot ba, maguol o masakitan. Kabalo siya nga kini ang hinungdan nganong naingun ato siya. Kung nganong kinahanglan niya mobiyahe sa layo nga munisipalidad sa Lake Sebu arun magpatambal sa Tboli nga si Saigon. Tungod sa iyahang bana nga nagluib ka niya. Tungod sa tawo nga gihigugma niya sa bug-os niyang kasingkasing. Tungod sa lalaki nga iyahang katapad karung taknaa! Ang lalaki nga iyahang gipili ug gipakamatyan! Ug mao sab kini nga lalaki ang mopatay kaniya!

Nanghupaw si Delya. Gigunitan ang gadako nga tiyan.

“Unsa man? Gusto ka mobalos?” pangutana pag-usab sa albularyo.

Gilingi pag-usab ni Delya ang bana. Gigunitan niini ang iyahang kamot nga kaganiha pa daw nawad-an og kusog. Nakahukom si Delya nga mopapauli usa sa ilahang balay ug mobalik na lang sa manambalan kon nakahuna-huna na kini. Samtang nagbiyahe morag wala sa kaugalingon si Delya. Wala sab niya tagda ang bana. Sukad sa pagsakay nila sa bus hangtud sa paghunong nilas terminal arun mosakay og traysikel nga maghatod sa ilaha pauli sa ilahang gamayng baryo.

Ngitngit na ang kalibutan sa dihang naabot silang Delya sa ilahang panimalay. Igo ra gyod nakapanirado og purtahan silang Bruno, kalit nga mitiyabaw si Delya pagsulod niini sa ilahang lawak. Miyaka kini sa salog sa ilahang kuwarto. Karun lang niya gigawas ang tinuod nga gibati. Morag karun lang niya gibati ang kaulkol sa iyahang samad.

“Tama pa lagi ko Bruno! Daan pa ko! Gipabarang kos kabit nimo!” ni Delya samtang gihapak-hapak ang bana nga gigunitan ang

iyahang abaga. Nakuratan si Bruno sa nahiaguman. Gialam-alaman niya ang babaye.

“Husto na Delya! Dugay na kaayo to! Ikaw ang gipili ko!” ni Bruno nga gigakos pag-ayo ang asawa.

“Pag-ipon mong duha, mga bugkot mo!!!!!!!” ni Delya nga wala na gyod kapugong sa iyahang kaugalingon.

“Nganong motuo man god kas albolaryo? Adto tag doktor! Ubanan tikas ospital!” sulti sa bana samtang giyugyog ang abaga sa asawa.

“Kung wala pa lang unta ka nanguwag!” ni Delya nga giwakli ug gituklod ang bana. Mipapahawa sa kuwarto si Bruno.

Miutong sa paghilak si Delya. Giutong niya ang tanan. Giluom ang kasakit nga giagian niadtong taknaa. Wala makabalo iyahang bana nga gikan na siya sa ospital apan walay makita ang doktor. Kinahanglan daw niini magpa-ultrasound arun makit-an kon nganong gadako man iyahang tiyan. Apan kadtong nagpa-ultrasound siya, wala gihapon *findings* kabahin niini. Kabalo siya nga sala kadto ni Virgi. Ang kabit sa iyahang bana nga iyahang gisukmatan pito ka bulan na ang milabay. Nagsugod kini niadtong misulong siya sa babaye arun sukmatan kini. Hapit niya kini mapa-Tulfo. Gipugngan lang siya sa mga paryente tungod kay uwaw kaayo pagpistahan sa ubang tawo ang ilahang ginasagubang mag-asawa. Kon si Delya ang paestoryahon pagkalami na lang gyod iwaragwag sa pisbuk ang tanan kabuang niadtong Virgi. Apan nagmuna-muna lang gyod siyag pugong sa kaugalingon. Apan walay adlaw nga dili mahinumduman ni Delya ang iyahang nakita niadtong gabiuna. Nasakpan niya ang babaye ug ang bana nga naghimog milagro sa balay nila. Ipademanda unta niya ang duha apan miingon iyahang ugangan nga ayuhon sa ilahang

pamuyo. Maong ania pa karun si Bruno sa iyahang kiliran. Maong nag-uban gihapon sila sa usa ka balay. Bisan pag dugay na silang nawaskag.

“Dili. Mobalos ko. Sa impiyerno na lang mi magkita!” ni Delya nga gipahiran ang luha. Migawas kini sa ilahang panimalay. Gikuha niini ang panabas sa ilahang kusina og migawas sa ilahang nataran. Paingon kini sa ilahang silingan nga si Virgi. Gisundan kini sa bana.

“Huy Virgi! Gawas dirang buanga ka!” ni Delya nga nagdala og sundang sa tugkaran sa iyahang silingan nga si Virgi. Muna-muna og bira si Bruno sa asawa nga niadtong taknaa maoy pinakaisog sa ilahang purok. Nagpunay kinig singgit. Nanggawas ang mga tawo gabieng dako. Ang uban nga mga babaye nagtapok dayon ug nanghunghunganay sa daplin.

Kalit nga migawas kadtong Virgi sa dihang nadungog ang iyahang pangalan. Naka-shorts ra kini.

“Naunsa man ka. Gabie na! Maulaw pod kas mga tawo dinhi!” ni Virgi samtang misiplat kang Bruno.

“Ayaw pagkuno-kunong buanga ka! Ikaw ang kabit unya ikaw pang isog!” ni Delya nga niadtong taknaa morag dragon nga mibuga og kalayo.

“Kay si kinsa ba diay ang nanulong dinhi?” ni Virgi nga giulang pod sa iyahang amahan nga si Manong Arturo na niadtong taknaa nagtak-in sab og 45.

“Virgi, sulod!” sugo niini.

“Tama na na! Maulaw mo sa inyuhang mga silingan!” singgit sa inahan ni Virgi nga si Anastasya.

“Sensya na kaayo, Kol,” ni Bruno nga gikuha ang panabas kang Delya nga niadtong taknaa nangagot ang ngipon. Nagsige og tulo ang luha niini. Nangurog ang tibuok kalawasan.

“Imuha na nang bana mo! Wa manay lami!” ni Virgi ug unya misulod sa ilahang panimalay.

Nibagting ang dalunggan ni Delya. Dali niya nga gigukod kadtong Virgi ug gibira ang buhok niini Natuwad kini ug nalusdak. Mibalos si Virgi kang Delya gitamparos pod niya kini ug nagsumbanganay silang duha nga mora og mga boksidor! Gilarot ni Virgi si Delya ug gitamparos sabi ni Delya kadtong Virgi. Nagkaguliyang ang mga tawo sa pag-ulang sa duha ka babaye. Gialsa ni Bruno ang asawa pauli sa ilahang balay.

“Naunsa naman kang bayhana ka!” ni Bruno nga nalagot sa asawa.

“Wa pa ka kamove on?” pangutana niini kang Delya nga nagbakho. Wala kini nibuhiang pulong hangtud nagbuntag.

Pagkabuntag niana nibiyahe na dayon silang Delya uban ang banang si Bruno paingon sa Lake Sebu. Ang bus hangtud lang man sa munisipalidad sa Surallah maong kinahanglan niya mosakay og van paingon sa munisipyo, gikan didto kinahanglan na sab nila mosakay og habal-habal paingon sa baryo kon asa nagpuyo si Saigon ang manambalan. Sa ilahang biyahe paingon didto nakita ni Delya ang halapad kaayong palayan og mga gagmayng payag. Daghan tingalig mag-uuma didtong dapita. Aduna sab lawa nga adunay mga tilapia. Nakita sab niya nga daghan buwak sa kadalanan. Apan wala kini nakahatag kaniyang kalipay. Nakig-uyon sab sa iyahang gibati ang panahon tungod kay nikalit ra man sab og bundak ang uwan didtong dapita, nanilong intawon ang mga langgam, kabog ug uban

pang mananap nga kaganiha naglatagaw sa kahanginan. Mora sab og nakiglamano ang mga kahoy kang Delya kay giwagwag man niini ang mga sanga sa iyahang pag-agi.

Wala gihapon sila nag-estoryahanay sa bana nga si Bruno gikan pa kaganiha sa pagsakay sa traysikel paingon sa terminal hangtud sa pagsakay sa bus paadtog Surallah, ug bisan pa sa ilahang pagbiyahe sakay sa van paingon sa Lake Sebu. Bisan pa gani og usa lang ka-habal-habal ilang giangkasan padulong sa bukid nila Saigon, wala silay tagdanay. Albolaryo ang Lolo ni Delya. Nagpatambal siya sa iyahang Lolo niaging bulan kadtong nagsugod og dako iyahang tiyan. Apan wala kini laing mahikaplagan. Maong giingnan siya nga pangitaon si Saigon. Ang pinakagamhanang manambalan sa Lake Sebu. Tinuod nga layo ang lugar sa manambalan, apan ang tanan giagwanta ni Delya arun lang gyod matambalan iyahang balatian. Karun kabalo na siya sa angay niyang buhaton.

“Maayong buntag, Nong,” pangatahuran ni Delya kang Saigon sa ilahang pag-abot.

“Lingkod mo, lingkod,” agda niadtong Saigon nga niadtong taknaa nanabako. Niinom kini og kape. Gihagad niini og kape silang Delya apan nagdumili kini. Si Bruno lang.

“Unsa man imohang desisyon, Day?” pangutana sa tiguwang sa babaye.

“Mobalos ka?” dugang pa niini.

Sa walay pagduha-duha nitubag si Delya.

“Bargit-hurot,” tubag ni Delya sa manambalan og gidunol sa tiguwang ang sobre nga adunay kuwarta. Nidako ang mata ni Bruno sa pagkakita niini.

“Unahon una nato ang pagkontra sa barang sa imoha,” matud pa sa manambalan kang Delya.

“Unahay na lang mi kon kinsa ang una matigbak,” ni Delya dayon mipapahawa. Walay nasulti ang manambalan ug miyango na lamang kini.

Sa dalan wala na intawun makaagwanta si Bruno.

“Naunsa naman ka, Delya! Ginoo ko!” ni Bruno nga wala ganahi sa giingon ni Delya kaganiha.

“Kabalo ka nga dautan ang mangdaot Delya!” tubay pa niini.

“Nganong giubanan mo man ko diri?” pangutana ang tubag ni Delya sa pangutana sa bana nga niadtong taknaa wala sab nakatubag.

Sa biyahe, mitalikod si Delya sa bana ug misilip sa bintana sa bus. Bisan sa ilahang pagpauli wala gihapon sila nag-estoryahanay. Pagbalik sa ilaha, nagluto si Delya og panihapon, nanghugas ug plato, ug namalantsa og uniporme ni Bruno nga sul-ubon ugma sa duty niini sa usa ka Substation sa ilahang lugar. Nahinanok sab og tulog si Delya nga mora og wala ray nahitabo.

Pipila ka semana ang milabay nabaniog sa tibuok nilang lugar ang nahitabo sa ilahang silingan nga si Virgi. Ang amahan ani nga si Arturo gidagan sa ospital tungod kay kalit lamang kining nahapla sa ilahang panimalay. Ingon sa uban hayblod kuno. Apan baskog kaayo ang lawas niini. Naga-jogging pa gani kini matag buntag. Ang tsismis nga naabot kang Delya, nawad-an kini og panan-aw. Nabuta! Diabetis daw.

Nagpatay-mali si Delya sa nadungog apan miagik-ik siya sa hilom.

“Awa ra kang bayhana ka. Tan-awun nato kinsay mapildi nato!” ni Delya samtang gipang-payl ang iyahang mga baligya sa

tindahan. Wala gihapon maayo ang iyahang sakit, gadako gihapon iyahang tiyan. Apan adunay kalipay sa iyahang gibati. Ang kalipay nga makabalos kang Virgi. Apan kinahanglan gihapon niya adtuang ang manambalan nga si Saigon. Kinahanglan niya tingali maningil sa iyahang mga pautang nga 5-6 arun makakwarta na usab. Layo-layo pod ra ba ang Lake Sebu. Mahal na pod ang pamasaha sa bas. Ug dako-dako sab ang angay niya nga ihatag sa manambalan.

Gabie na kadto, maoy pag-abot sa iyahang bana nga si Bruno gikan nagwardiya.

“Una na og kaon, naa nay niluto,” ni Delya sa bana nga naglingkod sa ilahang sofa.

“Mao na to no? Neepekto nag yod. Tong kay Saigon.” ni Bruno nga nangutana sa asawa bahin sa nahitabo ilang Virgi.

“Thilom nang baba mo kon dili ka gusto maapil,” ni Delya sa bana.

“Naunsa naman ka, Delya! Wa gyod ka nakamove on? Diba giestoryahan naman nato nis barangay! Wala naming Virgi! Naghusay na ta didto!” ni Bruno sa asawa.

Nakalitan si Delya sa tinubagan sa bana. Misingka sab siya.

“Kay kinsa diay ang sala aning akong kahimtang? Ug wala man lang ka nabalakang bugkot ka!” ni Delya kang Bruno unya misulod dayon kini sa kwarto. Iyahang gipanguha ang mga sanina niini sa ilahang urukan. Gilabay niya kini kang Bruno.

“Kay ngano, kaipunon naka niadtong, Virgi? Sige pag-uban mo! Nganong wala pa man ko nimo gibayaan? Ha? Tungod kay wala kay mahimo kon wala ko!” ni Delya sa lalaki.

Wala makapugong ang lalaki, iyahang gilaparo si Delya. Sa tumang kakusog nahisukamod si Delya sa sofa.

“Iundang na ni Delya! Husto na!” ni Bruno nga namugong intawun kay basin tingali mawalop sa iyahang kinumo ang babaye.

Mitindog ug mitalikod si Delya ug gitakluban ang pagkaon sa lamesa ug nisulod sa ilahang lawak.

Pagkasunod adlaw niana wala dayon makabakod si Delya. Wala na si Bruno sa ilahang panimalay. Sa huna-huna ni Delya midiritso kinis gitrabahuan. Maayo na lang. Segun ni Delya sa kaugalingon. Dili niya gusto makita ni Bruno nga nalisdan siya. Nagtikagrabe ang iyahang balatian. Nagngutngut ang iyahang tiyan, duol sa iyahang apdo. Nagadako gihapon kini. Apan, kadtong buntaga, mibangon gihapon siya og nagdigamo. Iyaha intawung giagwanta arun lang gyod makapaningil sa mga silingan. Miadto siya sa karinderya sa silingan nga si Totsi.

“Huy Delya, musta man?” pangutana sa babaye sa iyaha,

“Aw, okay ra man Tots, ikaw? New hair lagi ta ay,” ni Delya nga nagpahiyom.

“Maaayo man, Del, dugay na ni oy. Magpagwapa gyod, kay mouliay si Mister,” ni Totsi kang Delya.

“Ana gyod,” ni Delya nga gilipot ang mga mata sa karinderya ni Totsi.

“Pero ikaw ba, morag namayat man ka. Nanglupad pod ka, wala kayay nandaot sa imoha, Del?” ni Totsi samtang giukay-ukay ang mga sud-an.

“Nagdiet ko, Totsi,” pamakak ni Delya sa silingan.

“Huy babaye, kabalo ba ka nga imohang mortal enemy sayo kaayo nanghawa kaganihang kadlawun?” pamalita sa babaye kang Delya. Nagpaduol kini kang Delya. Adunay gihunghong.

“Moadto daw og manambalan, kay morag gibarang,” tug-an niini sa iyaha.

“Mao ba? Na! Tingalig daghan kaaway nang bayhana,” ni Delya sa kaestorya.

“Dungog ko, daghan daw nalain anang bayhana kay daghan pod daw og uyab-uyab!” ni Totsi.

Kalit nga misurok ang dugo ni Delya.

“Unya Mare, musta naman mo ni Bruno basig nagapadayon lang gihapon nang duha ha,” ni Totsi.

Wala makatubag si Delya. Apan nalagot siya pag-ayo. Nahinumduman na sab niya ang panghitabo nga naaktuhan gyod niya ang duha nga nagkiyod-kiyod sa kuwarto nila ni Bruno. Ang mga animal. Mga walay batasan. Lami kaayo pamatyon. Asuy niya sa kaugalingon.

“Ay Totsi, maningil diay ko ba!” ni Delya nga bag-o ra nakahinumdom sa tuyo niya sa silingan.

“Ay diay no. Tingsingil naman diay karun,” agik-ik ni Totsi ug gidunol ang selopin sa kwarta kang Delya.

“Sa kadaghan nimog kwarta Day makapalit naman kag laki oy, nganong wala pa man nimo na gipashoot to kill imohang bana hahahhaha,” komedya pa ni Totsi.

Mipahiyom lang si Delya ug mipapauli.

“Atik-atik ra Day ha, komedya ra ning akoa, basig tinud-on nimo, hahaha!” ni Totsi na gihapak ang abaga ni Delya.

“Sige, day, dinhi sa ko,” pananghid ni Delya nga miadto sa palengke arun singlon ang ubang utangan sa iyaha.

Pag-uli ni Delya sa ilahang balay, palong gihapon ang mga suga niini. Wala mipauli si Bruno sa ilaha kay nag-duty kini. Luag

kaayong katre sa paminaw ni Delya. Apan naanad na siya. Tugnaw gihapon bisag katapad niya ang bana nga si Bruno. Gibati gihapon ni Delya ang iyahang tiyan. Matag adlaw galain iyahang pamati. Hinay-hinay siya nga ginapatay niini. Niinom siya og tambal nga herbal maoy ingon sa iyahang Lola nga inumon arun maolian siya. Apan wala gihapon kini epekto. Sunod semana moadto siya kang Saigon arun susihon kon unsa na ang dagan sa tanan. Wala pa man siya mahikatulog gibati niya ang iyahang tiyan nga mora og nag alibasol. Midigwa siya maong kalit siya nga midagan sa ilahang kasilyas arun musuka!

Dali nga gibugwak ni Delya ang tanang sulod sa iyahang tiyan. Halos milagat ang iyahang mata sa nakita. Gisuka niya ang mga ukok, ulod, apan-apan ug mananap gikan sa iyahang tiyan. Nahadlok pagayo si Delya ug nagdagandagan pasulod sa iyahang kwarto. Kabalo siya nga si Virgi kadto.

“Aha kaya nakapangita og manambalan ang igat nga Virgi!” ni Delya samtang gitrapuhan ang nawung.

Pagkabuntag wala na gihulat ni Delya si Bruno nga makauli. Paghuman niya og luto og pamahaw nanarado siyag tindahan. Nagilis. Lain kaayo ang paminaw ni Delya. Mora siyag naglutaw apan bug-at kaayo ang iyahang gibati. Wala siya kasabot. Nagsakit gihapon ang iyahang tiyan.

Paglabay niya sa nataran nilang Virgi wala gihapon kini tawo. Sa dungog ni Delya gipadoktor niini ang amahan nga hapit na mabuta. Kalit ra sab kini namayat. Sa huna-huna ni Delya angay lang kini kay Manong Arturo kay mora sab nig sikinsa sa ilahang lugar. Lain sab ang batasan ani kon mahubog, maghari-hari dayon sa ilahang purok unya manghulga og mga tawo.

Miagi siya sa karinderya nilang Totsi apan sarado kini. Wala panumbalinga ni Delya ang mga tawo nga nagtapok sa gawas sa ilahang panimalay. Dali siya nga mipara og traysikel arun magpahatod sa terminal sa bas paingon sa Surallah arun makaabot sa Lake Sebu, ngadto kang Saigon.

Pag-abot ni Delya sa manambalan naglingo-lingo kini.

“Day, nikusog pag-ayo ang barang, dili na nako ni makaya,” segun sa manambalan kang Delya.

“Buhata ang angayng buhaton Nong,” ni Delya samtang gitunol ang baga nga sobre nga adunay kwarta.

“Nahitabo naman ni, humanon na lang nato,” ni Delya samtang gigunitan ang tiyan.

“Kusog-kusog ni,” matud ni Saigon nga milab-ok sa iyahang usa ka tasa nga kape.

“Himua lang ang tanan, Nong.” ni Delya. Nangurog ang tingug niini. Sa huna-huna ni Delya, maayo na lang wala miuban sa iyaha ang bana.

“Kinahanglan nato ayuhon imohang balatian Day,” matod pa sa tiguwang nga nakakita sa nahiaguman sa babaye.

“Kay kon dili, tingali—”

“Himua lang imohang makaya Nong,” ni Delya nga niadtong taknaa wala na gipahuman ang gisulti sa manambalan.

“Dawat na sab nako ang tanan,” asuy ni Delya. Miduko kini. Kahilakon apan walay luha nga mitulo sa iyahang aping.

Mibiyaha si Delya pauli sa ilaha. Nakita niya ang mga kabog nga naglatagaw sa kahanginan, sa kadalanan nakita niya nga nikuyos ang mga buwak. Mao na ni iyahang kinaulahi pang pag-adto kang Saigon, maoy sulti niya sa kaugalingon.

Hapon na nakauli silang Delya sa ilaha. Nangabri na og karinderya si Totsi. Nawala na sab ang mga silingan nga nagyampungad sa dalan arun libakun siya. Dali nga misulod si Delya sa ilahang panimalay. Apan naabtan niya ang bana nga si Bruno nga nagkurog sa ilahang sofa.

Giduol ni Delya ang bana nga nagkurog-kurog. Gitapion niya ang iyahang kamot sa agtang niini.

“Ginoo ko!” ni Delya nga nakabati og kaguol. Taas kaayo ang kalintura sa bana. Hinay kaayo ang pulso niini. Nagsulirat ang mata niini morag nagsalimuang.

Dali nga gialsa ni Delya ang bana paingon sa kuwarto. Nagpakitabang kini sa mga silingan apan walay nakadungog sa iyaha.

Busa dali nga migawas si Delya ug nag-atang og traysikel paadto unta og ospital. Apan dugay kaayo siya nakasakay. Naabtan niya silang Virgi nga bag- o ra pod nakauli. Daghan og mga tawo sa ilang tugkaran. Aduna sab gitaud nga trapal. Taud-taod adunay mihunong nga sakyanan sa ilang tugkaran. Nanimbawot ang balahibo ni Delya sa pagkakita nga adunay lungon nga gida’yongan ang mga tao. Pagkakita ni Virgi sa sulod sa lungon, natiyabaw kini. Sa huna-huna ni Delya ang inahan ni Virgin nga si Anastasya ang mipanaw. Nanggawas ang mga silingan, nadunggan ni Virgi nga kalit lang daw nga giatake sa kasingkasing ang inahan ni Virgi kadtong walay tao sa ilahang panimalay kay tua sa ospital si Virgi ug iyahang amahan. Nakita ni Delya si Virgi nga nagkamatay og hilak. Mitan-aw kini sa iyaha. Mga mata nga nasakitan. Mibalik si Delya sa sulod sa ilahang balay arun tan-awun ang bana. Nitiyabaw siya susama sa usa ka mananap nga nagtinga. Ug paghuman niana migawas siya pag-usab, gidala siya sa iyahang mga tiil sa tugkaran nilang Virgi.

BARGIT-HUROT

(Salin sa Wikang Filipino)

“Babae. Maiksi ang buhok. Payat,” wika ng manambalan na may hawak na kandila sa harap ng isang palangganang may tubig.

Lumapit si Delya sa manambalan upang tingnan kung ano ang laman ng batya. Hindi siya nakagalaw nang kaniyang matiyak kung ano ang lumulutang sa ibabaw ng tubig. Kandilang hugis-babae. Para siyang binuhusan ng malamig na tubig.

“S-sino?” tanong ni Delya sa kausap.

“Kilala mo kung sino. Nasa paligid mo lang,” dagdag pa ng kaniyang kaharap.

Pagkatapos ng ilang segundo, nagawa nang igalaw ni Delya ang katawan. Umupo siya pabalik sa kaniyang puwesto. Tiningnan niya ang manambalan. Kung kanina pakiramdam niya para siyang lumulutang, ngayon naman para siyang nalulunod. Para siyang binagsakan ng mabigat na bagay. Gumuho ang mundo ni Delya.

“Gustomobanggumanti?” tanong ng matandang manambalan.

Nilingon ni Delya ang asawa na si Bruno. Hindi niya alam kung ano ang dapat maramdaman. Magagalit ba? Mangangamba? O masasaktan? Alam niyang ito ang dahilan kung bakit siya

nagkaganoon. Kung bakit kinailangan niyang bumiyaha sa malayong munisipalidad ng Lake Sebu upang magpagamot sa T'boli na si Saigon. Dahil sa banang nagtaksil sa kaniya. Dahil sa taong minahal niya nang buong puso. Dahil sa lalaking katabi niya ngayon. Ang lalaki na pinili niya hanggang kamatayan ngunit ito rin ang lalaking nanloko sa kaniya.

Isang buntonghininga ang pinakawalan ni Delya. Hinawakan niya ang lumolobong tiyan.

“Gusto mo bang maghiganti?” tanong ulit ng manambalan.

Muling nilingon ni Delya ang asawa. Hinawakan nito ang kaniyang kamay na kanina pa pinanawan ng lakas. Napagpasyahan ni Delya na umuwi sa kanilang bahay. Babalik na lang siya kapag alam niya na kung ano ang isasagot. Sa biyahe parang wala siya sa sarili. Hindi niya rin kinikibo ang bana. Mula sa pagsakay nila sa bus hanggang sa terminal, pati pagpara nila ng traysikel sa sakayan pauwi sa kanilang munting baryo. Nanatiling tahimik ang katahimikan.

Madilim na nang makarating si Delya sa kanilang bahay. Saktong isinara ng banang si Bruno ang kanilang pinto nang biglang pumalahaw si Delya sa loob ng kanilang kuwarto. Ngayon niya lang inilabas ang lahat. Ngayon niya lang ininda ang humahapdi niyang sugat.

“Tama ang hinala ko! Pina-barang ako ng kabit mo!” wika ni Delya habang hinahampas ang bana na noon ay kanlong-kanlong siya. Nagulat si Bruno sa ginawa ng asawa. Pilit niyang pinakalma ang babae.

“Tama na, Delya! Matagal na iyon! Ikaw ang pinili ko!” sagot ni Bruno habang yakap ang asawa.

“Mga walanghiya! Magsama kayong dalawa!” sigaw ni Delya na hindi na napigilan ang sarili. Sa mga pagkakataong iyon ay ibinuhos niya ang matagal nang kinikimkim.

“Bakit ka ba naniniwala sa mga manambalan? Pumunta tayo sa totoong doktor! Sasamahan kita sa ospital!” sagot ng bana habang niyuyugyog ang braso ng asawa.

“Kung hindi ka lang malandi!” wika ni Delya at itinulak ang bana. Lumabas sa kuwarto si Bruno.

Nangilid ang luha ni Delya. Humagulgol siya. Lingid sa kaalaman ng asawa, galing na siya sa ospital ngunit walang nakita ang mga manggagamot. Kailangan niya raw magpa-ultrasound para makita kung bakit lumalaki ang kaniyang tiyan. Ngunit wala pa rin itong silbi. Alam ni Delya na kagagawan ito ni Virgi. Ang kabit ng kaniyang bana na kinompronta niya pitong buwan na ang nakalilipas. Nagsimula lang ito no’ng sinumbatan niya ang babae. Muntik niya na itong mapa-Tulfo. Pinigilan lang siya ng mga kamag-anak dahil nakakahiya raw kung pagpistahan ng mga tao ang problema nilang mag-asawa. Kung si Delya ang tatanungin, kating-kati na rin siyang ibandera sa Facebook ang pinagagawa no’ng Virgi. Ngunit pinigil niya ang sarili. Pero walang araw na hindi naaalala ni Delya ang nakita niya noong gabing iyon. Noong gabing nahuli niya ang babae at ang bana na malayang nag-uulayaw sa bahay nila. Ipapademanda niya sana ang dalawa ngunit nakialam ang mga magulang ni Bruno. Ang sabi ng kaniyang biyenang ayusin na lang nila ang kanilang relasyong mag-asawa. Kaya hanggang ngayon ay katabi niya pa ito. Kaya hanggang ngayon nagsasama pa rin sila sa iisang bubong kahit matagal na rin naman silang gumuguho.

“Hindi! Gaganti ako! Sa impyerno na lang kami magkita!” bulalas ni Delya habang nagpapahid ng luha. Lumabas ito sa kanilang bahay. Dali-dali nitong kinuha ang sundang sa kusina at lumabas sa kanilang bakuran. Sinundan ito ni Bruno.

“Huy, Virgi! Lumabas ka riyani!” sigaw ni Delya habang hawak-hawak ang sundang. Iwinawasiwas nito ang sundang sa hangin. Hinila ni Bruno ang asawa na noon ay hindi nakaramdam ng takot. Nagsisisigaw ito. Nagsilabasan naman ang mga tao sa kanilang mga bahay. Ang ibang mga babae ay nagbulungan.

Biglang lumabas iyong Virgi nang marinig nito ang kaniyang pangalan. Naka-shorts lang ito.

“Ano bang nangyayari? Gabi na! Mahiya ka naman sa mga tao rito!” bulalas ni Virgi, sumulyap ito kay Bruno.

“Huwag kang magmaang-maangan! Ikaw itong kabit pero ikaw pa itong matapang!” sigaw ni Delya na noong mga sandaling iyon ay tila dragon na nagbubuga ng apoy.

“Sino ba ang sumugod dito? Ikaw!” sagot ni Virgi na inawat din ng kaniyang amang si Mang Arturo na may sukbit na 45.

“Virgi pasok!” utos nito.

“Tama na ‘yan! Mahiya naman kayo sa mga kapitbahay!” sigaw ng ina ni Virgi na si Aleng Anastasya.

“Pasensiya na po,” wika ni Bruno na kinuha ang itak na hawak ni Delya na noon ay nagtitiim ang bagang. Tumutulo ang luha nito. Nanginginig ang buong katawan.

“Sa iyo na ang asawa mo!” sagot ni Virgi saka pumasok sa kanilang bahay.

Nagpanting ang tainga ni Delya. Agad niyang hinabol si Virgi at hinila ang buhok nito. Natumba silang dalawa. Gumanti si

Virgi kay Delya, sinampal niya ito at nagsuntukan silang dalawa na parang mga boksingero. Di magkamayaw ang mga tao sa pag-awat sa dalawang babae. Agad na hinila ni Bruno ang asawa pauwi sa kabilang pamamahay.

“Ano na bang nangyayari sa iyo!” ni Bruno na halatang nainis sa asawa.

“Hindi ka pa ba nakaka-move on?” tanong ng lalaki kay Delya na noon ay humihikbi.

“Move on?! Move on mo mukha mo!” sigaw ni Delya. Pagkatapos ay wala na siyang binitiwang salita buong magdamag liban sa luha.

Kinaumagahan agad na bumiyahe si Delya kasama ang asawang si Bruno patungo sa Lake Sebu. Hanggang sa Surallah lang ang bus na kanilang sinakyan kaya kinailangan pa rin nilang sumakay ng van patungo sa munisipalidad ng Lake Sebu. Mula roon ay sasakay sila ng habal-habal papunta sa baryo kung saan nakatira ang manambalan na si Saigon. Sa kanilang biyahe, nakita ni Delya ang napakalawak na palayan at maliliit na kubo. Sa isip niya pagsasaka ang trabaho ng mga tao roon. May mga lawa rin na maraming isda, tilapia ang mga ito. Nakita niya rin ang maraming bulaklak na tumutubo sa daan. Hindi ito nakapagbigay sa kaniya ng kaligayahan. Tila umayon naman sa kaniya ang panahon dahil bigla na lamang bumuhos ang ulan, nagpasilong ang mga ibon na nag-uulayaw sa himpapawid. Kumakaway rin sa kaniya ang naglalakihang mga punong nadaraan.

Hindi pa rin sila nag-uusap ng bana mula sa pagsakay sa traysikel patungo sa terminal papunta sa Lake Sebu at kahit pa

magkaangkas nga silang dalawa sa iisang motorsiklo paakyat sa bukid kung saan naroroon si Saigon. Isa ring manambalan ang lolo ni Delya. Nagpatulong siya sa kaniyang lolo noong nakaraang buwan, noong nagsisimula pa lang na lumaki ang kaniyang tiyan. Ngunit wala rin itong nakitang solusyon. Kaya pinagsabihan siya nito na hanapin si Saigon. Ang pinakamagaling na manambalan sa kanilang lugar.

Alam ni Delya na malayo ang lugar ni Saigon ngunit tiniis ni Delya ang lahat para mapuntahan lamang ang matanda upang maipagamot lamang ang kaniyang karamdaman. Ngayon ay alam niya na ang isasagot. Alam niya na kung ano ang gamot para sa kaniyang karamdaman.

“Magandang umaga, Nong,” bati ni Delya kay Saigon.

“Maupo kayo! Upo,” alok ni Saigon habang nananabako. Humigop muna ito ng kape. Niyaya rin nitong magkape si Delya ngunit tumanggi ito. Si Bruno lamang ang nagkape.

“Anong pasya mo?” tanong ng matanda sa babae.

“Maghiganti o magpagamot?” tanong ulit nito.

Hindi nagdalawang-isip si Delya.

“Bargit-hurot,” wika ni Delya sa manambalan at inabot ang isang sobre na naglalaman ng libo-libong pera. Nanlaki ang mata ni Bruno nang makita ito.

“Ang una muna nating gawin ay kontrahin ang barang sa iyo,” wika ng manambalan kay Delya.

“Hindi. Mag-unahan na lang kami kung sino ang unang mamamatay,” matigas na sagot ni Delya at agad na umalis. Hindi na rin nagawa pang sumagot ng manambalan.

Habang nasa daan ay hindi na napigil ni Bruno ang sarili.

“Ano ba ang nangyayari sa iyo, Delya! Diyos ko!” bulalas ni Bruno na hindi nagustuhan ang sinabi ni Delya kanina.

“Alam mong masama ang mambarang Delya!” dagdag pa nito.

“Bakit ka ba sumama sa akin?” tanong ni Delya sa bana na hindi rin nakasagot.

Sa buong biyahe, tumalikod si Delya sa asawa at sumilip sa bintana ng bus. Pauwi na sila sa kanila nang hindi pa rin nag-uusap. Pagdating sa kanila, nagluto si Delya ng hapunan, nanghugas ng plato at namalantsa ng uniporme ng bana na susuotin nito sa duty kinabukasan. Natulog din ito nang mahimbing na para bang walang nangyari sa araw na iyon.

Ilang linggo ang dumaan, usap-usapan sa buong lugar ang nangyari sa kanilang kapitbahay na si Virgi. Ang Tatay nito na si Mang Arturo ay biglang isinugod sa ospital dahil bigla lamang itong nakitang wala nang malay sa kanilang tahanan. Sabi ng iba, altapresyon. Ngunit malusog ang katawan nito. Katunayan, nag-jojogging pa nga ito tuwing umaga. Ang tsismis na nasagap ni Delya, nawalan daw ito ng paningin. Nabulag! Diabetes daw.

Nagpatay-malisya si Delya sa narinig ngunit palihim siyang napangiti.

“Buti nga sa iyong babae ka! Ngayon tingnan natin kung sino ang mananalò! Matira ang matibay!” wika ni Delya habang inaayos ang kaniyang mga ibinebenta sa tindahan. Hindi pa rin maayos ang kaniyang lagay, lumalaki pa rin ang kaniyang tiyan. Kinailangan niya ring puntahan ulit si Saigon. Naalala niya, kailangan niya ring maningil sa kaniyang mga pautang na 5-6 upang magkapera ulit. Malayo ang Lake Sebu. Mahal ang pamasaha at kailangang medyo malaki-laki na ang ibibigay niya sa manambalan.

Gabi na at hinihintay niya ang banang si Bruno mula sa substation kung saan ito nagtatrabaho bilang guwardiya.

“Kumain ka na, may ulam na ryan,” ani Delya sa bana na nakaupo sa kanilang sofa.

“Yon na ba? Umepekto na. ‘Yong kay Saigon.” wika ni Bruno na ang tinutukoy ay ang nangyari sa kapitbahay nilang si Virgi.

“Itikom mo ‘yang bibig mo kung ayaw mong madamay,” wika ni Delya sa asawa.

“Ano na ba ang nangyayari sa ‘iyo Delya! Hindi ka pa rin ba talaga nakaka-move on? Di ba pinag-usapan na natin ‘to sa barangay! Wala na kami ni Virgi! Tapos na ang lahat!” sigaw ni Bruno sa asawa.

Nagulat si Delya sa naibulalas ng bana. Nagtaas din siya ng boses.

“Sa tingin mo, sino ba ang may kagagawan ng sakit kong ito? Hindi ka man lang nag-alala sa akin! Buwisit ka!” sigaw ni Delya at agad na pumasok sa kuwarto. Kinuha niya ang mga damit ng asawa sa aparador at itinapon ito.

“Bakit? Gusto mo na bang pumunta kay Virgi!?! Hala, sige! Magsama kayo! Bakit hindi mo pa ako iniiwan hanggang ngayon? Ha? Kasi wala kang magagawa kung wala ako!” mas malakas na sigaw ni Delya sa lalaki.

Hindi na nakapagpigil ang lalaki, sinampal nito si Delya. Sa sobrang lakas ng pagkakasampal, napaupo si Delya sa sofa.

“Itigil mo na ito, Delya! Tama na!” wika ni Bruno na pinipigilan pa rin ang sarili, baka masuntok niya ang babae.

Tumayo at tumalikod si Delya. Itinabi nito ang pagkain sa mesa at pumasok sa loob ng kanilang kuwarto.

Noong sumunod na araw, hindi kaagad bumangon si Delya. Wala na si Bruno sa kanilang pamamahay. Sa isip ni Delya baka dumiretso ito sa trabaho. Buti na lang. Wika ni Delya sa sarili. Ayaw niyang makita siya ni Bruno na nahihirapan. Lumalala ang kaniyang sakit. Namimilipit sa sakit ang kaniyang tiyan, malapit sa kaniyang apdo. Lumalaki ito. Ngunit bumangon pa rin siya kahapon upang maghanda ng pagkain. Ngayon ay muling bumangon si Delya. Tiniis niya ang lahat upang maningil ng utang sa mga kapitbahay. Pumunta siya sa karinderya ng kapitbahay na si Totsi.

“Huy, Delya, kumusta na?” tanong ng babae sa kaniya.

“Aayos lang naman, Tots, ikaw? New hair tayo a!” sagot ni Delya na nakangiti nang pilit.

“Aayos lang, Del, matagal na ‘to! Nagpapaganda, siyempre, kasi pauwi na si Mister,” tugon ni Totsi kay Delya.

“Dapat lang,” saad ni Delya habang inililibot ang mga mata sa karinderya ni Totsi.

“Pero ikaw, parang pumayat ka. Namumutla ka rin. Hindi ka kaya kinulam Del?” tanong ni Totsi habang hinahalo ang ulam.

“Nagda-diet ako Totsi,” pagsisinungaling ni Delya sa kapitbahay.

“Huy, babae, alam mo ba na ‘yong mortal enemi mo umalis kaninang madaling araw?” pamalita ng babae kay Delya.

Lumapit ito kay Delya. May ibinulong.

“Pupunta raw sa manambalan, kasi kinulam,” pagtatapat nito sa kaniya.

“Gano’n ba! Baka maraming kagalit ang babaeng ‘yan!” wika ni Delya.

“Ang narinig ko, marami raw naiinis sa babaeng ‘yan, dahil maraming nobyo!”

Nagpanting ang tainga ni Delya.

“O Mare, kumusta na kayo ni Bruno? Baka niloloko ka pa rin ng dalawang ‘yan ha,” tanong ni Totsi.

Hindi nakasagot si Delya. Galit ang kaniyang nararamdaman. Naaalala niya na naman ang nangyari noong naaktuhan niya ang dalawa sa kuwarto nila ni Bruno. Mga hayop. Mga walang modo. Pakiramdam niya gusto niyang pumatay!

“Siya nga pala, Totsi! Maniningil ako!” ani Delya na noon lang din naalala ang kaniyang pakay sa kapitbahay.

“Ay, oo nga pala ‘no! Bayaran na pala ngayon,” natatawang sabi ni Totsi at inaabot kay Delya ang selopin na naglalaman ng pera.

“Sa dami ng pera mo Day, makakabili ka na ng lalaki. Bakit hindi mo pa ipa-shoot to kill ‘yang asawa mo! Ha-ha-ha!” biro pa ni Totsi.

Ngumiti lamang si Delya at kinuha ang sobre.

“Biro lang, Day, ha, baka totohanin mo, ha-ha-ha!” sabi ni Totsi habang hinahampas ang balikat ni Delya.

“Sige, Day, alis na ako,” pagpapaalam ni Delya na agad pumunta sa palengke upang maningil sa iba pang may utang sa kaniya.

Pag-uwi ni Delya, wala pa ring ilaw ang kanilang bahay. Hindi pa nakakauwi ang asawang si Bruno mula sa trabaho. Maluwang ang kama para kay Delya. Ngunit nasanay na rin siya. Malamig pa rin kahit pa katabi niya ang banang si Bruno. Iniinda pa rin ni Delya ang kaniyang tiyan. Araw-araw niya itong iniinda. Dahan-dahan siyang pinapatay nito. Uminom na siya ng gamot na herbal tulad ng sabi ng

kaniyang lola upang gumaling siya. Ngunit wala pa rin itong epekto. Kahit ang mga dahon at ugat ng mga tanim at kahoy. Sa susunod na linggo ay muli siyang pupunta kay Saigon upang usisahin kung ano na ang susunod nilang hakbang. Hindi pa siya dinadalaw ng antok nang biglang sumakit ang kaniyang tiyan. Naduduwal siya kaya bigla siyang tumakbo pumunta sa CR upang sumuka.

Agad na isinuka ni Delya ang lahat ng laman ng kaniyang tiyan. Halos lumuwa ang kaniyang mata. Isinuka niya ang mga ipis, at iba pang insekto mula sa kaniyang tiyan. Natakot si Delya. Pumasok siya muli sa kanilang kuwarto. Alam niyang si Virgi ang may pakana ng lahat. May bahagi sa puso ni Delya na gusto niya ring makitang nahihirapan o nasasaktan ang babaeng iyon.

“Saan kaya nakahanap ng mambabarang ang malanding babaeng iyon!” bulalas ni Delya habang pinupunasan ang mukha.

Kinaumagahan, hindi na hinintay ni Delya si Bruno na makauwi. Pagkatapos niyang magluto ng agahan nagsarado siya ng tindahan. Nagbihis. Hindi maganda ang kaniyang pakiramdam. Para siyang nakalutang ngunit mabigat ang kaniyang pakiramdam. Hindi niya naiintindihan ang nangyayari sa kaniya. Namimilipit sa sakit ang kaniyang tiyan.

Pagdaan niya sa bakuran nina Virgi wala pa ring tao roon. Ang dinig ni Delya sinamahan nito sa doktor ang Tatay na malapit nang mabulag. Biglaan din itong nangayayat at sa isip ni Delya, dapat lang ‘yon kay Mang Arturo. Ngunit wala siyang masasabi sa Nanay ni Virgi. Napakabuting babae ni Aleng Anastasya, aniya sa sarili. Pero iba ang bana nitong si Mang Arturo. Parang isang kung sino ito sa kanilang lugar kung umasta. Lagi pang nagdadala ng baril sa likod at nananakot ng mga tao kapag nakainom.

Dumaan din si Delya sa karinderya nina Totsi ngunit sarado rin ito. Hindi na pinansin ni Delya ang mga taong nagkukumpulan sa labas ng kanilang mga bahay. Agad siyang pumara ng traysikel upang magpahatid sa terminal sa bus papunta sa Lake Sebu, papunta kay Saigon.

Pagdating ni Delya sa manggagamot, napailing ito.

“Day, masyadong malakas ang barang, hindi ko kayang kontrahin” ang wika ng manambalan kay Delya.

“Gawin ninyo ang kailangang gawin, Nong,” tugon ni Delya habang iniaabot ang mas makapal na sobre na naglalaman ng pera.

“Nangyari na ang nangyari, tapusin na natin,” dagdag pa ni Delya habang hinahawakan ang tiyan.

“Malakas ito,” ani Saigon habang humihigop ng isang tasang kape.

“Gawin mo ang lahat, Nong,” sagot ni Delya. Nanginginig ang boses nito. Buti na lang hindi niya kasama ang bana.

“Kailangan nating pagalingin ang karamdaman mo Day,” babala ng matandang lalaki na nakakita sa kalagayan ng babae.

“Dahil kung hindi—”

“Gawin mo na lang ang sinabi ko, Nong. Bargit-Hurot,” panggigiit muli ni Delya na noon ay nakabusangot na ang mukha. Ang sama na ng kaniyang lagay.

“Tanggap ko na rin ang lahat,” wika ni Delya. Nakayuko siya. Gusto niyang umiyak ngunit walang luhang tumutulo sa kaniyang pisngi.

Bumiyahe si Delya pauwi sa kanila. Nakita niya ang mga uwak at ibong nag-uulayaw sa himpapawid. Sa gilid ng kalsada, nakita niya

ang natutuyot na mga halamang kulay dilaw. Ito na ang huli niyang pagpunta kay Saigon, bulong niya sa sarili. Ngumiti siya nang pilit.

Hapon na nang nakauwi si Delya sa kanila. Nagbukas na ng karinderya si Totsi. Wala na rin ang mga kapitbahay niya na nagkumpulan sa daan para libakin siya. Papasok na sana si Delya sa loob ng kaniyang bahay nang makita niya ang bagong dating din na si Virgi sakay sa traysikel. Maraming tao sa kabilang bahay. Nagtayo rin ng trapal. Maya-maya ay tumigil ang isang sasakyan sa daan. Tumindig ang balahibo ni Delya nang makita ang kabaong na pinagtulungang kargahin ng mga tao. Noong makita ni Virgi ang kabaong, humagulgol ito. Sa isip ni Delya, may namatay! Lumabas ang mga kapitbahay. Lumapit din si Totsi.

“Anong nangayari?” tanong ni Delya kay Totsi. Nanginginig ang kaniyang boses.

“Inatake raw sa puso si Aleng Anastasyo,” sagot nito kay Delya.

“Wala raw tao sa bahay nina Virgi dahil nasa ospital ito, nagpaggamot sa Tatay,” dagdag pa ni Totsi.

Napipi si Delya sa narinig. Natigalgal siya. agad siyang tumakbo papasok sa kanilang bahay. Natagpuan niya ang bana si Bruno na nakahiga sa kanilang sofa. Nilapitan niya ito.

“Bruno!” wika niya ngunit hindi ito sumagot. Idinantay ni Delya ang kamay sa noo ng lalaki.

“Diyos ko!” wika ni Delya nang makitang inaapoy ng lagnat ang bana! Parang nagdedelahiryo!

Agad na binuhat ni Delya ang asawa papasok sa kanilang kuwarto. Agad niya itong pinainom ng gamot. Dali-dali siyang lumabas upang pumara ng traysikel at isugod sa ospital ang bana ngunit walang sasakyang nagdaraan. Napakamot ng ulo si Delya.

Napansin niya ang mga tao sa kabilang bahay nina Virgi. Maraming tao. mula sa kinatatayuan niya naririnig niya ang palahaw ni Virgi. Parang atungal. Umiyak din ang mga kamag-anak nito. dahan-dahang inihakbang ni Delya ang paa patungo sa bakuran nina Virgi. Hindi niya ininda ang hapdi ng kaniyang sugat. Hindi niya pinansin ang nakakapasong tingin ng mga kamag-anak ni Virgi. Dahan-dahan siyang pumasok. Tiningnan siya ng mga tao na naroroon mula ulo hanggang paa.

Kanina pa siya tinatawag ni Totsi ngunit umasta siyang hindi niya ito naririnig. Lumapit siya hanggang sa isang dipa na lamang ang layo niya sa babaeng payat, maiksi ang buhok, ang babaeng sinasabi ng manggagamot na nagpakulam sa kaniya.

Lumingon si Virgi kay Delya. Lumingon din si Delya sa kaniya. Ngayon niya lang ito nakita nang malapitan. Nakita niya ang namamaga nitong paa at panglalalim ng mga mata. May tumubong rin sa balat nito na mga galis at may nana. Napayuko si Delya at nilingon ang kabaong. Hindi siya lumapit. Nanginginig ang kaniyang katawan. Wala siyang binigkas na salita. Dapat maging masaya siya dahil nangyari na ang nangyari. Panalo siya!

Ngunit nagmadali siyang umalis doon. Nanginginig ang kaniyang katawan habang iwinawasiwas ang kamay sa mga traysikel na madadaan. Nalito siya kung ano ang gagawin. May traysikel na huminto sa kaniyang harapan. Sumakay agad si Delya sa traysikel. Kailangan niyang magmadali. Kailangan niyang sumakay ng bus papuntang Surrelah, kailangan niyang umarkela ng single na motor para umakyat sa banwa ni Saigon. Kailangan niyang puntahan si

Saigon bago sumikat ang araw bukas. Sa kaniyang pagsakay, hindi napigil ni Delya ang pagpatak ng mga luha sa kaniyang mata.

Kinaray-a

Sanaysay

GENEVIEVE L. ASENJO

Propesor ng panitikan at malikhaing pagsulat si **Genevieve L. Asenjo** sa Pamantasang De La Salle sa Maynila. Kasama siya sa 2018 *Cultural Center of the Philippines Encyclopedia of Philippine Art (Literature)* para sa kaniyang mga akda sa Kinaray-a, Hiligaynon, at Filipino. Ang kaniyang mga bagong aklat ay *Ang Iitim na Orkidyas ng Isla Boracay: Mga Kuwento* (UP Press, 2021) at *Indi Natun Kinahanglan kang Duro nga Tinaga sa Atun Tunga/Hindi Natin Kailangan ng Maraming Salita sa Ating Pagitan: Mga Tula sa Kinaray-a & Filipino* (UP Press, 2021) na bahagi ng *Philippine Writers Series 2021* ng LIKHAAN: UP Institute of Creative Writing. May online platform siya na *Balay Sugidanun* (House of Storytelling). Ilalabas ng *Aklat Alamid* ang kaniyang libro ng kuwentong-pambata sa Kinaray-a at Filipino ngayong 2022, ang *Buhok nga Naglimpyo kang Suba/Ang Buhok na Naglinis ng Ilog*.

PAREHAS KANG MGA PISPIS, KAG ANG EBANGHELYO KANG PANAHOON

1.

Sa duyan ako, sa kamalig, sa bungyod ingud ka balay. Asul ang langit. Puti ang mga gal-um. Amihan ang hangin. May darwa ka pispis nga naghapon sa puno kang doldol sa atubangan kang kamalig sa pihak kang karsada. Sa likod kang mga kahoy, ang bungyod kang taramnan. Nagapatag dya parayü sa akun panurukan, direktso sa hilera kang kawayan kag mga kahoy nga nagatago kang sapa. Saka sa hagdan-hagdan nga taramnanan. Kita ko man ang paglupad kang mga dapay panaug sa mga taramnan nga dya. Ang andang paghugpà sangka puti nga dekorasyon kandyang aga.

2.

Nalipay ako sa ralantawun nga dya. May pagtingala. Daw indi ako makapati nga may amò pa kadya nga ralantawun sa paguli ko rügya sa probinsiya sa ikarwa nga tuig kang pandemya. Daw indi ako makapati nga nakauli ako. Daw indi ko mapatihan ang tanan nga dya. Kag nagatingala ako sa dyang akon daw-indi-pagpati.

3.

Nalantaw ko dyang ralantawun bangod nakapuwesto ako. Kita ko sanda pero indi ko man-an ang andang ngaran, ang andang sahi.

Ukon basi makilala ko sanda kon makita ko sa rapit? *Umbok? Maya? Kilyawan?* Indi ako sigurado. Pero posible. May dara ako nga binocular. Military grade. Gin-order ko sa Amazon. Pero kon bul-un ko dyang binocular sa bag sa balay—kadya mismo—mahimo wara run ako it maabutan, bisan isara kananda, pagbalik ko.

Kisra, may namangkot kanakun: paano ikaw nagahimo kang desisyon?

4.

Photograph it, post, or it did not happen. Piktyuran ko? I-video? Ma-zoom in. Mapost ko sa Facebook: *ID, please.*

Pero nagaload ang akun iPhone; mastream ako sa duyan kang “The Worst Person in the World.” Norwegian. Para sa sangka abyan, amo dya ang “the best 2021 movie” nga nalantaw na. Napost niya dya sa Facebook kag nagkomento ako nga “inbox, please.” Pinadara na ang link. Kuri ang internet dya sa probinsiya. Mapuüt ang paglo-load kon gagamitin ko ang camera. Basi may paagi nga wara ko lang naman-an?

Bangod indi ako sigurado, nagpokus ako sa masarangan ko: magmulalüng sa darwa ka pispis sa sanga kang puno kang doldol sa atubangan sa karsada. Na-notisyahan ko ang mga la’yong nga sanga kang akasya nga nagasab-it sa doldol. Darwa man. Gagmay, parehas kang mga pispis. Berde kag la’yong nga mga dahon run kadya ang ginalantaw ko. Wara

nanda ginatabunan ang darwa ka pispis bangod sa sanga ang mga dya nga wara run it mga dahon.

Nakita ko sanda, ang mga pispis, bangod hublas ang mga sanga!

Kasanagun sa ikarwa ka adlaw kang Simbang Gabi—18 Disyembre 2021—nagtupà rugya kanamun ang Bagyo Odette. Sa Sur kami kang Antique kag abay sa maagyan nga mata kang bagyo. Kadya lang liwan, pagkatapos kang sobra darwa ka dekada, hambal ka nga mal-am nga naduraan kang bubong ang andang balay (Norte ang pirme ginaagyan kang bagyo diretso sa Samar-Leyte, parehas katung 2013—ang Haiyan/Yolanda).

5.

Naglupad ang sangka pispis. Nagsunod man lagi ang sara pa. Sin-o kananda ang bayi? Ang nauna ukon ang naurihi? Nami siguro kun indi “ang naurihi” kundi “ang nagsunod.” “That’s what women do, they leave,” nadumduman ko nga hambal kang sangka laki nga karakter sa pelikula kang Coen Brothers, ang *No Country for Old Men*.

Andüt man nga natandaan ko tana dya? Ano ang ginahambal na kadya parte kanakun?

6.

Nastream ko ang “The Worst Person in the World.” Amo dya ang eksena kang bulaganay: ginatimplahan kang kape kang laki ang bayi. Hambal ka bayi: “We need to talk.” Kag nag-intiendihanay dun sanda, nga amo run dya ang umpisa kang andang katapusan. Pero hay may bargaining man nga natabo sa urihi nanda nga pakiglawas pagkatapos kang linya kang laki nga, “Leave, if that’s what you want.”

Sa iPhone ko, may nagtamyaw kang “Merry Christmas.” May sugpon nga emoji kang Christmas Tree. Halin sa sangka laki na ginpalangga kag ginhandum mangin bana. Amo lang dya sabat na sa sangka video nga ginpadara ko kang natumba nga mga kahoy sa karsada kag narangga nga bubong ka akun kamalig bangod kay Odette.

Nadumduman ko nga nagpadara tana kang USD 500 para sa sangka relief operation nga gin-organisa ko para sa Norte kang probinsiya katung Bagyo Yolanda. Nalingkag man sa mga nalantaw nga video kang Tacloban. “Ano ang ginahimo ka inyong gobyerno?” Komento na.

Husto bala nga masungon ako kana kadya sa kakulangan na kang pag-unong sa natabo sa akon kamalig? *Ako run mismo ang biktima! Pamilya ko, komunidad!* Pero andut nga may amo ako kadya gihapon nga paglaum? Daw gobyerno pag-abot sa ayuda kag pagpangutang sa iba nga pungsod.

Mga manggaranon nga pungsod. Indi dapat. Bukon na ako obligasyon. Luwas pa, indi ko mabatas magpadayon mangin abyan sa sangka tawo nga kulang sa simpatiya. *Ano bala, kada tuig ginabagyo ang Pilipinas!* Indi ko gusto kang bug-at sa pinsar kag dughan sa kon sin-o kanamun ang “the worst person in the world.”

Sa akon atubangan, ang hublas nga kamatuoran: nag-abot run ang panahon kang tayuyon nga paglupad parayu.

Amo ako kadya nagahimo kang desisyon: nagasarig sa bugay kang panahon.

7.

Kon panahon ang tanan sa kabuhi, kag kon amo isarig mo lamang sa panahon ang paghimo kang desisyon, sangka kahuyangan dya bangod pagka-ignorante sa pagka-traidor man nga kinaiya kang panahon.

Kapintas sa kaugalingon kag isigkatawo.

“Slow violence,” hambal ni Rob Nixon. Amo dya ang pagkabig na sa epekto ka mga indi-lagi-makita ukon amat-amat mo lang makita, parehas kang pagtablug kang basura kang mga manggaranon ng pungsod sa mga imol nga pungsod. Parehas abi kang ginpadara nga tone-tonelada nga basura kang Canada rugya kanatun sa Pilipinas. “Delayed destruction,” kumpara sa “weapons of mass destruction.” Para mapunggan

dya, ginapatihan ni Nixon nga dapat tugruan kang itsura, kang lawas dyang mga indi-lagi-makita nga katalagman para ma-aksyunan lagi.

8.

Hasta sangka adlaw antes mag-abot ang Bagyo Odette, naglibot ang patrol kang lokal nga National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) hasta sa amon, sa surudlon nga mga baryo kang amon banwa. Liwan-liwan ang pagbantala kang manug-abot nga bagyo: Signal #5. Kag abay kami sa Sur nga maagyan halin sa Negros kag Iloilo hasta sa ginalauman nga pagkatunaw kadya sa dagat.

Pero hay iba gid man ang “may naman-an” sa “nagapati.” Kag bangod bukon tanan nga naman-an mo ginapatihan mo, wara it kolektibo kag ara-dayon nga aksyon. Wara’t pagpreparar parehas kang pagtapas kang mga kahoy nga gahilay sa karsada, sa likod balay, sa tanan nga maagyan. Wara it pagbakwit kang mga hayop.

“Maiwan ka guid karia,” hambal nanda. Ano guid kuno abi ang mahimo mo. Ang DepEd gani may opisina pa. Wara pa tapos ang 2021, saku run ang mga bugto ko nga maestra kag maestro sa pagpreparar sa pagbalik kang face-to-face nga klase. Tubtob wara it memo, padayon report nanda sa eskuwelahan.

Relax lang, kada tuig may bagyo.

Malubas lang man ra.

Hasta mag-abot ang baskug nga hangin sa madulom nga hapon sa nakatakna nga adlaw. Nagabagrüt. Hasta mag-gabii. Daw bulldozer; may unto nga nagatulod-tikwas. Nagatiririkadol lang sa sagwa. Hasta sa kasanagun, kag sa bilog nga adlaw kang masunod nga adlaw.

Nangin tuod ang Signal #5. Madulom nga gabii ang itsura na kadya kag ang lawas amo ang kandila nga liwan nangin marahalon. Indi-lagi-makita nga kapintas ang paglaum kang mga “survivor” para sa ayuda nga sangka putos kang sardinas kag noodles. Ang presyo kang generator kag gasolina kag ang dapug kang gasolina kang generator, kag ang pagpila para magcharge—nga may bayad—sa balay kang kon sin-o maysarang-sarang sa baryo.

Nasapwan nga nagsang-at sa mga sanga kang siregwelas kang ingud-balay ang bubong kang akon kamalig. *Abaw, mayad lang!* Sa taramnan rapit sa suba napurot ang naglupad nga mga sinas kang bubong kang amon parayan sa likod-balay. Naghibi ang amon 75-tuig nga Tatay: naluoy sa mga saku kang paray nga nabasa.

9.

Ano tana ang natabo sa mga pispis?

Indi nanda kinahanglan kang tawo nga magluwas kananda.

10.

Kinahanglan kang indibidwal, kag kang komunidad, nga magdesisyon para sa ana/anda kaugalingon nga kaluwasan. Ano ang mahimo nga ara-dayon nga aksyon?

*Ang pagkilala kang emerhensiya nga makita sa adlaw-adlaw. Bawal ang pagtutod kang mga la'yong nga dahon, ilabi na ang plastik. Kang mga basura. Kontra sa Clean Air Act. Kadü sa palibot, kadü sa ikamayad kang lawas. Indilagi-makita ang asthma, ang pagkarangga kang bagà. Pero duro ang nagahimo kadya sa mga baryo. Adlaw-adlaw, aga kag hapon. Wara it nagareklamo. Wara man it nagadakup. Ilabi na pagkatapos kang bagyo. Bangod dasig. Hulas ang pagsunog kaysa pagsara-sara pain kang *Mga Nagadunot* sa *Mga Wara Nagadunot*. Ang nami nga palibot amo ang limpyo nga palibot. Hawan. Higku ang pagkabig sa nagahurulog-rapta kag la'yong. Bukon pa dominante ang pamensaron nga abono dya sa lupa kag ang iba na pa nga benepisyo. Ukon basi tuod gid man dya: duro tamad.*

11.

Sangka baratyagon ang pagdayáw, nga may pagtingala bangod daw-indi-mapatihan. Sa kasaysayan kang pilosopiya halin pa sa mga tudlo ni Longinus, amo dya ang eksperyensya kang *sublime*, sangka espiritwal nga engkuwentro sa makagagahum, sa halangdon nga kaanyag, kag may dara dya nga pamatyag kang kalapad. Ekspansyon. Ginapamatud-

an man dya kang duro run nga pagtuon sa sikolohiya kag neuroscience, ang positibo nga emosyon nga napukaw kang dyang pagdayaw sa katingalahan. May kalipay sa pagkilala nga bukon ordinaryo ang imo ginatamdan, gina-eksperyensya. *Kalapad kang Kalibutan! Duro ang mga tinuga kag sahi kang kabuhi! May Diyos! Buhi ang mga Maaram nga Mal-am!*

Sa akon pagdayáw-tingala, nakaguwa ako sa akon kaugalingon. Bukon dun lamang metapora ang mga pispis, ang suba. Bukon dun lamang simbolo ang mga kahoy, ang bukid. Ginaselebrar ko sanda sa anda pisikal nga kamatuoran.

Kag may kakulba, kalangkag, kakugmat sa dyang akon pagdayáw-tingala. Amo nga ginakatingalahan ko dya mismo.

Hasta mahangpan ko dya sa *The Great Derangement: Climate Change and the Unthinkable* (2016) ni Amitav Ghosh. Isara sa mga ginaistorya na rugya ang kaso kang Sundarbans, ang kagubatan kang bakhawan kang Bengal Delta. Lain run ang nagakaratabo, pinasahi ang geyolohikal nga proseso: nagadasig nga nagadasig ang ilig kang tubig kag dungan na kadya nga mga elemento nga sa sulod kang sangka gabii, nagakatiphag ang mga kilid kang suba, dara ang kabalayan kag mga nagaistar rugya. Sa lain nga bahin, sa unahan, may masulpot nga tumpok kang lao. Sa sulod kang pira ka semana, makita nga nagalapad ang baras sa binit-baybay. Buhi ang lupa, hambal ni Ghosh. Nagtaas anang pagkilala kag kabalaka sa mga puwersa kang mga *indi-tawo-*

nga presensiya. Ang tubig, ang suba — ginabag-o nanda ang palibot; nagahimo sanda kang bag-o nga mga palibot. Dyang **pagkilala**, diskurso ni Ghosh, lain sa **pagkadiskubre** nga naandan naton patihan nga buot hambalon, *kadya pa lamang* nagakatabo. Pagpati na, rugya run dya, sa aton sulod, amo nga nangin posible ang pagdara kanaton sa *kaaram*. Ang kaaram nga dya naghaling sa *nadura*, sa *natabunan*, sa *nakita liwan*. Amo nga *nakilala* mo dya, tana, bangod may ideya ka run o imahe. Sa anang kaso, ang buhi nga handumanan, ang mga istorya kang inagyan ka anang kamal-aman: nagbakwit ang mga dya halin sa Suba kang Padma katung tunga-tunga kang 1850 sa kadya kilala nga Bangladesh paagto sa kilid kang Suba kang Ganges sa Bihar, India. Nagbakwit sanda bangod nakilala nanda ang kahadluk kag kakugmat sa pagtaas kang tubig sa suba. Kang bata tana, ginsagap na dyang ginhalinan nga komunidad ka anang kamal-aman kag wara run it nabalikan. Sa pag-istar nanda sa Dhaka, nakilala na man ang bagyo: sa kabaskug kadya, nangin lawa ang gamay nga fishpond kag nagragasa pasulod sa andang balay ang tubig. Duro pa ang pamilyar nga istorya kang kalamidad.

Sa kaso namon, ang mga suba sa mga bukid nga barangay nagatigbaylo sa karsada bangod wara it tubig; wara it pag-awas bisan pa kon tag-ururan. Kag pagkatapos kang Bagyo Odette, ang kakugmat dara kang hangin kag uran nga nagaranga kang mga balay kag propyedad, nagabawi kang kabuhi kang tawo kag hayop. Tuod run dya sa amon, indi run lamang sa Norte kag sa iba pa nga mga rehiyon sa

pungsod nga ginabalita sa TV kag ginalantaw sa social media. Natumba ang duro nga mal-am nga kahoy, paratandaan kang puno kag punta kang mga ginapanag-iyahan nga teritoryo; parasirungan kang tawo kag hayop, balay kang mga istorya ilabi na kang mga engkanto kag murto. Kag sa andang pagkadura sa panurukan, indi run madumduman. Ang paglipat.

12.

Ginpaguwa ko sa bag ang binocular. Para handa bisan ano nga oras. Nagamit ko gid man sangka hapon, pasaka sa batalan ukon open-air shower (nga ginlupad man ni Odette ang sambilog na kadya nga dingding nga nagatabon-atubang sa kamalig). Nakita ko sa sangka puno liwan kang doldol sa likod-balay ang hilera kang mga pispis. Gagmay. Maitum-itum, abú-abuhon.

Nagbalik ako sa balay para bul-on ang binocular. Naabutan ko sanda pagbalik kag buhay pa antes magrulupad. Indi ko man gihapon man-an andang ngaran, kag daw indi run man gid importante para mabuol nanda ang bug-os ko nga atensyon, nga daw sa akon kamangù sa andang ngaran kag sahi, ang pagka-pispis lamang nanda ang importante, kag husto run dya nga rason para dayawon ko—magdayáw ako—sa andang presensiya.

Mga Obra nga Namitlang

Ghosh, Amitav. *The Great Derangement: Climate Change and the Unthinkable*. Chicago: The University of Chicago Press, 2016.

Nixon, Rob. *Slow Violence and the Environmentalism of the Poor*. Cambridge: Harvard University Press, 2021.

Sanaysay sa Kinaray-a at Filipino ni Genevieve L. Asenjo

TULAD NG MGA IBON, at ang Ebanghelyo ng Panahon

1.

Nasa duyan ako, sa kamalig, sa burol katabi ng bahay. Bughaw ang langit. Puti ang mga ulap. Amihan ang hangin. Dumadapo ang dalawang ibon sa punong doldol sa harapan ng kamalig sa kabila ng kalsada. Sa likuran ng mga puno, ang maburol na palayan. Pumapatag ito palayo sa aking paningin hanggang sa hilera ng kawayan at mga punongkahoy na tumatago ng sapa ng aking kabataan. Umaakyat sa hagdan-hagdang palayan. Natatanaw ko rin ang paglipad ng mga dapay pababa sa mga palayang ito. Sa kanilang panandaliang pagtigil, isa silang puting palamuti sa mga umaga tulad ngayon.

2.

Namamangha ako sa tanawing ito. Namamangha na mayroon pang ganitong tanawin sa pag-uwi kong ito sa probinsiya sa ikalawang-taon ng pandemya. Namamangha ako na nakauwi ako. Ikinamamangha ko ang lahat ng ito. At namamangha ako sa aking pagkamangha.

3.

Nakikita ko ang aking mga nakikita dahil nakapuwesto ako.

Nakikita ko sila ngunit hindi ko alam ang kanilang pangalan, o uri.

O baka makikilala ko sila kung makikita ko sa malapitan? *Umbok? Maya? Kilyawan?* Hindi ako sigurado. Pero posible. May dala akong binocular sa pag-uwing ito. Military grade. Bili sa Amazon. Pero kung kukunin ko ang binocular sa bag sa bahay—ngayon din—malamang wala na ang mga ito, o kahit isa sa kanila, pagkabalik ko.

Paano ka gumagawa ng desisyon? Tanong sa akin minsan.

4.

Photograph it, post, or it did not happen. Kunan ko kaya ng larawan? O i-video? Ma-zoom in. Ma-post ko sa Facebook: *ID, please.*

Pero naglo-load ang aking iPhone; magsi-stream ako sa duyan ng “The Worst Person in the World”. Norwegian. Tinuturing na “the best 2021 movie” na napanood ng isang kaibigan. Na-post niya ito sa Facebook at nagkomento ako na “inbox, please.” Pinadalhan niya ako ng link. Mabagal ang internet dito sa probinsiya. Mapuputol ang paglo-load kung gagamitin ko ang camera. O baka may paraan na hindi ko alam?

Dahil hindi ako sigurado, nagpokus ako sa kaya ko: tumutok sa dalawang ibon sa sanga ng puno ng doldol sa harapan sa

kalsada. Napansin ko ang mga tuyong sanga ng akasya na nakasabit sa doldol. Dalawa rin. Maliliit, tulad ng mga ibon. Luntian at kayumanggi na ngayon ang mga dahon na nakikita ko. Hindi nila natatabunan ang dalawang ibon dahil nasa sanga ang mga ito na nalagasan ng mga dahon.

Nakita ko sila, ang mga ibon, dahil sa hubad na mga sanga!

Madaling araw ng pangalawang Simbang Gabi—18
Disyembre 2021—tumama rito sa amin ang Bagyo Odette. Nasa Sur kami ng Antique at kasama sa daanang mata ng bagyo. Ngayon lang uli, pagkatapos ng higit dalawang dekada, bukambibig ng matatandang nawalan ng bubong ang kanilang bahay (Norte ang madalas daanan ng bagyo patungong Samar-Leyte, katulad noong 2013—Bagyong Haiyan/Yolanda).

5.

Lumipad ang isang ibon. Sumunod na rin agad ang isa pa. Sino sa kanila ang babae? Ang nauna o ang nahuli? O siguro hindi “ang nahuli” kundi “ang sumunod.” “That’s what women do, they leave,” naalala kong sabi ng isang lalaking tauhan sa isang pelikula ng Coen Brothers, ang *No Country for Old Men*.

Bakit tumatak ito sa akin? Ano ang sinasabi nito tungkol sa akin?

6.

Na-stream ko ang “The Worst Person in the World.” Ito ang eksena ng hiwalayan: ipinagtitimpla ng kape ng lalaki ang babae. Ito ang wika ng babae: “We need to talk.” At nagkaintindihan na sila, na ito na ang simula ng wakas. Bagaman may bargaining na nangyari at huling pagniniig pagkatapos ng linya ng lalaki na, “Leave, if that’s what you want.”

Sa iPhone ko, may pagbati ng “Merry Christmas” na may karugtong na emoji ng Christmas tree. Galing sa lalaking dati kong minahal at inasam maging asawa. Ito ang tanging sagot niya sa isang video na pinadala ko ng mga natumbang puno sa kalsada at nasirang bubong ng aking kamalig dahil sa Bagyong Odette.

Naalala kong nagpadala siya ng USD 500 para sa isang relief operation na inorganisa ko para sa norte ng probinsiya noong Bagyo Yolanda. Nagimbal siya sa mga napanood na video ng Tacloban. “Ano ang ginagawa ng inyong gobyerno?” Naalala ko pang komento niya.

Magtatampo ba ako ngayon sa kaniya sa kakulangan niya ng simpatiya sa nangyari sa aking kamalig? *Ako na mismo ang biktima! Pamilya ko, komunidad!* Pero bakit umaasa pa rin ako? Hindi ako dapat umasta tulad ng gobyerno ko pagdating sa ayuda at pangungutang kaugnay sa ibang bansa. Sa mayayamang bansa. Hindi niya ako obligasyon. Gayunman,

hindi ko kayang patuloy na makipagkaibigan sa taong kulang sa pakikidalamhati. *Taon-taon binabagyo ang Pilipinas!* Ayaw ko ng bigat ng pag-iisip at pagdamdam sa kung sino sa amin ang “the worst person in the world.”

Tinatambad nito ngayon ang hubad na katotohanan: dumating na ang oras ng tuluyang paglipad palayo.

Ganito ako nagdedesiyon: nagtitiwala sa biyaya ng panahon.

7.

Kung ang lahat sa buhay ay panahon, at kung gayon magtitiwala ka lamang sa biyaya ng panahon—na ito ang magdedesisyon para sa iyo—isa itong kahinaan dahil kamangmangan sa mapaglansi ring katangian ng panahon.

Karahasan sa sarili at kapwa.

“Slow violence,” sabi ni Rob Nixon. Tukoy niya ito sa hindi kaagad nakikita, o nakikita paunti-unti, tulad ng pagtapon ng basura ng mayayamang bansa sa mahihirap na bansa. Tulad ng Pilipinas na pinadalhan ng tone-toneladang basura ng Canada. “Delayed destruction,” taliwas sa “weapons of mass destruction.” Para masangga ito, pinapanukala ni Nixon ang pagbibigay ng hugis, ng katawan, ng mukha sa hindi-kaagad-nakikitang-banta na ito para sa agarang aksyon.

8.

Hanggang isang araw bago ang Bagyong Odette, lumibot ang patrol ng lokal na National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) hanggang sa amin, bulubunduking barangay ng bayan. Paulit-ulit ang anunsyo ng paparating na bagyo: Signal #5. At kasama kami sa Sur na madadaan mula Negros at Iloilo hanggang matunaw ito sa dagat.

Ngunit iba ang “may alam” sa “naniwala.” At dahil hindi lahat ng nalalaman ay pinapaniwalaan, walang kolektibo at agarang aksiyon. Walang paghahanda katulad ng pagputol ng mga kahoy sa kalsada, sa likod bahay, sa lahat ng madadaan. Walang pagbakwit ng mga hayop.

“Maiwan ka guid karia,” anila. Ano ba naman talaga raw ang magawa. Ang DepEd nga may pasok pa. Sabi ng mga kapatid kong guro, naghahanda na sila sa pagbabalik ng face-to-face na klase.

Relax lang, taun-taon may bagyo.

Dadaan lang 'yan.

Hanggang dumating ang malakas na hangin sa hapon ng nakatakdang araw. Nanggigigil. Hanggang sa gabi. Parang bulldozer; may ngipin na tumutulak-tiklop. Hanggang sa madaling araw, at buong araw ng sumunod na araw.

Naging totoo ang Signal #5. Madilim na gabi ang mukha nito at nagsakatawan sa pagbabalik sa kandila. Hindi-nakikitang-karahasan ang pag-asa ng mga nasalanta sa ayuda na supot ng sardinas at noodles; sa presyo ng generator at gasolina at amoy ng gasolina ng generator, at ang pagpila sa pag-charge—may bayad—sa bahay ng maykaya sa barangay.

Natagpuang sumangat sa mga sanga ng sinegwelas ng kapitbahay ang bubong ng aking kamalig. Sa palayan naman malapit sa ilog napulot ang lumipad na mga yero ng bubong ng aming parayan o imbakan ng palay sa likod-bahay. Umiyak ang aming 75-taong Tatay.

9.

Ano ang nangyari sa mga ibon?

Hindi nila kailangan ng tao na magsasalba sa kanila.

10.

Kailangan ng indibidwal, at ng komunidad, na magdesisyon para sa kanilang sariling kaligtasan. Ano ang agarang aksiyon?

Ang pagkilala ng emerhensiya na nananahan sa araw-araw. Bawal ang pagsunog ng mga tuyong dahon, higit na ng mga plastik. Ng mga basura. Masama sa kapaligiran, masama sa kalusugan. Ngunit ginagawa ito ng marami sa barangay. Araw-araw, umaga at hapon. Lalo na pagkatapos ng Bagyong

Odette. Dahil hindi kaagad nakikita ang pamumuo ng asthma, ang pagkasira ng bagà. Madali ang magsunog kaysa maghiwalay ng *Mga Nabubulok* sa *Hindi Nabubulok*. Ang magandang paligid ay ang malinis na paligid. Mahawan. Dumi ang mga lagas at tuyo. Hindi pa rin dominanteng kaisipan na sustansya ito sa lupa. O baka nga: katamaran.

11.

Isang damdamin ang pagkamangha. Sa kasaysayan ng pilosopiya mula pa sa mga aral ni Longinus, kaakibat ito ng *sublime* dahil sa dala nitong ekspansyon. Pinapatunayan din ito ng maraming pag-aaral sa sikolohiya at neuroscience dahil sa positibong emosyon na dala ng pagkamangha. Hindi na nagiging karaniwan ang nakikita. Humihigit na. *Ang lawak ng Uniberso! Maraming nilalang at uri ng buhay! May Diyos! Buhay ang mga Ninuno!*

Dahil sa aking pagkamangha, nakalabas ako sa sarili. Hindi lamang metapora ang mga ibon, ang ilog. Hindi lamang simbolo ang mga puno, ang bundok. Nakikita ko sila sa kanilang pisikal na porma.

May pangamba ang aking pagkamangha. Kaya namamangha ako sa pagkamangha kong ito.

Naunawaan ko ito sa *The Great Derangement: Climate Change and the Unthinkable* (2016) ni Amitav Ghosh. Isa sa mga kinukuwento niya dito ang kaso ng Sundarbans,

ang higanteng gubat ng bakhawan ng Bengal Delta. Iba na at kakaiba ang geyolohikal na proseso: sobrang mabilis na ang agos ng tubig at mga kasabay nitong elemento na sa loob ng isang gabi, natitibag ang kahabaan ng gilid ng ilog, tangay ang kabahayan. Sa isang dako, sa banda roon, may susulpot na tumpok ng putik. Kalaunan, sa loob ng mga linggo, lumalawak ang tabing-dagat. Buhay ang lupa, ani Ghosh. Higit siyang naging mulat sa puwersa ng mga *hindi-taong presensiya*. Ang tubig, ang ilog—binabago nila ang kapaligiran; lumilikha sila ng bagong kapaligiran. Ito ang **pagkilala**, diskurso ni Ghosh, na taliwas sa **pagkatuklas** na *ngayon pa lamang* nangyari. Aniya, mayroon ka na, sa loob mo, kaya naging posible ang daloy mula kamangmangan tungo sa kaalaman. Ang kaalamang ito ay galing sa nawala, o natakpan, at nakita mo muli, Nakilala mo ito, siya, dahil mayroon ka nang ideya rito o imahen. Sa kaniyang kaso, ang buhay na alaala ng kuwento ng pinagdaanan ng kaniyang mga ninuno: lumikas ang mga ito sa Ilog Padma noong kalagitnaan ng 1850 sa ngayo’y Bangladesh patungo sa gilid ng Ilog Ganges sa Bihar, India. Lumikas sila dahil nakilala nila ang sindak sa pagtaas ng tubig ng ilog. Hinanap niya sa kaniyang kabataan ang dating komunidad na ito ng kaniyang mga ninuno at wala na ang pisikal nitong anyo. Sa Dhaka, nakilala niya ang bagyo: sa lakas nito, naging lawa ang isang maliit na fishpond at rumagasa ang tubig papasok sa kanilang bahay. At ang marami pang pamilyar na kuwento ng kalamidad.

Sa kaso namin, ang mga ilog sa mga bulubunduking barangay na nagiging kalsada sa kawalan ng tubig kahit tag-ulan. At pagkatapos ng Bagyo Odette, ang sindak na dala nito sa pagbabago ng kapaligiran, pagkawala ng kabuhayan, ng buhay ng tao't hayop. Totoo na rin dito sa amin, hindi na lamang sa Norte, at sa ibang rehiyon sa bansa at mundo na napapanood sa TV at nasusundan sa social media. Natumba ang maraming matatandang puno, palatandaan ng mga hangganan ng pagmamay-ari at sakop; silungan ng tao't hayop, bahay ng mga mito at multo. At sa kanilang pagkawala sa paningin, ang paglimot.

12.

Inilabas ko sa bag ang binocular. Handa anumang oras. Nagamit ko nga isang hapon, paakyat sa batalan o open-air shower (na nilipad din ni Odette ang nag-iisang dingding kaharap ng kamalig). Tumambad sa akin sa isa uling puno ng doldol sa likod-bahay ang hilera ng mga ibon. Maliliit. Halong itim at kayumanggi.

Bumalik ako sa bahay para kunin ang binocular. Naabutan ko sila at matagal-tagal pa bago magliparan. Hindi ko pa rin matanto ang kanilang pangalan, at parang hindi mahalaga sa mga sandaling iyon para malubos nila ang aking atensiyon, na parang sa kawalan nila ng pangalan at uri, ang pagiging ibon lamang nila ang mahalaga at sapat na para ipagdiwang ang kanilang presensiya.

Mga Akdang Nabanggit

Ghosh, Amitav. *The Great Derangement: Climate Change and the Unthinkable*. Chicago: The University of Chicago Press, 2016.

Nixon, Rob. *Slow Violence and the Environmentalism of the Poor*. Cambridge: Harvard University Press, 2021.




Marindukanon

Experimental


REX NEPOMUCENO

Si Rex Nepomuceno ay katuwang na propesor sa Departamento ng Komunikasyong Pasalita at Sining Panteatro sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Nagtapos siya ng MA sa Malikhaing Pagsulat sa parehong unibersidad at nagtuturo ng mga kurso sa komunikasyon at pampublikong pananalita. Ang kaniyang pananaliksik at malikhaing gawa ay umiinog sa mga larangan ng retorika, espasyo, at eksperimental na pagsusulat. Siya ang awtor ng koleksiyong *Apolohiya sa Imbensiyon ng Isang Isla* (Aklat Ulagad 2022) at ng dulang *Getsemani*" (2021).

TEKTONIK




naganunong sa
isang kasalukuyan



inaaninaw ang
pagkakawatak-watak
ng mga salita



naga-erguhan
kung paano ito
atawirin



nananaginip ng
pagkibo






sa isang nakakandang
yugto

pero naga-asik-asik
sa isang lugar

'di laang dahil sa
katangian ng heograpiya

kundi sa galaw
ng ulap





((alalahaning ang tunog ay hindi maaaring maglakbay sa loob ng bakyum))

ang mawala sa lugar ay




ang mawala sa sandali

ay ang makita ang ngayon



nang mata sa mata



TEKTONIK



tumititig sa
isang kasalukuyan

inaaninaw ang
pagkakawatak-watak
ng mga salita

nag-uumpukan sa
kung papaano ito
tatawirin



nananaginip ng
pagkibo






sa isang nakakandang
yugto

pero umaambon
sa isang lugar

'di lamang dahil sa
katangian ng heograpiya

kundi sa galaw
ng ulap





((alalahaning ang tunog ay hindi maaaring maglakbay sa loob ng bakyum))

ang mawala sa lugar ay



ang mawala sa sandali

ay ang makita ang ngayon



nang mata sa mata

Inaanyayahan ang lahat na magsumite ng kanilang kontribusyon para sa *AGOS: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan Tomo 4, 2023*.

Ang Agos ay ang kauna-unahang refereed journal na monolingwal sa Filipino para sa Malikhaing Akdang Pampanitikan ng Sentro ng Wikang Filipino–UP Diliman. Isinusulong ng journal na ito na paunlarin at palawakin ang iba’t ibang pamamaraan ng pagsusulat sa wikang Filipino at pag-ambag sa lawas ng panitikang Filipino. Layunin nito na tipunin ang mga malikhaing akda na tumatalakay, umuunawa, sumusuri at dumidiskurso tungkol sa iba’t ibang antas ng karanasan at pagpapakaran ng mamamayang Filipino at ang ugnayan ng indibidwal sa kaniyang kaligiran, lipunan, at bayan.

1. Para sa malikhaing akdang isusumite, kailangang orihinal at hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon sa ibang publikasyon, elektroniko man o limbag na anyo. May pormularyo na kinakailangang sagutan na nagpapahayag na ang isinumiteng akda ay hindi pa nailalathala sa anumang publikasyon at makukuha ang nasabing pormularyo sa link na ito: <https://docs.google.com/.../1-oAPgOLLC7l7pJN1tgWk.../edit...> o sa link na ito: <https://drive.google.com/.../12K3uaxjsLtSe7T6HdFV.../view...>
2. Maaaring magsumite alinman sa mga sumusunod: limang (5) tula, isang (1) maikling kuwento, isang (1) sanaysay, isang (1) dulang may isang yugto, tatlong (3) dagli, isang (1) komiks, o isang (1) eksperimental/hybrid na akda.

3. Inaasahan na naka-encode o komputerisado, doble-espasyo, gumagamit ng font na Times New Roman na may laking 12 puntos.
4. Isumite ang akda at pormularyo ng awtor bilang lakip ng email sa *agos.swf.upd@up.edu.ph*. Maaaring lakipan ng biswal na materyal (may kulay o black and white) gaya ng orihinal na larawan, ilustrasyon, at iba pa. Ilagay ang angkop na caption sa hiwalay na papel.
5. Ilakip din ang maikling tala tungkol sa sarili (o bionote) na naglalaman ng kasalukuyang posisyon, institusyong kinabibilangan, espesyalisasyon, mga pinakabagong publikasyon, pananaliksik at iba pang mahahalagang impormasyon.
6. Sa pagsusumite gamit ang email, gamitin ang format na ito bilang SUBJECT LINE: APELYIDO-GENRE-AGOS2023. Halimbawa: CRUZ-TULA-AGOS2023.
7. Ang huling araw ng pagsusumite ay sa 31 Agosto 2023.

Para sa mga tanong o paglilinaw, maaaring mag-email sa Lupon ng mga Editor sa *agos.swf.upd@up.edu.ph*. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag sa Tel. Blg. 8981-8500 lokal 4583/4584/4585.

Pamantayan sa Pagpili ng mga Akda para sa agos

1. May tiyak na ambag sa malikhaing pagsulat at panitikan ng Pilipinas. (25%)
 - May natatanging estilo, pamamaraan, at moda ng artikulasyon na ginamit sa akda.
 - Nagbibigay ng bagong pananaw o direksiyon sa mga larangan ng malikhaing pagsulat at panitikan.
 - Umaangkop o tumutugon sa nagbabagong anyo o kalagayan ng panitikan bilang produktong pangkultura sa kasalukuyang panahon at sa hinaharap.
2. May tiyak na ambag sa pagpapayabong ng wikang Filipino bilang wika ng malikhaing pagsulat at produksiyong pampanitikan sa Pilipinas. (25%)
 - Maayos, mahusay, at makabuluhang gamit ng wika sa malikhaing pagsusulat at produksiyong pampanitikan.
 - Maayos na nailalahad ang paksa at nilalaman sa pamamagitan ng malaya, masining, mahusay, at malikhaing paraan ng pagsusulat gamit ang wikang Filipino at iba pang mga taal na wika sa Pilipinas.

3. Makabuluhan at napapanahon ang mga tema o paksain. (25%)

- Mahusay at matalas na natatalakay ang mga isyu, tema, at paksa na makabuluhan sa kasalukuyan.
- Naiuugnay o nailulugar ang kasalukuyang mga paksa sa isang panlipunan, pangkasaysayan, at pangkulturang kontinuum.
- Nagbubukas o naghahawan ng landas para sa kritikal na pagdidiskurso ng mga mahahalagang usapin sa lipunan.

4. Nadadalumat at napag-uugnay ang personal, pangkultura, at panlipunang kaligiran. (25%)

- Nailulugar ang mga karanasan at usapin bilang bahagi ng mas malaking danas ng lipunan at bayan.
- Nag-aambag sa pagtataguyod ng makabayan, makatao, at makatarungang kultura, at pambansang identidad.

Laging napapanahon ang paglikha ng mga malikhaing akdang nagmula sa iba't ibang wika ng Pilipinas. Sa isyung ito, mababasa ang mga dagli sa wikang Bikolnon at Waray, mga tula sa Bikolnon, daniw, siday, binalaybay, balak at ambahan, mga orisipon, sugilanon at mga maikling kuwentong Aklanon. May sanaysay sa Kinaray-a at Eksperimental na akda sa Marindukanon. Kahanga-hanga na ang mga may-akda ang siya ring tagasalin sa Filipino ng kanilang mga malikhaing akda.

Makikita sa mga akda ang pag-angkin ng mga awtor sa kanilang identidad at danas sa panahong uhaw sa katotohanan at kaginhawaan ang nakararami. Narito ang mga akdang bumabagtas sa pagitan ng lungkot at ligaya, sa pagdurusa't hustisya, at sa katiwalian at katarungan.

May hatid na hapis ang mga akdang narito ngunit mayroon din namang silay ng liwanag. Hindi kataka-taka dahil isinilang ang mga akdang ito sa panahon pagkatapos ng pandemya, ipinagbuntis sa panahon ng sakuna at pithaya.